# ENTRADA

ENTRADA
Volume I, Issue 2
2014

2014 Entrada.
Reserbado ang lahat ng karapatan.
Walang bahagi ng journal na ito ang maaaring sipiin o gamitin nang walang nakasulat na pahintulot mula sa mga may-akda at tagapaglathala.

---

Editorial Consultants
*Rogelio L. Ordoñez*
*Jun Cruz Reyes*

Editor
*Merdeka C. Morales*

Associate Editors
*Renante G. Ciar*
*Jomar G. Adaya*

Layout Artist / Cover Design
*Edrick S. Carrasco*

Editorial Staff
*Jesus Emmanuel S. Villafuerte*

---

ISSN: 2362 - 9045

Inilalathala ang ENTRADA ng dalawang beses sa loob ng isang taon. Maaaring magpadala ng hindi pa nalalathalang mga akda gaya ng maikling kuwento, tula, sanaysay at rebyu sa ccwpup@yahoo.com. Dumaraan ang mga akda sa mga respetadong evaluator at referee. Para sa karagdagang impormasyon at anunsiyo tingnan na lamang ang pahina ng Center for Creative Writing PUP sa Facebook o magsadya sa Room 212 ng Charlie del Rosario Bldg, PUP Sta. Mesa, Manila.

Inilimbag ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas

# ENTRADA

POLYTECHNIC UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
INSTITUTE OF CULTURAL STUDIES
CENTER FOR CREATIVE WRITING
VOL. I, ISSUE 2, 2014

# NILALAMAN


vii Introduksyon, *Merdeka C. Morales*

FICTION

1 Nang Muling Binaha ang San Cristobal
*Jesus Emmanuel Villafuerte*

21 Save More?
*Angelo A. Ternate*

51 Awit ng mga Buwaywa (Awit ng mga Salamat)
*Jayson Fajardo*

75 Isa Pang Bersyon Ng Love Story
*Jhonley Cubacub*

90 Anting-Anting sa Sunog-Apog
*Renato C. Vibiesca*

113 Hasler
*Jomar Gonzales Adaya*

117 Huling Pakisabi
*Alvin Mancilla*

NON-FICTION

127 Two Years and Counting
*Eman Nolasco*

139 Isang Gabing Naging Tayo
*R-Jay Ambo*

TULA

*Prestoline Sistoza Suyat*
173 Para sa Isang Batang Martir
177 Sa sandaling iniisip mo ako...
179 Batid ng Masa ang Kanyang Sining

*Jomar Gonzales Adaya*
183 Langit ang Rehas sa Amin
186 Sinementong Tahanan

*MJ Rafal*
189 Kasalang Bayan
191 Kasi Nga'y Kaparis Ng Apoy
Ang Paniniwala Kong Matutupok
Ang Lahat Nang Di Inaasahan
199 Hey Jude! At Ang Pamamaalam
Sa Kalye Camba O Hello, Pag-iisa!

203 Tungkol sa mga Manunulat

205 Tungkol sa Editor

# INTRODUKSYON

Kailangan ko itong sabihin: mga manunulat na politically at socially conscious ang karamihan sa nandirito ngayon sa ikalawang isyu ng Entrada. Mga manunulat na ang diskurso'y hindi nakatali sa kung sino ba sa kanilang hanay ang pinakamahusay o ilan na ba ang award na nakuha. Hindi na sila ang mga ito. Malayo na rin sila sa mga manunulat na ang problema nama'y hindi na nakaalpas sa proofreading, tamang spelling at wastong grammar. Sapagkat ang bitbit ng mga may akda sa journal na ito ay ang mahahalagang isyu ng kanilang henerasyon at tila nagsasabing *"Teka, teka, may mga nangyayari sa 'tin. Mayroon tayong problema na kailangan nating intindihin, kaya kailangan nating mag-usap at maghanap ng solusyon"*.

At kung nahihibang naman ang ibang manunulat sa kasalukuyan para sa sagarang pagpo-promote ng kanilang sarili na maging authority o celebrity (o cute) sa media at akademya, iba na ang pakay ng mga may akda na nakasama sa journal na ito. Layon nilang makausap muna ang mga ordinaryong mambabasa bago ang mga kritiko't dalubhasa sa literatura. Gusto nilang maghatid ng edukasyon at gampanan ang mahalagang papel ng manunulat tungkol sa gawain ng pagmumulat. Gusto nilang paksain ang mga karanasan at sensibilidad ng kapwa nila maliit. Nagtatanong din sila tungkol sa mga kakaibang phenomena ng ating panahon.

Halimbawa, kung sa biglang tingin ay namamangha tayo sa pagsulpot ng mga nagtataasaan at naglalakihang gusali sa kabayanan, iba ang nakikita't nararamdaman ng isang batang manunulat tungkol dito. Tinatanong niya tayo kung pag-unlad ba o pag-urong ang naidulot ng pagbabago sa kanilang lugar na dinadaluyong ng modernidad. May pasimpleng reserbasyon at obserbasyon ito tungkol sa urbanisasyon at dominasyon ng nagsusulputang negosyo na unti-unting bumabago sa nakagisnang pamumuhay. May naghahambing at nagmamasid din sa komplikadong buhay sa siyudad kumpara sa simpleng buhay sa probinsya ang pinapaksa rito ng isa pang batang manunulat kung saan ang bidang taga-siyudad ay nakabuo ng

kwento mula sa mga reyalisasyong nakuha niya sa pakikipamuhay sa mga katutubong kumupkop sa kanila. Pansinin na ang mga akdang ito ay gawa ng mga bata na mayroon nang malasakit sa paligid na lampas sa lebel ng personal na pakinabang at nagtatangkang bigyan ng saysay ang mga nangyayari sa kanilang paligid at panahon.

Panlipunang komentaryo rin ang diskurso ng iba pang mga tula at kwentong matatagpuan rito. Oo, may love story dito, pero ang framework nila ay political at sociological. Anong mangyayari kapag ang libog ay inipit ng konsensiya? At paano nga ba magmahalan ang mga dayukdok at ang mga "pangit" sang-ayon sa idinidiktang standard ng western culture at cosmetics industry? Kapag "pangit" ba hindi na marangal? Sino ba talaga ang mga pangit sa buhay natin? Ang mga akdang ito, siguro, ang isa sa mga magpupunan sa mga kakulangan ng walang-kamatayang kwento ng pag-ibig ngayon na laging kinakapos sa panlipunang saysay at kabuluhan. Dahil ang pag-ibig, pati ang kahulugan natin ng *forever* o kahit pa ang libog at pagnanasa, para sa framework ng mga manunulat dito, ay isang bagay din na palagiang naiimpluwensiyahan at hinuhubog ng lipunan at hindi lamang isang personal na preokupasyon o pribadong gawain.

Para sa mga nalalasing sa sabog-sabog na diskursong inihahain ng postmodernity at

nagsasabing ang isyu ng mga manggagawa sa Pilipinas ay hindi na uso, hindi na fashionable, lost cause na at kabagot-bagot nang paksain, subukang tingnan ang mga akda rito na patuloy na bumubuhay, tumitindig at matiyagang nagbibigay ng tinig sa mga busabos na obrero ng ating bansa. Sila na araw-araw na gumagawa ng kayamanan pero nananatiling mahirap. Sila na mas mura ang halaga kaysa kanilang nalilikha. Sila na namamatay sa pagtatrabaho para mabuhay ang iba sa luho. Bibilib ka sa masining at malikhaing pag-aakda ng mga manunulat dito pero hindi mo ikagagalak ang larawan ng sitwasyong kinalalagyan ng mga taong binibigyan nila ng boses. Unfair ang lipunan sa kabila ng marami nating pagpapagod at pagsusumikap. Araw-araw tayong tinatanggalan ng dangal. Araw-araw pa ring mahirap itawid ang buhay hanggang bukas.

Kahirapan din ang paksa ng dalawang manunulat dito na nagpapakita naman kung paano aktuwal na nililikha ng lipunan ang mga gawain ng tao. Mga gawaing minsa'y labag sa kanilang prinsipyo at hindi nila gusto 'gaya ng pagnanakaw at kung minsa'y pagpapakamatay. Muli, naririto ang sosyolohikal na katangiang taglay ng mga akdang matatagpuan sa ENTRADA. May batang nagpatiwakal dahil sa pagdanas ng sobrang kahirapan. Binulabog ng balitang ito ang bayan kamakailan lamang at malinaw

na nakapagpakita kung gaano kainutil ang sistemang mayroon tayo kung saan ang paslit na masayang naglalaro sana'y maagang tinapos ang kanyang buhay para matapos na rin ang kanilang paghihirap. Kapag palpak talaga ang mga panlipunang institusyong dapat na nangangalaga sa mga tao, itinutulak nito ang sinuman na gumawa ng mga bagay na hindi natin inaasahan.

Nagsasalita rin dito ang isang bata na nag-a-assess ng kanyang karanasan bilang bagong guro na sineseryoso ang binagsakang propesyong hindi niya alam kung sineseryoso rin ba siya. Masalimuot pa rin ang kapalaran ng isang bagong graduate sa Pilipinas. Laging nagbabanta sa atin ang kawalang katiyakan. Kumusta na nga ba ang mga guro ng ating bayan? Sineseryoso rin ba sila ng kanilang sinasahod? May mga dahilan ang batang ito kung ba't siya nagtuturo nang maigi kahit kakarampot ang sahod na madalas ay delayed pa. Mulat sa kabulukan ng edukasyong tinanggap niya kaya ngayon ay pinagsusumikapan itong unti-unting wakasan gamit ang entabladong tinutungtungan niya tuwing haharap sa klase.

Mabuti na lamang at may panulat. Dahil kahit papaano, pwede pa ring magsalita ang hindi pinakikinggan. Pwedeng mangarap ang mga tinatanggalan ng pag-asa at pagkakataon. Pwede ring mamuna't maglantad ng mga bagay na ayaw pag-usapan ng mga nasa estado-

poder. Sapagkat ang pagsusulat ay isa ring akto ng pagtangan ng kapangyarihan. Armas ito laban sa pananahimik. Nakapagsasalita rin ang mga taga-komunidad at ang panitikan ay di lamang para sa akademya. Ito ang inilalarawan ng isa sa mga huling akdang ipapakilala natin dito na nagbibigay ng boses sa mga maralitang tagalungsod.

Sinasabi ko bang malungkot ngayon basahin ang ikalawang isyu ng ENTRADA? Dahil karamihan sa paksa'y panay mga suliraning panlipunan?

Hindi.

Sapagkat nananatili pa ring masining, mapagkaibigan, nagpapatawa, malumanay at nanghahamig ang tono ng marami sa mga nakikisangkot na manunulat dito. Pero hindi lamang dapat kasi aliw kundi edukasyon at kamalayang panlipunan din ang naihahatid sa atin ng panitikan. Ganito ang ENTRADA ng PUP. Sa panahong mahirap intindihin ang lipunan dahil wala na tayong ibang nakikita kundi ang sarili, naririyan ang mga manunulat para ilarawan ang direkta at di-maiiwasang relasyon ng ating sarili sa mga kaganapang panlipunan. Nasa journal na ito ang mga akdang magpapakita sa atin kung paano ba nakikita ng mga manunulat ang problema ng bansa. Itinuturo rin nito ang ideya na ang mga tula, kwento at iba pang anyo ng produksyong pampanitikan ay 'di lamang simpleng repleksyon ng materyal

na kundisyon ng paligid. Sa halip, taglay din nito ang transpormatibong kapangyarihan na maaaring manghimasok, makapagpakilos o makapag-ambag sa unti-unting pagsasakatuparan ng mga makabuluhang pagbabago sa kasaysayan.

Kung ang panahon ngayon ay panahon ng Neoliberalismo, Globalisasyon at Imperyalismo, hindi lang dapat nagsisimula at natatapos ang saysay ng panulat sa matinding selebrasyon ng sarili, pa-selfie-selfie at Wattpad. Mas kailangan natin ngayon ng mga akdang seryosong pumapaksa, nagsasaliksik at nagtatahi sa mga mahahalagang karanasan, kaisipan, damdamin at hangarin ng ating bayan. At sa huli'y hindi naman ito usapin kung hindi na uso't boring na paksain sa pagsusulat ang mga lintik na problema 'gaya ng 'di pagkakapantay-pantay, kapitalistang pagsasamantala sa lipunan, inhustisiya, diskriminasyon at kahirapan. Usapin ito kung nalutas na ba ang ipinagpapalagay nating naiintindihang mga problema.

Heto na uli ang ENTRADA.

Hindi ito ang summary ng libro. Ang mga nabanggit ko rito'y ilan lamang sa mga maaaring makita ng magbabasa. Liban pa rito ang marami pang bagay na maaaring makita rin mula naman sa ibang perspektiba ng pag-unawa at pagbibigay ng halaga sa mga akdang nandito. Kaya nga ganito ang ginawa kong intro. Hindi ko na rin pinangalanan

ang mga ipinakikilala ko para kayo, bilang responsableng mambabasa na naghahanap din ng mga saysay at kahulugan, ang lubos na kumilala sa kanila. Bukas at hindi nagsasara ang librong ito para sa mas maunlad pang pagbasa.

Para sa inyo na nagbabasa nito ngayon,

Mabuhay ang Panitikang Naglilingkod sa Sambayanan! Mabuhay Kayo! Maraming Salamat!

Merdeka C. Morales,
PUP, Sta. Mesa, Manila
2014

# FICTION

# Nang Muling Binaha ang San Cristobal

*Jesus Emmanuel Villafuerte*

Ginising ako ng walang patid na pagtikatik ng tubig sa lata ng sardinas. Bago matulog, itinapat ko ito sa butas ng bubong para ‘pag lumakas na ang buhos ng ulan, hindi sa sahig pumatak ang tubig. May bagyo raw sabi ng PAGASA, signal no. 1 sa Maynila.  Malas. Kung kailan wala kaming pasok ay siya namang paramdam ng bagyo. Pupungas-pungas pa ako nang marinig ang pamilyar na tugtog na pumapalahaw mula sa radyo na naroon sa kuwarto ng nanay at tatay ko. Sunday Oldies, American Pie, *“I went to the levy but the levy was dry, them good old boys*

*were drinking whiskey and rye, singing this will be the day that I'd die."* Sinabayan ko sa isip ang kanta. Hindi ko namalayang tumatambol na pala sa mga hita kong balot pa ng kumot ang aking mga daliri.

"Tonton, gising ka na ba? Alas-siyete na, nakahilata ka pa riyan. Bumili ka na nga ng pandesal nang may maalmusal tayo!" Sigaw ni nanay habang pina-plantsa ang mga damit na isusuot ko kinabukasan.

Agaran akong tumayo mula sa pawid na kama, dinig ang paglangitngit nito nang maibsan ang bigat na sapo. Tumayo ako sa gilid nito at tinupi ang kumot na noong huling dalawang taon lang ay kay puti pero ngayon ay kulay kanser na, naghalong abo at dilaw, may ilan na rin itong butas na pinatsehan ni nanay ng mga iskrap ng telang nahingi niya sa kapitbahay naming mananahi. Pinatag ko ang mangilan-ngilang gusot sa kumot at saka ipinatong sa unan.

Pumasok ang hangin sa mga awang ng bintana. Binalot ng malamyang lamig ang aking katawan. Masarap sa pakiramdam. Sa kubeta, binuksan ko nang marahan ang gripo at sinahod ang lumalagaslas na tubig. Minasdan ko ang paglusot ng tubig sa pagitan ng aking mga daliri. Nakakatuwang tingnan. Natulala ako. Nang mahimasmasan ako, napansin kong marami nang tubig ang

nasayang. Saka pa lang ako gumamit ng tabo.

Sumalok ako ng kaunti sa balde, sinara ang gripo, tiningnan ko ang kaninang marahas na buhos na ngayon ay pisik-pisik na lang. Ang buhay siguro ay isang gripo, sabi ko sa sarili saka nangiti, ang korni ko. Hayop na 'yan. Dahan-dahan kong hinilamos sa mukha ang tubig, unti-unting nabura ang bakas ng aking mahimbing na pagtulog, ang mga tuyong laway na nakaligid sa aking mga labi, ang muta sa mga sulok ng mata, ang natitirang antok lahat ay tinuklap ng tubig at hinigop ng drain ng lababo.

Mumog ng tubig na may halong toothpaste. Buga. Punas ng tuwalya sa mukha, sa bibig.

"Nay, akin na ang pambili ng pagkain. Lalakad na ako."

"Kumuha ka riyan sa may aparador, barya lang, 'wag mong galawin yung limang-daan iyan na lang ang pera natin. Sa Martes pa ang sweldo ng tatay mo." Pinapasadahan niya ng plantsa ang uniporme ng kapatid kong bunso.

"Sige po."

"Oo nga pala, nasan si tatay?"

"Na kina Ka Simo, humihiram ng bangka."

Si Ka Simo ang panganay na kapatid ng nanay ko. Mangingisda. Pero tumumal ang huli nitong mga nakaraang taon dahil nagsulputan ang samu't saring fish pen sa may lawa, pag-aari ng mga lokal na pulitiko. Kanya-kanyang bakod. Inangkin ang dapat sana ay para sa lahat. Nagkatakdaan ng espasyo—amin ito, iyang kapurit ang sa inyo. Wala namang umangal, sino nga naman ang gustong makipagdebate sa may kapangyarihan? Tumigil na si Ka Simo sa pangingisda. Ang katwiran niya, lugi pa siya sa pagod at puyat, hindi man lang mapuno ang isang banyera ngayon kapag pumapalaot sila. Ang mga pinsan ko na anak niya, nagsi-apply sa construction. Kailangang mabuhay. Hindi naman sila tapos ng pag-aaral, grade six nga lang ang inabot, pangingisda lang ang alam nilang trabaho. E hindi na nga uubra. Buti at madaming itinatayong building sa sentro ng siyudad. Natanggap silang piyon, paalam sa trabahong kinagisnan. Kumusta sa bagong buhay. Paalam laot, kumusta sa konkretong karagatan. Si Ka Simo naman, naisipang magbenta na lang ng gaas para kahit papaano'y masuplementahan ang kinikita ng mga anak. Ang bangkang pinag-ipunan niya nang halos apat na taon at nabili sa halagang dalawampung libong piso ay nakatengga na lang ngayon sa bahay nila. Nakataob. Nangangalap ng alikabok. Unti-unti nang natutungkab ang pintura. Paminsan-minsan,

kapag bibisita ako sa kanila'y maaabutan ko siyang nakaupo sa isang bangko, may nakaipit na stick ng yosi sa pagitan ng mga daliri. Malalim ang iniisip. Siguro'y inaalala ang nakaraang hindi na maibabalik. Kapag naramdaman niya na nandu'n ako, ibabaling niya ang titig sa akin, saka ngingiti, ngiti na malungkot. Doon ko mararamdaman ang hinayang na umaapaw sa kanyang kalooban. At ako mismo'y nakakadama ng panghihinayang.

"Para sa'n po ang bangka?" Tanong ko.

"Aba, e kanina pang madaling araw hanggang tuhod ang baha." Tugon ng nanay ko.

"Baha? Nay, 'di ba hindi na dapat babaha sa atin?"

"Yun ang sabi ng mga lintik na opisyales ng Gobyerno. Alam mo namang malayo lagi sa katotohanan ang pinagsasabi ng mga iyan."

Nakinig lang ako, hindi na ako nagsalita.

Nakatira ako sa barangay San Cristobal. Isang barangay na napapalibutan ng tubig: Ilog Pasig, Laguna de Bay, mga tributaryo nito, at daan-daang esterong nakalimutan na ang silbi nila sa mundo. Dati ang biro ng mga tao, umihi lang daw ang aso ay baha na. Gano'n na nga, ang lagay, dati ay kaunting

ambon lang, hanggang talampakan na ang tubig. Kapag bagyo naman ay napapadasal na ang mga ‘di marunong magdasal. Kahit paano’y may sayang dulot ang pagbaha, kasi kapag umapaw iyong tubig sa lawa nakakawala yung mga isda—na kadalasan ay bangus—sa mga fish pen ng mga pulitiko. Biglang dami ang huli. Tiba-tiba ang mga mangingisda at nagpi-piyesta naman ang mga manginginom dahil sa bihirang pagkakataon ay mas umaapaw ang pulutan kaysa alak.

Ito ang ganti ng kalikasan sa mga gahaman. Dahil nga sagana ang huli, mura lang ang benta sa mga isda, bente pesos ang isang kilo. Pero para sa karamihan ng mga tao, perwisyo ang dulot ng pagbaha. Yung mga walang second floor, napipilitang kumatok sa bahay ng mga may kaya, ibig sabihin ‘yung mga nakapagpagawa ng second floor, kailangang ibulsa muna ang hiya kung hindi, kasamang aanurin ng mga basura ang mga buhay nila. Hayaan na ang mga ari-arian, mapapalitan din yan.

Kaya noong tumakbo si Salvador Miranda bilang mayor ng bayan namin, alam na niya ang formula kung paano makukubra ang boto ng mga tao. Ang isa sa mga plataPormang inilatag niya ay ang pagpapatayo ng dike sa palibot ng barangay. Para raw hindi na bumaha. Tandang-tanda ko yung speech niya na ‘yun. Tuwang-tuwa ‘yung mga ka-

barangay ko—sa wakas daw may nakaisip ng matinong proyekto. Hindi pulos pagawa ng mga kalsada, na tuwing tatlong taon ay ipagagawa ulit kahit kaunti lang naman ang bitak at pingas o papaaspaltuhan naman kung wala. Sumabog ang palakpakan pagkatapos niyang magsalita.

Asar na asar naman ako at ang mga kaibigan ko. Hindi kasi namin maituloy ‘yung laro naming basketball. Sa covered court ng barangay ginanap ang programa. Nasa kasarapan na kami ng paglalaro nang biglang dumating ang convoy ni Miranda. Wala man lang pasabi, sigang-siga ang asta, aba’y sa mismong pinaglalaruan pa namin pumarada. Pinagalitan pa kami ng mga coordinator niya sa barangay namin. Alam naman daw namin na darating ang kandidato nila’t ‘yung covered court ang gagamitin, ba’t naglalaro pa kami. Nangatwiran kami. Nagalit sila. Sumigaw. Hindi na kami kumibo, mga bata kami, matatanda sila. Tapos na ang usapan.

Ang laruan namin, espasyo na ni Miranda. Nakalimutan kong sabihin, si Miranda ang may-ari ng isa sa pinakamalaking fish pen sa lawa. Halos ilang buwan lang bago ang eleksyon ay may napatay ang guwardiya ng fish pen ni Miranda, hindi naman daw sinasadya, napadaan kasi ang mangingisda, namatayan ng motor ang bangka noong saktong nasa tapat ng fish pen. Akala raw

ng guwardiya ay may masamang binabalak. Hindi man lang binalaan. Pinutukan na kaagad. Hindi na nakarating ang pangyayari sa mga kinauukulan, inareglo ni Miranda.

Pagkatapos ng eleksyon, landslide ang panalo ni Miranda. Agad naman niyang tinupad ang pangako niya, hindi na bumilang ng tatlong buwan pagkaupo niya sa puwesto ay mga nasa sampung truck na may kargang graba, semento, bakal at kung anu-ano pang gamit sa konstruksyon ang bumisita sa barangay namin. Sinimulang itayo ang dike. Dumami pa ang mga dumarating na truck nang mga sumunod na araw. At nang mga sumunod pa. Pagkalipas ng mahigit isang taon, at daan-daang milyong gastos, tapos na ang dike na magsasalba sa aming mga taga San Cristobal mula sa kaptritso ng kalikasan.

Pero wala pang limang taon mula nang maitayo ang dike ay ganito na. Hanggang tuhod na raw ang baha.

“Sige nay, lakad na ako.”

“Maglagay ka ng langis sa paa para hindi ka magkaalipunga.”

“Opo.”

Buti na lamang at medyo mataas ang lugar na kinatitirikan ng bahay namin kaya hindi pa napapasok ng tubig.

Pagbukas ko ng pinto, winalis agad ng tingin ko ang paligid. Naputol ng bagyo ang mga maninipis na sanga ng mga puno. Ang malunggay na tanim ng tatay ko ay nabuwal at ngayo'y nakalublob na sa kulay tsokolateng baha. Mahina-hina na ang bugso ng hangin. Siguro'y patila na ang ulan. Nakasakay sa interyor ng mga gulong ang mga bata at nagpapalutang-lutang, nagpapadausdos sa taluktok ng mga katiting na alon.

Hinakbang ko ang paa sa baha. Saka naglakad.

Sa may harap ng tindahan ni Aling Meding, nagkukumpulan na naman ang mga tsismosa—sila Aling Inday, Aling Sioning may mga yakap na supot ng pandesal. Nakatapak sila sa pinagpatong-patong na sandbag. Nakita nila ako.

"O, narito pala si Tonton, Kamusta na?" Bati sa akin ni Aling Inday.

"Balita ko ay gagradweyt ka na raw sa Marso? Aba, ang suwerte naman ni Ana, tingnan mo, heto't may kaagapay na."

Kaklase ko noong elementary ang anak niya, si Michelle. Crush ko pa, maganda kasi. Mapula ang mga labi, 'yung tipong lagi mong gustong makitang nangungusap kahit wala namang ka-kuwenta kuwenta ang mga

binubulalas. Malamlam ang mga mata, pero may diin ang titig. Maputi. Kasing puti ng mga ulap na naglalayag sa kalangitan tuwing maaliwalas ang panahon. Si Michelle ang valedictorian ng batch namin, salutatorian naman ako. Sipsip kasi sa mga teacher. Hindi pa siya nakakatuntong ng college ay nabuntis na. At ngayon ay may tatlo nang anak. Nadismaya siyempre si Aling Inday. Si Michelle ang tangi nilang pag-asa. Matagal nang ubos ang kaunting naipon niya sa pag di-DH sa Hong Kong.

"Oo nga. Buti si Ana, may matalinong anak, matino pa. Naku ang iba ay hindi kasing suwerte." Si Aling Sioning.

Isa marahil ang sarili ni Aling Sioning sa mga pinapatungkulan niya sa "ang iba'y hindi kasing suwerte." Ang anak niyang si Rigor ang siga ng barangay. Nahuli itong nagnanakaw sa bahay ni Kapitan na noon ay nakabasyon sa Baguio kasama ng buong pamilya nito.

"Opo. Kung papalarin po, gagradweyt na ako sa Marso."

"Ano bang kurso mo?" Si Aling Inday.

"Political Science po."

"Plano mong mag-abogado?" Si Aling Sioning

“Sana po.”

“Bakit naman sana?” Si Aling Meding, kanina pa pala nakikinig.

“E, magastos po kasi.”

“Aysus. Maghanap ka ng scholarship. Matalino ka naman e. Para naman kapag abogado ka na, matulungan mong makalaya itong anak ni Sioning.” Tawanan sila.

“Ganun na nga lang po siguro ang gagawin ko, hahanap na lang ako ng scholarship.”

“Subukan mo. Sayang naman. Bibihira ang aral sa mga taga-San Cristobal.”

“Oo nga po pala, Aling Meding. Pagbilan po ng bente pesos na pandesal. Saka dalawang hiwa ng keso.”

Nakita ko nang hinawan ni Aling Meding mula sa pugon ang isang trey ng pandesal, mainit pa, umuusok. Ang bango. Hindi naman bakery na tipikal itong tindahan ni Aling Meding dahil pandesal lang ang tinda at tuwing umaga lang. Inabot niya sa ‘kin ang supot. Balik na sa tsismisan ang tatlo.

Nang nakatalikod na ako’t medyo malayo na rin ako sa kanila, narinig ko ang sigaw ni Aling Inday, nilingon ko, nakita kong nagmumuwestra na bumalik daw

ako. Napakunot ako ng noo, barya naman ang binayad ko kaya di pwedeng naiwan ko ‘yung sukli. O baka naman kaya kulang ang bayad ko? Pero hindi, bilang ko ‘yun. Husto naman.

“Hindi ba kaibigan mo si Bikong, si Bikong na anak ng nasirang Mauro?” Bungad sa akin ni Aling Meding habang nakahawak sa rehas ng tindahan niya. Mukhang ito ang may gustong lumaya isip-isip ko. Malumanay ang boses niya, marahan ang pagkakabigkas ng mga salita.

“Opo, bakit po?”

“Siya ang dahilan kung bakit binaha ulit tayo.” Si Aling Inday, sa boses na kating-kating magbalita.

Hindi ko alam kung anong magiging reaksiyon. Paanong siya ang dahilan? Siya ba ang Diyos? Siya ba ang magtatakda ng mga mangyayari? May kapangyarihan ba siyang tangan sa mga kamay niya na sa isang kumpas ay mapapasunod ang ragasa ng hangin, mamamanipula ang kapritso ng kalikasan?

“Bakit ho?” ‘Yun lang ang nasabi ko.

Si Aling Meding ang nagsalita—

“Ganito ang kuwento. Itong dike ay may apat palang maliliit na flood gates sa palibot

nito. Sinasara lang ang mga 'yun kapag mataas na ang tubig ng ilog at lawa, kailangan kasi ng dadaluyan ng tubig-kanal papunta sa ilog. Ngayon, may mga taong nakatoka na magsara nung mga floodgate kung sakaling tantya nila na umaapaw na ang tubig." Patlang. Dramatic effect. "Ang kaso, kagabi, nang medyo lagpas na sa lebel ng gutter ang tubig, at pupuntahan na ang floodgate sa LEVASCO (isang pabrika ng PVC Pipes, sa bisinidad nito nandu'n 'yung floodgate, katabi ito ng ilog), nawawala 'yung bakal na manibela. Hindi ngayon maibaba yung harang kaya pumasok lang nang pumasok ang tubig. Eto na nga, bumaha. Ang lagay e nung kasagsagan pala ng bagyo ninakaw yung manibela. Si Bikong. Mismong yung may-ari ng junkshop na pinagbentahan niya ng manibela ang nagsuplong. Ayun nasa barangay ngayon."

Hindi ako makapagsalita. Parang biglaang nalusaw ang mga salita sa utak ko.

"Tonton?" Si Aling Meding ulit.

"Alis na po ako." 'Yun lang ang nasabi ko, sobra akong nagulat sa balita niya.

"O, sya, sige."

Muling tumulos sa baha ang aking mga paa, nararamdaman ko ang pag-alimpuyo ng

tubig sa aking paanan. Siguro'y binobomba na ang tubig palabas ng mga kalsada, papunta sa ilog kaya ganoon ang nagiging epekto. Sarado na siguro ang balbula na sinasabi ni Aling Meding. Hindi na nga siguro ulit babahain ang San Cristobal.

Pag-uwi ko sa bahay, inilapag ko ang supot ng pandesal sa lamesa, kumuha lamang ako ng mga tatlong piraso para makain, pagkatapos ay saka ako nagpaalam, hindi ko na sinabi kung saan ako pupunta.

Bibisitahin ko si Bikong sa barangay. Mang-uusisa, magtatanung-tanong, mangungumusta. Sa totoo'y medyo matagal na rin kaming hindi nagkikita. Dati, dikit kami lagi. Magkalaro sa basketball. Kapag may taga-kabilang barangay na aangas-angas, at trip gulpihin ng tropa, siya ang starter. Noon namang mauso ang video, 'yung hinuhulugan ng piso, siya ang madalas mag-aya. Hindi ko siya natalo sa Tekken. Nang magsimula akong mag-aral sa kolehiyo'y hindi na ako nakakasama sa tropa. Puro assignment, projects, term-papers na lang ang nasa isip ko. Dahil sa sobrang pagkaabala, hindi ko namalayang may nawala na pala sa akin. Mga kaibigan. Si Bikong. Ano na kaya ang itsura niya? Siya pa rin ba yung kaibigan kong mahilig magmura, 'yung kada tatlong salita ay may "putanginang" kasunod? Gago si Bikong pero kahit anong pag-ukilkil sa

utak ang gawin ko, ni minsan hindi ko siya naalalang nagnakaw. Halimbawa na lang, ang kapitbahay nilang si Ka Ditas ay may malagong puno ng bayabas na hitik sa bunga, nalalaglag na nga't nabubulok sa lupa dahil sa dami. Minsan ay naisipan ng tropa na mamitas nang kaunti para may makain, nang paakyat na ang isa sa amin ay pinigilan siya ni Bikong. Kailangan daw muna naming magpaalam, hindi raw amin 'yung puno, kahit pa raw sabihing nalalaglag na ang mga bunga at nabubulok sa dami.

Luma na ang barangay hall, panahon pa ata ito ni Marcos o Cory nang itayo at simula noon ay hindi pa nare-renovate. Sa labas ay pilahan ng tricycle, subalit wala kang makikita ngayon dahil sa baha. Kung nais mong bumiyahe ay kailangang maglakad ka pa papunta sa kabilang barangay.

Pagpasok ko'y binati agad ako ni Mang Tonchi, tanod at pinsan ng kapitan. Inusisa kung anong sadya ko, ang sabi ko'y kakausapin ko lang si Bikong. Tinuro ako sa bartolina. Tinanong ko kung bakit hindi pa pinapalaya, hindi ba't nasauli naman ang manibela ng flood gate, hindi ba't hindi naman kinasuhan? O kung kinasuhan man, bakit nasa kustodiya nila? Nautal si Mang Tonchi, kesyo nang malaman daw ni Kapitan ang nangyari, tumawag ito sa kanila at inutos na ibartolina si Bikong, kahit pa wala raw

kaso, para magtanda. Wala naman daw silang magagawa. Hindi rin naman nagreklamo si Bikong o ang nanay nito na iyak daw nang iyak nang mabalitaan ang nangyari. Hindi na ako sumagot.

Nakita ko siyang nakasalampak sa sulok. Nakayakap sa mga tuhod. Nakatingin sa pader, subalit batid kong tagos doon ang kanyang titig. Naglalakbay ang kanyang diwa. Lumapit ako at sumandal sa barandilya. Hindi niya ako napansin, ako na ang bumati.

"Ang lalim ng iniisp mo, a."

Naalimpungatan siya at ibinaling sa direksyon ko ang kanyang titig, minumukhaan niya kung sino ako. Medyo nahirapan siya dahil nakatalikod ako sa malakas na ilaw ng fluorescent lamp. Tumagal nang ilang segundo bago niya naulinigan kung sino ako.

"Oy, Tonton, ikaw pala. Anong balita?"

Ganoon siguro lagi ang tanong kapag matagal kayong hindi nagkita ng isang kakilala, kung ano ang balita. Muntik ko nang sabihin na siya ang dapat sumagot noon, pero sa halip ay sinabi kong:

"Ito, buhay pa rin."

"Kumusta ang college?"

“Okay naman, tol. Medyo may nagpapahirap sa aming propesor ngayon.”

“Tangina, resbakan natin, gusto mo?”

“Gago. Paano natin reresbakan e nakakulong ka.” Pabiro kong sagot.

“E papalayain naman na raw ako bukas.”

Ngumiti ako. Ngiting mapait. Ngiting hindi naman talaga ngiti. Tumayo siya at lumapit sa akin. Magkaharap na kami ngayon.

“Oy, kupal ka anong kalokohan ang pumasok sa utak mo at naisipan mong gawin ‘yang ginawa mo? Binaha tuloy tayo. Ayun, si Aling Meding, naglilimas ng tubig na pumasok sa bakery niya.”

“Bobo talaga yun,” natatawa niyang tugon, “kahit anong limas ang gawin niya, babalik at babalik pa rin ang tubig. Timang talaga amputa.”

“E, bakit mo nga ginawa?”

Bumuntong hininga siya saka tumitig sa akin.

“Tangina tol, tagal na rin pala nating hindi nagkita, ano? Tatlo ba o apat na taon? Tanginang yan. ” Yumuko siya, hindi niya ako matitigan sa mata. Dumiretso siya ng tayo

at ipinasok sa mga bulsa ng kupas niyang pantalon ang kanyang mga kamay.

"Nang mapatay si tatay, alam mong ako na ang pumalit sa papel niya. Hindi kaya ni nanay na buhayin kami kahit halos mabakli na ang mga buto niya sa trabaho. Labada sa umaga, pagtitinda ng mani sa hapon, kung minsa'y balut sa gabi. Kailangan naming tumulong. Kaya nga hindi na ako nakatapos ng highschool, hindi ba? 'Yung putanginang teacher nga natin, adviser pa ng section natin, kung anu-anong masasakit na salita ang sinabi sa akin nung minsang kausapin niya ako sa guidance office para itanong kung bakit lagi akong absent. Hindi ko na lang sinabi sa inyo. Tangina niya. Pumapalaot ako nang madaling araw, tanghali na ang balik ko. Minsan nga'y hapon pa. Hindi na ako makakahabol sa pasok sa eskwela. Kung mag-aaral naman ako, ano ang ipangtutustos ko? Kailangan kong pumili, e. Putanginang 'yan. Nitong mga nagdaang taon, pahina nang pahina ang huli. Paliit na rin nang paliit ang lugar na pwede pagpantehan, dahil sa mga fish pen. Dalawang beses na lang ang kain namin sa isang araw, kung malas ay isa. Nu'ng gabing malakas ang bagyo, inaapoy ng lagnat si nanay. Sinabayan ng atake ng hika. Kailangan kong bumili ng gamot, pero wala kaming pera. Saan ako kukuha? Wala ring pera ang mga kamag-

anak namin, yung mga mayayaman naman ay ayaw magpautang dahil hindi nga raw kami makakabayad. Naglalakad-lakad ako nang walang walang tiyak na patutunguhan. Doon ko naisip na pumasok sa Levasco. Inakyat ko ang pader, hindi ako nakita ng bantay. Noong una'y mga piraso ng metal lang na nagkalat ang kukunin ko. Pero palalim na ang baha at sa tambakan ng patapong bakal ay halos beywang na ang tubig. Hindi na ako lumusong dahil baka matibo ako. Nanlumo ako. Doon ko nakita ang manibela ng flood gate. Noong una'y nagda-dalawang isip pa ako. Tanginang yan. Kilala mo ako Tonton, hindi ako magnanakaw. Pero naisip ko si nanay. Inaapoy siya ng lagnat. At sa bawat ungol niya, sa bawat daing niyang hindi siya makahinga, parang ako ang nasasaktan."

Huminto na siya. Nakita kong nangilid ang mga luha sa kanyang mga mata, agaran naman niya itong pinahid ng kanyang mga kamay. Tinapik ko siya sa balikat. Matagal kaming hindi nagsalita. Kung minsa'y may pagkakataong nawawalan ng gamit ang mga salita. May mga pagkakataong mas nangungusap ang katahimikan. Ngumiti siya. Alam niyang naiintindihan ko siya.

Inabot ko sa kanya ang dalawang pandesal na hindi ko nakain.

"O, kumain ka na, tol. Baka hindi ka pa kumakain."

"Tanginang 'to. Sa'yo yan."

"Hindi. Kumain na ako."

Kinuha niya iyon at nagpasalamat. Nagpaalam na rin ako. Marami pa akong hindi natanong sa kanya. Marami pa akong gustong malaman. Marami pa akong gustong sabihin, ikuwento. Pero naisip kong may iba pa namang pagkakataon. Nang nasa pintuan na ako ay nilingon ko si Bikong, nasa sulok ulit siya at kumakain. Sa labas ay tuluyan nang huminto ang ulan. Nagsisilitawan na rin ang mga mayang nagkubli noong bumabagyo. Masarap ang simoy ng hangin dahil wala ang mga sasakyang bumibyahe. Unti-unti namang bumababa ang baha. Sa paglalakad ay naalala ko ang kuwento ni Bikong, nakaka-lungkot. Gusto kong umasa na ito na ang huling pagbaha sa San Cristobal, pero para matupad ito, hindi sapat ang mga dike at pangharang, ang maayos na kanal at estero. May ibang problemang kailangang mapatda ang pagsirit. Itinigil ko ang pag-iisip sa puntong iyon. Nakita ko ang tatay kong sinasagwan ang hiniram na bangka, niyayaya akong sumakay. Natawa ako. Hindi pa siguro niya alam na pahupa na ang tubig. Sa malayo'y tanaw na ang araw na kani-kanina lamang ay natatabingan ng kulay abong ulap.

# Save More?

*Angelo A. Ternate*

Parang nasusunog ang matandang bahay nina Badoy. Kailangan niya ng sariwang hanging malayo sa drama. Gusto na niyang lumabas kaso walang fire escape. Mula sa kwarto ni Aling Laura nagsimula ang apoy ng drama na tumutupok ngayon sa buong bahay. Drama raw sabi niya na pang-welcome na parang asin sa bulate ang tama sa kanya. Ang totoo niyan pasimula pa lang ito sa litanyang binuo nito sa anim na taong di niya pag-uwi. Nabigla siya sa tinakbo ng kanilang usapan pakiramdam niya ay tina*trap* siya ng Ina para makonsensya. "Di ba naisip ni nanay na di naman drama ang

inuwi ko rito" sabi ng isip niya. "Di niya ako maintindihan at ano naman yung di na niya ako makilala? di naman ako nagparetoke sa Dubai!" Nang tumulo na ang luha ng Ina, di na niya naisip ang swabeng timing at tyempo na hinuhuli niya kanina habang nakikita-kita na niyang papuntang drama ang usapan nila. Wala nang isip-isip ng timing, ang alam lang niya ay kailangan na niyang lumabas dahil baka maya-maya pa'y sasabog na rin siya.

Nagsasagutan ang mga bahagi ng utak ni Badoy pagtayo niya sa matandang papag na higaan ng Ina. "Bakit niya ako kinukulit at dinadramahan, di naman ako puon sa simbahan." "Maling pagtaasan mo ng boses ang Nanay mo." "Umuwi ka lang talaga para kumbinsihin siyang ibenta ang lumang bahay." "E, bakit pati pangalan ni Agnes idadamay niya." "Di na niya ako dapat pinakekealaman ng ganun." "Tama ang Nanay mo, nagbago ka na talaga Badoy" "Ganun lang talaga ang tumatanda nagiging malungkutin." Pagbagsak ng pintuan sa likod niya, nakita niya ang kahon ng Black Label sa dining table, naalala niya ang kababatang si Onse. Buti ay naiayos niya ang mga pasalubong at naibaba niya ang para sa kababata bago niya puntahan ang Ina. Naroon ang kapatid niyang si Linda sa kusina, nagulat din sa pagtatalong nanggaling sa kwarto. Nagmadali si Badoy ayaw niyang

tignan ang nakababatang kapatid na sa tingin niya'y nakikinig sa usapan nila kanina pa, nagmamadali niyang dinampot ang sapatos sa may hagdan katabi ng kwartong nilabasan, sinuot ito at hinablot ang alak sa lamesang narra. Diretso ang tingin niya sa pintuan sa likod, lumagpas ng kusina at saka lumabas.

Nabigla siya paglabas. Hindi dahil sa wala nang sariwang hangin. Wala na pala ang silong nila, ang silong na dati nilang katayan kung saan kinakatay ang paninda ni Aling Laura sa palengke. Di niya ito napansin kaninang madaling araw pagdating, nang mapatingin sa likod-bahay pagkatapos kumain paano ba'y madilim na'y umuulan pa. Lumingalinga siya, isa, dalawa na lang ang punong nakikita niya. Wala na ang puno nang manggang may duyan at inaakyat niya. May hinahanap pa siya. Bukod sa usok, alikabok at amoy ng ulam, may kulang sa hangin. Wala na ang amoy ng malansang dugo ng baboy, ang amoy ng katayan at dumi na hindi mabura ng tubig ni maibaon sa lupa at limot. Wala na ang amoy ng dati nilang kabuhayan. Pagharap niya sa sulok na kinatitirikan ng bahay nina Onse, patakbo siyang lumapit, di niya maintindihan ang pakiramdam, siguro'y dahil sa malayo'y mukha itong napabayaan na. Nang makalapit sa silong nito, sa likod ng bahay na pinagtagpi-tagping sawali, yero at tabla, tumawag siya at saka niya napagtantong

bakante na ang barong-barong ng kasama pagkakatay at kababata. Wala nang bakas ng buhay sa loob, wala ang mga pinagmamalaki nitong gamit na nabili sa pagkakatay nila noon. Malinis na ang dating nakakalat na alaala ng kaibigan sa kanilang barong-barong. May lamig na dahan-dahang gumapang sa kanyang loob, lamig na unti-unting nagpahina sa kanya. Lamig sa kainitan ng hapon. Gusto niyang magtanong kung saan makikita ang kaibigan pero wala namang makitang mapagtatanungan. Di naman siya makabalik sa bahay nila para makapagtanong kay Linda dahil sa nangyari kanina.

Lumakad si Badoy sa eskenita palabas ng looban. Naninibago habang nakatingin nang malalim sa dinadaanan. Di na niya kailangang mag-ingat dito ngayon sa putik at matulis na bato, sementado na ang dating adventure some na daan, may haligi pa ng hollow blocks na bakod ng kapitbahay. Pagdating niya sa tapat ng matandang bahay nila, lumingon siya. Parang may tumawag sa kanya, instinct siguro. Nakita niya ang matandang bahay, luma at mahina na. Kamukha ni Aling Laura, luma rin at pinahina na ng panahon. May mantsa ang kupas na pintura kahit saan tignan, pumuti na sa alikabok ang sliding door na inukit na narra sa kaliwa at batik-batik na ng kalawang ang mga rehas ng bintana sa gitna. Kahit saan din mapalingon

ay may subject for repair sa alulod ang kisame ng veranda, kulang na jalousie sa bintana at mga kalat na di niya maisip bakit hindi ipagtatapon. Pero naiiba ang mga halaman sa harapan, buhay na buhay. Maintained ang taas ng bougainvillea sa labas na nalaglagan ng ilang bulaklak. Basa pa rin ang lupa ng mga nasa paso na nakatayo sa recycled pot stand gawa ng kanyang tatay noong ito'y buhay pa. Iniisip niya kung babatiin kaya siya nito kung nakakapagsalita ito o makikiusap kaya ito para di ito mapagkanulo. Napangiti si Badoy sa kanyang sudden drama.

Naisipan niyang pumunta sa plaza, doon ay baka makakita siya ng kaibigan at para na rin makakain muna. Inisip niyang libangin ang sarili habang naglalakad pero masakit sa mata niya ang di kilalang paligid. Para siyang nasa ibang lugar, sa ibang panahon. Ito na ngayon ang Gitnang-bayan, ang lugar kung saan siya tinubuan ng isip at nagkamalay. Tahimik ang Gitnang-bayan, ang kalye bago mag-plaza at siya ring kalye sa gitna ng dalawang national road na ginawang parehong one way, palabas at papasok, nang dumami ang sasakyan sa bayan. Tahimik, di dahil sa kawalan ng ingay. Rinig hanggang dito ang ingay ng plasa, busina at tambutso ng mga sasakyan at sigaw ng mga taong mukhang tambutso, mga taong di mawarian kung galit o masaya sa kausap habang nag-

aalok, bumibili, nagtatawag at nag-aayos ng plasa, buhol-buhol ang mga letra sa polluted na hangin. Ang katahimikang ito ay ang tropa ng lungkot, ang katahimikang kinukumusta ng mga alaala. Wala ang kilalang ingay sa kinalakihang lugar, wala ang mga masasayang batang naglalaro sa labas, wala ang batian ng mga taong nagkakasalubong. Wala ang pamilyar na mukha ng mga kapitbahay, ng mga kaibigan. Di naman katagalan ang limang taon pero wala na siyang mabalikan. Ang natira ay mga basyong bahay. Wala nang pintuan ang iba, ang ilan ay wala na ring bintana. "Mukhang mabubura na nga ang Gitnang-bayan sa mapa. Baka pagkatapos ng isang taon, department store na nga 'to." Sabi niya sa sarili. Magiging maganda raw ito sa mga kababayan nila, 'yon ang di maintindihan ng Nanay niya. Lalo na at gagawing call center at recruitment office ang taas nito ayon sa balita ni Linda. Na ang balita pa ay magpapadala daw ng skilled worker sa mga bansang may snow at disyerto. Maraming magkakatrabaho, maraming kikita, di lang piso 'yung iba baka dolyar pa. Ang susunod na hakbang ay ang manghihikayat na rin ng foreign investor sina Mayor. Uunlad na rin ang bayan niya tulad ng sa Dubai. Pero kahit saan tumingin, may paruparo ng melancholia, kinukulit siya, dadapo sa sikmura niya, at doon maglalaro na parang nakakatanga. Bakit parang malungkot ang paligid kung ito ay itinuturing

na pag-unlad. Papaalis ang mga kapitbahay nila, maglilipat. Binibili ng kapatid ni Mayor ang buong Gitnang-bayan. Matigas lang ang ulo ng Nanay niya. Ayaw pang bitawan ang matatandang alaala.

Habang palapit sa sa plaza unti-unti siyang nakakita ng spark ng pag-asa. Baka sa plasa maka-relate na siya. Naalala niya ang dating plaza. Wala sa plano niya ang pag-uwi pero para siyang batang kinilig nang maalala ito. Ang plano naman talaga niya ay magpayaman at makapagpatayo ng sariling bahay. Malabo pa ang nauna pero kaunting kayod at tipid na lang ay pwede na niyang simulan ang pangalawa kaya nga pati pag-uwi ay tinitiis niya. O para mas mabilis ang nauna, makapag-asawa na lang daw nang mayamang foreigner. Pero plano lang 'yon, alam niyang lahat ng OFW ay umaalis nang may plano. Pero ang pag-uwi ay laging may problema, madalas ito'y baon pauwi pero mas madalas ito'y sasalubong na lang sa uuwian.

**NAGISING SI BADOY** sa tulong ng body clock niya, tulad nang araw-araw niyang gising. Tuwing umaga kailangan niyang unahan ang kampana ng simbahan sa pagbangon para magkatay ng ititindang baboy ng Nanay sa palengke. Unang araw ng bakasyon, kaga-graduate lang niya kahapon sa highschool.

Apat na taon na siyang nagkakatay simula nang mamatay ang kanyang tatay noong first year high school pa siya. Noong bata pa'y tagahatid lang siya ng order sa mga kapit bahay, tapos nanunuod siya at tumutulong sa pagtitistis. Atake sa puso ang ikinamatay ng tatay niya pero imbis na umupa, siya na lang ang nagkatay, kasama ang kapitbahay at kaibigang si Onse na madalas niya ring kasama noon sa paghahatid ng karne sa mga kapitbahay gamit ang isang sidecar. May kuya si Badoy na dalawang taon ang tanda sa kanya, dati tumutulong ito sa kanila pero nang lumaki na ay wala raw siyang hilig sa pagnenegosyo. Kaya ito na lang ang inaasahang mag-aaral nang mabuti sa pamilya kaya siya na ang umako ng pagkakatay. Maraming natutunan ang kanyang Kuya Adoy kasama na rito ang pagporma at panliligaw kaya nakapag-asawa agad pagka-graduate. Mabuti na lang at marunong kaya nakapagturo sa Maynila kaya bihira ring umuwi sa kanila.

Pagkatapos magsuot ng damit pang-katay, gamit ang tubig sa termos na kagabi pa pinakuluan, nagtimpla na siya ng kape niyang matapang sa gatas at asukal at isang tasa ng kapeng matapang na may kaunting asukal para kay Onse na naghihintay na sa kanya sa silong tulad ng nakagawian. Mahamog pa ang hangin sa labas, parang nangingiliti ang lamig habang nagdu-duet ang mga kuliglig

at kulisap sa pagpawi ng katahimikan ng madaling-araw. Maliit na silong lang ang katayan nila, may kulungang kawayan at bakal na ang katabi ay ang mas matataas na sementadong katayan. Sa kabilang dulo ng katayan ay nakalubog sa semento ang kawa.

Pinupuno na ni Onse ng tubig ang kawa paglabas niya sa likod-bahay. Wala nang uhog si Onse nang mga panahong iyon. Si Onse ay di mahilig mang-onse. Ang totoo, kahit na hirap sa buhay ay may prinsipyo ito. Sabi 'yon sa kanya ni Aling Laura. Minsan kasi, nagsauli ito rito ng pera nang minsang mahulugan ng barya. Malaking uhugin si Onse noong musmos pa sila. Fernando ang tunay niyang pangalan kaso bago pa tawagin sa tunay na pangalan ay nabansagan na ng tukso.

Bago pa magpakita ang araw, natapos sila sa mahabang proseso ng pagkakatay na nagsimula sa pagpapatumba ng baboy, pagsaksak, pagpapatulo ng dugo, paglulubog sa kawa, pagtatanggal ng nalapnos na balat at balahibo, pagtanggal ng ulo, pagbiyak, pagtatanggal ng laman loob at ang huli ay pagpaparte sa baboy: sa laman, sa buto ng porkchop, tadyang, bias, liempo, pata, kasim, atbp. Sa unang pagkakataon sa umaga'y nakangiti na rin ang magkababata. Noong una ring panonood at pagkakatay

ni Badoy naawa siya sa kinakatay na baboy, pinagdadasal pa nga niya ito. Pero dati yon, napagtanto na niyang sa pagpatay ng baboy sila nabubuhay. Sana'y na rin ang dalawa kaya naman mabilis na silang magkatay. Tinawag na niya si Aling Laura na naghahanda naman ng almusal, kinuha na rin niya ang kiluhan habang nilalagay ni Onse ang mga pinarte-parteng karne sa batya. Pagdating ni Aling Laura, inalok muna nito ang dalawa ng ininit na sopas, tinignan ang karne, ang mga laman loob saka nagtanong tungkol sa mga proseso nila sa pagkakatay na parang inspector at magpapaalala ito ng mga gagawin na recorded na rin naman sa utak nila dahil nga paulit-ulit. Tiwala naman na si Aling Laura sa pagkakatay ng dalawa, ganito lang talaga siya mag-exercise ng vocal chords tuwing umaga. Pagkatapos makahigop ng kaunting sabaw habang parang nakikinig sa sinasabi ng matanda, inayos na nila ang kiluhan. Isa-isa nilang sinampa ang karne sa kiluhan, sinusulat naman ng nanay niya ang mga timbang sa madungis at nanlilimahid nitong notebook. Maganda naman ang notebook na yon nang bilihin, nga lang ay di ito ligtas sa dugo at mantiya ng baboy. Isasampa na nila ang mga karne sa sidecar ng bisikletang gamit sa paghahatid ng karne sa palengke at pabalik na rin ang nanay niya sa lumang bahay nang makaisip pa ito ng sasabihin sa kanilang dalawa. Natatawa lang dito si Onse

na napipilitang tumango at ngumiti habang humahanap naman ng lusot si Badoy para matapos na sila sa paghahatid at pagliligpit ng katayan.

Inihatid muna ni Badoy ang karne gamit ang bisikleta. Naiwan naman si Onse para magligpit. Di pwedeng pabayaan ang dumi at baka magreklamo ang mga kapitbahay kay Kapitan. Kaunti pa ang tao sa plaza pagdaan niya. Bago pa lang din nagbubukas ang ilan sa mga tindahan. Bukod sa ilang jeep na dumadaan, halos walang ingay ang plasa. Maaga rin ang pagbati ng ilang matatanda sa kanya na karamihan ay papuntang simbahan at ang ilan ay magbubukas ng tindahan. Binati rin siya ng barberong si Domeng, ng sastreng si Bonjay at ng ilan pang matatandang kahuntahan ng nanay niya.

May simoy ng magandang umaga ang plaza para sa mga taong narito. Ang lahat ay may pupuntahan. Pagkakataon na naman para kumita ang mga negosyante, pagkakataon para makita ang mga kabigan at makipagkwentuhan para sa ilan, pagkakataon para magbanat ng buto, pagkakataon din ito para maglingkod sa mga kababayan. Dito sa plaza, tulad ng mga daan, nagsasalubong ang buhay ng mga tao. Dito nag-uugnay ang buhay ng mga tao araw-araw. Dito rin natutong umasa ang karamihan para sa kanilang kabuhayan.

Nasa puso ng plaza ang park at stage na ganapan ng lahat ng mahalagang program sa bayan mula sa mga graduation, mga caravan, sayawan, kampanyahan, prayer rally, programa ng pyesta at iba pa. Nakapinta sa likod ng stage ang lahat ng pinagmamalaki ng lugar, mula sa paggalang ng mga bata, mga lokal na produkto tulad ng mga muwebles at sapatos hanggang sa malinis at magandang lugar. Nakatayo sa tabi nito ang munisipyo na makisig at ginagalang ng lahat. Tulad ng pagkakakulong ng altar sa simbahan, kinulong ang bahaging ito sa plaza ng mababang bakod ng balister na may dalawang malaking guwang na daanan ng tao. Tinaas din ito nang maliliit na baytang na nag-angat dito sa buong plaza. Sa likod nito ay ang palengke na nasa pagitan ng ilog. Sa tabi nito ay tulay papuntang elementary school, ang tapat ay hanay ng mga tindahan ng pagkain. Pagtawid ay ang kalye papuntang simbahan na papunta rin sa mataas na paaralan. Ang kabila pang gilid nito ay bangko at ang kalye papuntang Ospital. Sa paligid nito ay ang mga lokal na negosyo at tindahan. Lahat ng ito'y may kontribusyon sa simoy ng pagiging abala at kagandahan ng plaza. Madalas itong pagmasdan ni Badoy no'ng bata pa siya habang naghihintay sa labas ng bangko, habang hawak siya sa kamay ng ina. Di na niya ito napansin ngayon tulad ng dati dahil

sa pagmamadali, nasasabik na siyang umuwi at simulan ang araw niya.

Pagdating ni Aling Laura sa palengke, isinabit at isinalansan niya lang ang paninda at pagkatapos nito'y umuwi na siya. Nalinis na rin ni Onse ang katayan at naibaon na sa lupa ang mga dumi. Nagpahinga muna ang dalawa para makapaglinis ng sarili. Excited si Badoy ngayong araw. Unang araw ng bakasyon, matagal niya itong hinintay, sa susunod na pasukan ay college student na sila, maganda ang takbo ng negosyo kaya malamang na makapag-Maynila rin siya tulad ng kanyang kuya. Katatapos lang nilang kumain, pumunta siya sa duyan sa ilalim ng puno ng mangga at saka nahiga. Iniisip niya ang mga gagawin at naalala niya ang usapan nila na magkikita sila ni Agnes mamaya, excited na siya. Nagpapantasya siya sa mga mangyayari sa kanilang dalawa. Magmimiryenda sila sa plasa tapos pupunta sila sa kubo nila sa may parola. "Sana maka-kiss ulit ako sa kanya" nangiti siya habang iniisip ito. Papalapit naman si Onse na nakita ang ngiti ng kaibigan na nakatingin sa kawalan ng mga dahon ng mangga. Nakaisip ito ng kalokohan, kumuha ng abo sa kawa, dahan-dahang lumapit sa kanya at binato sa mukha niya ang abo. Tumawa ito nang mabura ng abo ang ngiti sa mukha ng kaibigan na magmukhang espasol. "Tarantado ka Onse!" sigaw niya na sinabayan

ng takbo ng kaibigan. Sabay bato naman ni Badoy ng tsinelas. "Pinagpapantasyahan mo na naman si Agnes! Pinapasakay ka lang nun!" sabay tawa nito nang malakas. "Tanga! Wag mo kong igaya sayo 'no, palibhasa di ka pinansin ni Clara!" "Badoy-baboy din ba ang tawag niya sa 'yo?" "Tanga ka talaga, ayos na yun kesa Onse ang tawag sa'kin nang nililigawan ko!" "Gagu!" balik nito sa kanya sabay tawanan.

Kasasagot pa lang ni Agnes kay Badoy. Kababata ito ng isa pa niyang matalik na kaibigang si Naldo na siyang nagpakilala sa kanila at nagturo sa kanyang manligaw. Bata pa lang si Badoy nang una niyang sundan ng tingin si Agnes pag dumadaan ito sa harap niya tuwing uwian, hanggang binantayan ang pagdaan nito sa hallway sa labas ng kanilang classroom. Nasa lower section ito, 'yun lang ang tiyak niya dahil lagi siyang nasa una at pangalawa. Patuloy niyang inaabangan ito, hanggang sa makita niyang kasama ito ng kaklaseng si Naldo. Kinaibigan niya si Naldo dahil dito. 'Yun lang ay palipat-lipat ito ng section, depende sa mga nagawa nitong kalokohan sa klase. Sabi nito, ipakikilala nito si Agnes sa kanya pag nag-sakristan siya kaya ganun nga ang nangyari. Tuwang-tuwa naman si Aling Laura dahil dito, ang di niya alam bagong tricks ng kalokohan ang matutunan niya kasama na ang pag-inom ng

beer sa tore. Kilala ni  Aleng Laura ang nanay ni Agnes na iniwan ang pamilya para sumama sa ibang lalaki.  Kaya raw matigas ang ulo ng bata, maingay at mahirap pagsabihan. Laging kagalit ng guro at laman ng Principal's Office.  Ayaw ng mga matatanda sa ganoon pero para kay Badoy pinakamaganda ito nang makita niyang sinasabi nito ang nasa isip at ipinaglalaban ang totoo para sa kanya, salungat man ito sa pananaw ng iba.

Masayang umuwi si Badoy nang araw na iyon, bitbit niya ang di maburang ngiti at kilig sa mukha. Mag aalas-diyes pa lang ng umaga ay naubos na ang kanilang tinda. Nagkita sila ni Agnes sa ilalim ng puno ng santol sa tagong gilid ng simbahan sa tabi ng ilog. Di sila natuloy sa kubo dahil sa may ibang tao raw doon. Pero doon sa lilim ng puno, sa gilid ng dalanginan, no'ng araw na 'yon sumumpa silang dalawa na magiging sila habang buhay. Mukhang totoo ang sugat ng ukit ng pangako sa puno ng santol, namumula ang kahoy at parang dugo at tubig ang dagtang lumalabas dito. Akala niya ay di na siya makaka-score, wala na lang siyang nasabi nang biglang halikan siya nito. Kinagabihan, di na masyadong nakatambay si Badoy kasama ang tropa,  napagod na siya sa maghapon. Oras na para makatulog agad. Paglapat ng kanyang katawan sa papag, maaga siyang nakatulog, maaga rin siyang nagising kinabukasan para magkatay.

**NAWALA ANG EXCITEMENT NI BADOY.** Napalitan ng lungkot ang kiliti habang sinisipat ang plaza mula sa pinataas na baytang sa kantong dati'y Rural Bank, ngayon ay BDO na. Sa lugar ding ito pinilit unawain ng batang parang flash card sa kanyang alaala ang kagandahan ng lugar habang hawak ni nanay ang kanyang kamay, habang pinipilit niya itong umuwi pero abala ito sa pakikipagkamustahan sa nakasalubong na kaibigan. Hindi na niya makita ang kilalang plaza, di na rin niya hinahawakan ang kamay ng ina. Kailan ba siya huling tumayo at nagmasid tulad ng batang yo'n sa kantong ito ng plaza? Di na niya maisip. Matagal na, pero hindi naman talaga nawala ang alaala, nilagay lang ito sa pinakamadilim na sulok kung saan malabo na itong makita.

Masikip ang buong plaza, di na pwedeng tumakbo tulad ng dati niyang ginagawa. May malalaking truck na pumapasok sa construction site na gagawing gasolinahan ng Petron. Parang nilipat ang Divisoria. Salu-salubong ang mga sasakyan, di malaman kung saan dadaan. Ang mga traysikel ay gumagawa ng kanya-kanyang daan parang mga hilong talilong na di malaman kung saan dadaan, kahit sa sidewalk, pwede na rin makarating lang sa pupuntahan. Ang mga tao ay para namang nasa prusisyon, kalkulado ang lakad, di pwedeng humakbang hanggang di pa

oras kung hindi ay matatapakan ang nasa unahan. Makalat ang daan ng tao na puno din ng nakaparadang sasakyan. Ang usok mula sa construction site ay nagpapaubo sa batang dumadaan. Ito ang hindi niya naisip na dadatnan sa lugar. Malayo sa larawan ng plaza sa kanyang alaala.

Unti-unti, kinakain ng panghihina at pagkadismaya ang kanyang katawan, kasabay ng pagkalam ng sikmurang akala niya'y nagtampo na rin. Tumawid siya sa kanto papuntang simbahan, sa tapat ng dating munisipyo, narito ang dating pansitan ni Ate Cora, narito dati ang hanay ng mga tindahan na karamihan ay kainan. Gusto niyang kumain ng fried itik at pansit ulam pero wala na ang mga dating tindahan, ang narito ay Jollibee, KFC at Andoks. Syempre, nasusuka na siya sa Jollibee kaya sa susunod na fastfood siya pumasok. Tumingin siya sa menu sa likod ng kahera at nang walang nagustuhan ay nagtanong na lang. "Anong native ang meron kayo?" "Ano pong native?" sabi ng kahera sa kanya. "May fried itik ba kayo?" Napaisip ang teenager na kahera, di naman chik-itik o tik-boy ang pangalan ng tindahan nila, bakit naghahanap ang lalake sa harap niya ng itik? Umiling na lang ito sa kanya. "Pansit ulam meron kayo?" "Wala rin po sir." Napabuntong hininga siya na di niya napansin na napalakas pala kaya rinig

ito hanggang sa pinakasulok ng store. "Sige Miss, bigyan mo na lang ako nang A1." Crispy liempo na lang ang kinuha niya tutal miss na niya ang baboy, madalang kasi ang karne ng baboy sa Middle East kahit na sa Dubai na cosmopolitan kung ituring dahil sa pagkaunti ng natives at pagdominate ng mga foreigner.

Humanap siya ng lugar kung saan makapagmamasid siya sa labas kaya pumuwesto siya sa may tabi ng salamin. Nasa harap niya ang crispy liempo at kanin na inorder. Nilagay naman niya ang alak sa upuan. Naalala niya ang inulam sa bahay nila, sabagay sigurado namang ipagtitira siya ng nanay niya. Binakuran ng yero ang buong kabilang gilid, pinilit niyang halukayin sa utak niya kung ano ang dating nakalagay dito. May mga batang madudungis sa side walk na kung saan pa siksikan ang mga tao ay doon pa naglalaro. Salamin lang ang pagitan ng maginhawang fastfood at ng mainit, masikip at maalikabok na labas nito. Naalala niya, dati sila ang mga batang plaza. Ito ang kanilang kaharian. Dito at sa paligid nito nagsimula ang kanilang tropa. Naalala na niya. Ang kabilang gilid na kinulong ng yero ay ang dating munisipyo at stage. Ang park sa labas ng munisipyo ang kanilang laruan, lalo kung may latag na palay ang patio. Dito sila tumatambay, at nagtatakbuhan, pati na sa dating stage na siya ring tahimik na nagtaas

at nagmalaki sa kanyang unang hakbang sa kanyang mga pangarap. Kinulong na ito ngayon ng yero at di ng ballister. Dati ay nakaangat ito sa lahat at ginagalang. Ngayon ay nawala na sa ingay, usok at alikabok ang dating paggalang sa lugar.

Ayaw ni Badoy sa kanyang mga nakikita. Hindi lang sa mata masakit ang mga nakikita kundi pati na sa mga alaalang akala niya'y magugunita pa. Nagmadali siyang kumain. "Tama, mapuntahan na lang ang simbahan, baka naroon si Naldo, baka makita ko pa si Agnes 'pag nakita ko siya."

Nakatira si Naldo sa may simbahan. Bawat madaanan ng mata papunta sa bahay ng kaibigan niya ay kurot ng panghihina. Binilisan niya ang paglakad. Napadaan siya sa arkong madalas nilang tambayan ni Naldo lalo na nang mga panahong nagbabalak na siyang manligaw kay Agnes. Mukhang maayos ang bahay nila Naldo mula sa labas kumpara sa dating naalala ni Badoy. May pintura ang dingding at malinis ang bakuran na dati ay puro dumi ng hayop at kung anu-anong basurang nagpamukha ditong junk shop. Agad siyang tumawag sa labas ng gate. Laking gulat niya nang may sumunggab sa kanyang aso, mabuti na lang at nakasara ang lumang gate nila na sapat na ang taas para di siya maabot nito. Dati nang mahilig sa aso sila Naldo, kilala siya ni Tres at ni Dos

na mga aso nito, ni hindi sila tumatahol pag dumadating siya, pero di niya kilala ang asong ito ngayon. May lumabas sa bahay nila Naldo, isang babaeng naka-duster. Bata ito kaya di ito si Ma'am Aida na kaibigan din ang turing sa kanya. Malabo itong maging si Betsi na nag-iisang kapatid na babae niya kasi naman ito ay di pa niya nakikitang namayat. Nag-iisip pa rin si Badoy nang makakita siya ng ngiti sa babaeng nakatanaw sa kanya sa pinto ng bahay ng kaibigan. Lumapit ito sa aso para sawayin at dumiretso kay Badoy, natigilan siya nang makita nang malapitan ang babae. Tama siya di nga ito ang kapamilya ng kaibigan. Niyakap siya ng babae, di niya alam ang gagawin, nanunuyo ang kanyang lalamunan. May ibong gustong pumalag sa kanyang dibdib.

"Bart, kamusta ka na?" sabi nito pagkabitiw nito sa kanya. "Agnes, anong ginagawa mo rito kina Naldo?" Pinakita niya ang singsing sa daliri niya sabay ngiti. "Kasal na kami ng kaibigan mo." Tangina, sa loob-loob niya, pinilit niyang mag-withdraw ng ngiti, kapalit ng balitang di naman talaga masaya para sa kanya. Anong nangyayari, pinaglalaruan ba siya ng isang reality show? Kung gayon, naghanap siya ng mga kamera sa paligid o mga taong look out na magsasabi sa kanya ng "huli ka, gago!" Bobo bakit ka nagpapaniwala? O panaginip lang siguro ang lahat. Di naman

talaga siya umuwi dahil wala naman talaga siyang balak umuwi at masaktan. Nakita na niya ito, di niya afford ang drama, para sa mga wala lang iyong magawa. Gusto niyang sumabog. Kagat labi at namumugto ang mga mata. Umatras siya sa kausap at yumuko nang kaunti. "Okay ka lang ba?" Tanga mukha ba akong okay, nasasaktan din kaya ako, gusto niyang isigaw sa kaharap "Hinahanap mo ba si Naldo?... may suyo siya sa hulo. Pero papauwi na rin 'yon." "Ga-ganun ba… Si-si-sige, ba-balik na lang ako." Wag kang mautal unggoy, wag mong pakitang nasasaktan ka, sabi niya sa sarili niya. *Bobo ka talaga bakit ka kasi umuwi?*

**SINUOT NI BADOY ANG ISA PA** sa paborito niyang t-shirt na puti na may stripes ng orange at black, cargo shorts. Nagsuot pa siya ng medyas dahil wala siyang dalang tsinelas, at di naman bagay ang tsinelas na pang bahay sa suot niya. Binaba niya ang supot ng alak ng tropa at ang pasalubong ng nanay niya. Inilagay niya ang una sa may lamesa. Dala ang pasalubong ni nanay pumasok siya sa kwarto kung saan nagtitiklop daw ito ng damit sabi ng nakababatang kapatid na si Linda.

"Nay, para sa inyo." Di siya nito agad kinibo. Nagtaka siya. "Umupo ka muna

'nak. Bakit para kang tatakbo? Kumain ka na ba?" sabi nito sa kanya nang may maaliwalas na mukha. Di niya alam kung maiinis o maasar sa pang-a-alaska ng ina. Umupo si Badoy sa gilid ng kama katabi ng nanay niyang nagtitiklop ng damit. "Maya-maya na 'Nay." "Kamusta ang tulog mo sa kwarto?" "Natulog na agad siguro ako paghiga sa papag… malamig gawa ng ulan kaya masarap. Kayo Nay, kamusta?" Sinulsi muna nito ang sasabihin bago sumagot. "Medyo maganda ang pakiramdam ko ngayon pero madalas na akong malungkot at manghina." Napaisip siya kung pinapatamaan ba siya ng kanyang Ina. "Yung gatas mo sa mesa, ininom mo na ba?" "Di na ako umiinom ng gatas, Nay." Medyo lumaki ang mata nito sa pagtingin sa kanya. Sa ilang saglit parang di ito makapaniwala. "May kinabog din, sa lamesa. Kanin mo't pinabili ko 'yon, paborito mo kasi." "Sige po, kakainin ko mamaya." "Nak, naalala mo dati pag umalis ako, pagbalik ko pagkamano mo, hahalungkatin mo ang uwing bayong para maghanap ng pasalubong." Naalala niya at napaisip kung bakit ito sinasabi ng nanay niya. "Narito nung nakaraang buwan, 'nak ang mga tauhan ni Benny, yung kapatid ni Mayor. Tapos nung nakaraan yung mga taga-munisipyo. Pinipilit na nila tayong ibenta 'tong matandang bahay." "Anong sabi n'yo?" Napabuntong hininga ito. "Sabi ko sa kanila, sa 'yo sila makipag-usap." Natahimik si Badoy,

naisip niyang sayang ang pagkakataong pagkakitaan na ang bahay, maganda rin naman ito para sa kanilang bayan. “Anong sabi ni Kuya Adoy at Linda?” Bumaling sa iba ang ina, suminghot at bumuntong-hininga at sinabi sa mahinang boses “Gusto na nilang ibenta na ‘to. Anak wag nating ibenta ang bahay.” “Nay maganda naman daw ang plano dito sabi ni Linda. Dadami ang trabaho at dadami ang may sweldo.” “Yan ba ang inuwi mo anak, para kumbinsihin ako?” Natahimik siya. “Bart sisirain lang nila tayo, sisirain lang nila ang bayan. Ito na lang ang naiwan sa atin ng tatay mo.” Nagsasabong ang utak niya, pinipilit niyang unawain ang ina pero maganda naman talaga ang offer sa bahay nila. “Ang init ng damit mo ‘nak. Ipinatong ko sa gamit mo ang paborito mong kamiseta at shorts.” ‘Yung maliit na kamiseta? Paborito ko ba talaga ‘yun dati? Tanong niya sa sarili. “Nakita ko pero masikip sa akin yun.” “Dati, gusto mong lagi yung suot kahit may di na magandang amoy.” “Nay di niyo na kailangang ipaalala sa akin ‘yon.” “Kamusta ang trabaho mo sa Dubai?” “Mabuti naman po, nakakaipon na ako kahit na papano.” “Di ka ba naman nagpapabaya sa sarili mo? Naglalagay ka ba ng sapin sa likod, kahit dyaryo tulad nang ginagawa sa ‘yo ng nanay dati?” Ano ba ‘yan sabi ng utak niya, gusto na niyang umalis. “Nay di niyo na ako kailangan paalalahanan matanda na ako.”

"Bart, kahit tumanda ka na, di mo maalis sa akin ang pagiging nanay mo." Tinamaan siya, wala siyang naisagot. Lumipas pa ang ilang sandali nang magsalita ito. "Nak, iniisip ko, di ba maganda ang anak ni Ka Feli? Yung tinuro ko sa 'yo noon." "O, bakit?" "Baka magustuhan mo siya." "Anong ibig mong sabihin 'nay?" "Alam mo na, puntahan mo siya kaibiganin baga, naibulong ko na yon sa nanay niya, ayos naman daw iyon sa kanila." "Anong kalokohan yan 'nay!" Napansin niya ang bahagyang pagtaas ng kanyang boses. Badoy kalma lang. Nag-iisip siya kung paano siya makaaalis nang di siya masisisi ng ina. "Iniisip ko lang naman anak na tumatanda ka na rin… yung naipon mo ipang negosyo mo na lang dito. Magsimula ka na ng pamilya. Dito ka na lang" "Nay, wala sa plano ko yan." Sandaling tumigil ang sagutan ng mag-ina. Nag-iisip ang dalawa, ang nakakatanda ay bumubwelo sa sasabihin ang nakakabata ay bumubwelo paalis. "Nak bakit ngayon ka lang umuwi. Di mo ba namimiss ang nanay?" May nakita siyang luha na naglalambitin sa mata ng ina. Ano bang drama ito? Sabi niya sa sarili. "Nagtitipid ako 'nay. Magastos umuwi." "Bakit pag Pasko at birthday mo lang ako naalala?" "Busy ako 'nay maraming trabaho." Para nang inaasinang bulate sa pagkaupo sa tabi nito. Di naman talaga ito ang inuwi niya, ang totoo isa ito sa iniiwasan niya. "Anak iniisip mo pa rin ba si Agnes?" "Ano ba nay!" "Nak,

wag mong sigawan ang nanay nagtatanong lang ako." "Bakit ba kasi kailangan niyo pang sabihin yun." "Anak nagbago ka na, parang di na kita kilala." Pinilit niyang ipunin ang natitira pa niyang pasensya. Sumagot siya kahit naasiwa. "Anong sinasabi niyo? Ano namang nagbago sa 'kin?" Tumingin ito nang malungkot sa kanya. Bumaba ang tingin nito hanggang sa kanyang medyas at doon lalong lumungkot ang kanyang mga mata. "Dahil ba sa medyas ko?" "Di lang diyan Bart." Ilang saglit pa, tumulo na ang luha ni Aling Laura. Nabugnot siya, nawala sa sarili. Ang alam na lang niya'y kailangan na niyang umalis. Bago pa makapagsimula ang nanay niya, nakalabas na siya ng kwarto.

**PUMASOK SI BADOY SA SIMBAHAN**. Ito na lang ang lugar na alam niya kung saan pwede siyang mag-isip at bumalik sa kapayapaan ng loob, kaso ito rin ang lugar kung saan sila naging malapit ni Naldo. Pagpasok sa simbahan iniisip niya kung nilipat ba ang loob ng dating simbahan at pinalitan ito ng iba. Bato na lang ang iniwan na nakikilala niya rito. Wala na ang dating kilalang simbahan. May hinahanap pa siya rito. Ang naalala niya ay santuwaryo sa gitna ng gubat kahit di man talagang gubat ang nakapaligid dito. Naglalakad siya sa gitna ng matalisod ng sirang luhuran, napakapit siya

sa upuan nang may nagsabi sa loob niya na baka makahawak siya ng dumi ng paniki pero pagtingin niya, wala naman ang inaasahang dumi. Pagtingin niya sa taas, walang paniki. Wala ang pagdu-duet ng mga lumilipad na hayop sa loob ng simbahan na para bang nagsasabing payapa ang lugar na ito para sa mga aba. Wala na rin ang dumi ng mga ito na nagpapatanda sa lugar. Maganda ang simbahan para sa mga mata pero hindi para sa kanyang paghahanap sa ugat. Marami nang wall fan, meron ding ilang flat screen TV na naka-mount sa dingding. Wala na ang mga nakabitin na ilaw at electric fan. Wala na ang batalyon ng santo sa batong dingding. Wala na ang simbahan kung saan sila naging matalik na magkaibigan ni Naldo. Kung saan siya nito tinuruang magsaya at maglibang. Kung hindi naman talaga dahil sa kanya baka di rin siya nagustuhan ni Agnes. Ito ang nagturo sa kanyang manligaw at magtakas ng babae sa tore, kinagagalitan sila ng mga manang pero alam nilang seryoso na ito pag nasa altar. Gusto niyang sisihin ito pero bumabalik sa sarili ang ideya ng pagkukulang.

Lumabas siya sa patio na dating park na minsan ay bilaran naman ng palay. Dito, madalas silang katihin dahil sa paglalaro kahit na may latag na palay ang laruan. Kakaunti ang mga tao, maraming sasakyan kahit walang misa. Ginawang parking lot ang dating laruan nila. Lumakad siya papunta sa

dating pwesto sa ilalim ng puno ng acacia sa tabi ng ilog. Kung saan madalas niyang hintayin si Agnes. Sementado na ang buong lugar. Mabuti ang ilog ay iniwan, saan pa niya kukunin ang binaong alaala? Kung saan isang araw nagkita sila. At nangakong magiging sila habambuhay. Masakit sa ulo ang pagalaala. Tawanan na lang ba niya ang nakaraan, o pagtatawanan siya ng nakaraan kung maisip nito ang nangyari sa kanya?

Naisip niyang maglasing na lang kaya mag-isa, tutal walang makitang kadamay sa pag-uwi, sa saya kahit sa lungkot pa. Ang mga lugar nga ay nawala, mga kaibigan pa kaya. Saka niya naisip, nawawala pala ang alak na para sa mga kaibigan niya. Nag-isip siya, ang totoo ay di niya binili ang alak, naiwan lang din ito sa store nila ng mapuputing magkakaibigan na kumain dito. Wala na siyang dala kina Naldo sa pagkakaalala niya, kaya malamang sa upuan niya ito naiwan, sa Chicboy.

**THIRD YEAR COLLEGE NA SI BADOY** nang masunog ang palengke. Unti-unti itong namatay nang masunog at ilipat sa pwestong pinaglalaanan naman talaga nito malapit sa pinaglipatan din ng munisipyo. Para itong isdang pinilit lumakad sa lupa nang ilagay sa gitna ng palayan. Nagwelga sina Aling Laura

kasama ng mga taga-palengke kay Mayor para ibalik sila sa plaza malapit sa puntahan ng tao at malayo sa mga baka at kalabaw. Laking gulat na lang ng mga taga-palengke na nang malaman nilang nabili na ang lupa ng dating palengke kasama na rin ang parte ng lumang munisipyo. Lumamig ang baga ng mga tanong tungkol sa dahilan ng pagkasunog ng palengke hanggang sa maging nakalimutang uling na lang ang lahat, hanggang sa ngayon. Nalugi ang mga pwesto dahil hindi pumatok ang bagong pwesto nito. Mas ginusto ng mga taong pumunta sa kabilang bayan para doon mamili at yung ibang negosyante naman ay nagtayo ng mga talipapa sa tapat ng mga bahay nila. Muntik nang tumigil si Badoy sa pag-aaral sa kolehiyo, para mapatapos muna ang kuya niyang graduating na rin noon. Pero ayaw niya kaya nagworking student siya. Bihira na siya makauwi mula noon kaya nanlamig sa kanya si Agnes hanggang sa makipaghiwalay ito.

**PABALIK NG PLASA, SA KALYENG DINAANAN NIYA DIN KANINA,** napansin niya ang malaking karatula ng mukha ng bagong Mayor, katabi ang ama niyang dating Mayor. Nakapaskil ang mga mukha sa dating high school nila na isang malaking hardware na. Apelyido ni Mayor ang nakasulat nang malaki sa taas nito. Isang pangalan noon,

hanggang sa ngayon. Covered court ang katabi nito. Ang bagong stage ay nasa loob nito. Nakapinta pa rin sa likod, ang pangalan ni Mayor at ni Governor. Nababakuran ito ng rehas at haliging may karatula rin nila kahanay ang mga advertisements ng mga artista. Magaganda ang ngiti ng mga gago at kuhang kuha rin nila ang mga anggulo ng mga modelo. Pwede na rin silang maging artista sa galing ng pag-arte nila.

Pagkabalik sa plasa at pagkakuha ng bote ng alak, tumawid siya para tignan ang dating palengke. Isang malaki, malamig at malinis na supermarket na ang dating palengke ngayon. Ang naalala niya ay ang lilim ng mga puno ng acacia sa likod nito malapit sa ilog, ang pahingahan namin tuwing tanghaling walang pasok, ang lilim at ang dilaw na tuyong dahong nagkalat sa ilalim nito. May dilaw pa rin naman pero ito ngayon ay kongkreto. Di mo na kailangan ng lilim dahil malamig sa loob at maliwanag. Ang sabi nila rito ay “Save More” pero kapalit nito ay ang dati nilang kabuhayan, mga kaibigan at alaala.

May tumawag sa kanya na tindera ng pirated DVD. Hindi niya pinansin at hindi naman niya kilala. Luminga-linga siya, wala talagang makitang kakilala, wala ang mga dating kabatian, wala ang mga kilalang tindera, wala rin ang mga batang plaza. Walang nakakakilala rito kay Badoy ang

batang ayaw mag-medyas. Paano'y na-trauma sa pagsusuot nang minsang may daga pala sa loob nito. Humangos siya sa nanay niya noon at nagsumbong, noon nakita niya ang pinakamatapang na tao, 'yun nga lang wala na, ang daga ng balikan nila. Hindi na nagsuot ng medyas si Badoy mula noon. Wala nang nakakakilala sa batang 'yon ngayon dito. Iyon naman ang naalala ni Badoy ngayon, ngayong nakasuot na siya ng medyas at magandang sapatos. Nagbago na nga ba siya tulad ng sabi ng kanyang Ina? Ang plaza man ay nagbago na. Ang mga kaibigan ay di na makita. Wala na ang plaza ng kanyang kabataan, ang dati nilang kamusmusan. Dapat nga bang ibenta na ang lumang bahay? Saan siya babalik para alalahanin ang kanilang lumipas na kabataan o para balikan ang sariling naiwan? Gusto niyang tumakas pero walang pupuntahan, kung gusto mang umuwi wala nang uuwian. Ang lahat ay sumulong na. Kailangan pa bang magbalik? Para ano? Para saan?

# Awit ng mga Buwaywa

## (Awit ng mga Salamat)

*Jayson Fajardo*

Sabi ni Naipol, ang Biyernes sa komunidad ng mga Alangan ay isang tugtugan na may kasiyahan. Dahil sa araw lang na ito ay puwede silang uminom ng alak at mag-videoke. Utos sa kanilang barangay na puwedeng mag-ingay sa Biyernes upang mapanatili ang katahimikan. Kaya tamang tama bago kami umuwi, magbi-videoke muna kami kasama nila. 'Naipol, puwede ba kaming maki-videoke sa inyo?' Agrumrum (mabilis) itong sumikyo papunta sa kanilang bahay.

Sila Naipol ang aming naging kapitbahay dito sa barangay hall at komunidad ng mga Alangan. Matagal na rin kaming nakikitira dito, hindi ko na nga nakitang nag-itsa ng napkin si Elvira at na-menopause na yata ang baklang masebo na si Bernard a.k.a. Mojacko, nandito pa rin kami sa komunidad. Dito sa barangay hall na mukhang junkshop, may dalawang kuwarto. Sa kaliwang kuwarto nakatago ang mga record ng barangay. Kahit wala namang nangyayaring gulo sa barangay. Props nga lang daw ito sabi ni Naipol. Sa kanan naman nakalagay ang mga gamit para sa lamay. Oo, naimbento na rin pala ang lamay sa komunidad. Umabot na rin pala ang formalin sa kanilang bayan. Pagbabago raw ito sabi ni Naipol, dahil takot sila sa patay kaya kapag may kaanak silang nasawi, iiwanan na lang nila ito at susunugin kasama ang bahay. Pero medyo nagbago na rin pala sa ngayon, uso na nga ang lamayan sa kanila. Gusto ko ngang itanong kung may saklaan din ba? Sabi rin ni Naipol, dahil takot nga sila sa patay, mas naniniwala at mas natatakot sila sa mga multo. Sa mga kuwento ni Naipol, tuwing Biyernes daw, may naglalakad na lalaking pugot ang ulo. Sakto alas diyes ng gabi, hinahanap nito ang kanyang ulo na may gintong ngipin. Sinisilip at tinitignan daw kami nito. Kahit na ang tanong ko, paano makakikita ang isang multo na walang mata dahil pugot nga ang ulo?

Ewan ko ba sa mga kuwento rito. Basta ang alam ko lang kahit hindi kami magpaalam, papayagan nila kaming mag-videoke. Yung mga simpleng bagay nga tulad ng kahoy na panluto namin sila pa ang nagsisibak at nagbibigay. Ultimo banig, sila pa ang nagpahiram, yung hose ng tubig na nakakabit sa bukal para sa inumin, sila rin ang nag-provide. Tapos meron pang water dispenser at refrigerator na lahat daw ay dinonate ni Mayor. Dahil siguro kay Roy kaya ganun. Siya yung kaklase kong taga-Mindoro na may dugong Alangan, pero ganun lang daw talaga, nakikiramdam daw ang mga ito sa mga kailangan namin. Bago pa nga raw kami makagawa ng research ay nanaginip muna ang mga aplake (lalaking elder) at mai o agbayi (babaeng elder). Pero suspetiya ko talaga na plus factor siya. Kahit epalogs siya minsan at nakakairita yung Jesus-Jesus niya araw-araw, maaasahan naman siya sa coordination. Kasama rin namin si Mojacko, isang baklang bola-bola na kasing bilog ni Mojacko kaya nga Mojacko ang term namin sa kanya. Pa'no ba naman kasi nung umakyat kami sa bundok siya ang nahuhuli. Tapos kung bababa kami, siya ang palaging nauuna, gumugulong pa siya kapag nahulog sa bundok kaya tuloy pulang-pula. At si Elvira na isang maal'lun, na magandang babae sa salitang Alangan pero mas sirena pa kay Mojacko, yung boses at lengguwahe niya kasi pampalaka na bekimon

lalo na kapag tumili dahil sa mga alimatik, yung parang mini-version ng mga linta. "Juice colored shet, Mudra, Mudra!" sigaw niya habang sumusupsop ang mga alimatik sa kanyang mga dugo. Naninigas ang mga alimatik sa kanyang makinis na hita. Marahil nasira ang hymen ng kanyang mga hita. Sabi siguro ng mga alimatik, s*arap tirahin ng pores mo, hindi pa mabubuntis.* Nakakatawa pero kahit baklang bakla si Ganda, maganda pa rin siya at kasing hot ni Megan Fox. Kaya todo alalay kami sa kanya, baka ma-out of balance kasi siya parang puso kong na-fall na sa kanya. Habang si Mojacko na isang kibaling ursula naman ay pinapabayaan na naming dumrible, bahala siya kung gumulong-gulong at kapitan ng mga alimatik. Pero hindi naman namin matiis nang ito'y gumulong gulong at plumakda sa bundok at kapitan ng mga alimatik. Tinulungan namin, baka ma-high blood ang mga alimatik sa kanyang mga sebo. At magka-gremlin ng mga ursulang alimatik. Mukha rin pala siyang gremlin na hybrid na Ursula tapos maitim. Hindi naman sa panlalait pero nagsasabi lang ako ng katotohanan. Basta match naman ang ugali niya at kapangitan niya. At kung ako naman ang tatanungin ninyo, ako si Edward. Oo, hawig ko yung nasa Twilight pero katawang pang-Jake Cuenca at sex appeal ni John Lloyd Cruz. Kaya nga minsan sa baklang mapera ako kumakapit para lang makapag-aral.

"Kuya, punta na raw po kayo dun."

Ano ba ang kapangyarihan ng Diyos ni Naipol? Kahit kailan kasi hindi ko pa siya narinig na sumagot-sagot o magalit? Laging nag-e-angelus ang punto, punto na hiyang-hiya sa hiya. Punto na mukhang diniscriminate ng kasaysayan at lipunan na nagdikta sa kanila na magdasal na lang sila. Kaya siguro hindi lumalaki itong si Naipol, biruin mo trese anyos na pero konti lang yata ang tangkad nito sa isang batang kupido at pakpak niya siguro ang umbok niya sa likod. Pero astig din naman itong si Naipol, may bling-bling kasi siya na ngipin na mala-ginto. Tapos yung pangalan na Naipol ay nag-iisa at natatangi lang sa buong komunidad. Dahil ang mga pangalan lang sa kanila ay puros Simon, Santiago, Mateo, Tomas, Bartolome, Felipe, Juan, Andres, Marcos, at Pedro. At sa babae ay Maria, Abigail, Miriam, at Elizabeth. Iba rin pala ang kulay ni Naipol, hindi siya kayumanggi. Kumbinasyon siya ng sangdaang kayumanggi, di tulad ng ibang Alangan. Sabi nga ni Mojacko, maitim pa sa maitim o ulikba. Stereotype man pero dark chocolate kumbaga. Kahit na ganun, maputi naman ang budhi niya. At maputi pa rin naman ang kanyang mga mata pero brown ang kanyang cornea, yung matang mistulang luluwa pero nasasalag ng pilikmata na parang may extension sa sobrang kapal at haba. At dun

ko siya paboritong titigan dahil dun ko siya laging nakikilala.

“Tara na guys, punta na tayo doon. Let’s go!”

“Bebe Roy, wit. Churva ko lang itey. Nasaan na ba kasi yung hati ko teh?” habang nag-aayos ng buhok si Ganda.

“Bakla nasa baba mo.”

“Bakla ka! Kaka-shave ko lang! Kaloka!”

“Puta ka, nag-shave ka pa! Wala namang magpo-plok-plok at magpu-push diyan.”

“Vaketch ba bakla! Nasa gubat na nga tayo. Magpapatubo pa ako ng herbs. Gaga!”

“Hoy guys, konting bilis at naghihintay na si Edward at Naipol!”

“Ito na Bebe Roy, baklang dragon, bakla ka talaga, bilisan mo diyan nang makarampa na!”

“Bakla ka, yung bangs ko sa batok! Pagoda tragedy naman kasi. Imbiyerna’t mga echosera naman kasi yung may mga buntot na yan. Dito na lang kaya ako? Masisira pa ang beauty ko. 50 golden years na tayo rito at hindi ko kasi kaya carry ang amoy nila. Di ko na bet at keribels. At ayaw naman nila ng mga babaeng walang puday. ”

Nabingi ang talinga (tainga) ng lahat. Gusto kong maging matadero dahil sa kanya, shet sarap niyang katayin! Paano naman kasi, wala naman talagang mga buntot ang mga Alangan. Ang buntot na sinasabi niya, ang itak na nakasabit sa mga baywang ng kalalakihan, hindi yun buntot, yun po ay kultura! Natural sa pag-akyat sa kabundukan, panggagalugad ng bundok (kagubatan sa Alangan), agpasalem (pagtatanim sa Alangan) ng mga balinghoy, pagtawid at paghangoy sa ilog. Ito ang ginagamit nila at paraan para sa survival. Kung totoo lang na may buntot at sungay ang mga sinasabi niyang nilalang. Kanina pa siguro tinuhog yung baboy na 'to. Akala mo naman kung saan galing, sa Pamantasan ng Masa naman nag-aaral! Ako tutuhog dito nang may...

"Forgive me Jesus but Putang ina mong baboy ka! Paano ka ba pinalaki ng magulang mo! Alam mo, sobra ka na eh. Nakaka-high blood ka talaga kaya baboy ka talaga! Gago ka rin eh, ang tagal ko nang nagtiis sa iyo. Hindi lang ako, lahat kami, actually. Alam mong mabait naman kami kaso para kang pelikula ni Wenn Deramas, imbes na matawa kami, lalo kaming nasusuka sa umay. Ang dami naming puwedeng kagrupo, ikaw pang gago ka! Panira ka, akala mo research lang ito na kailangang maka-uno. Buhay ito, realidad ito tulad ng pagsasakripisyo ni Kristo, gago. Kung

gusto mo nang umalis, umalis ka at hanapin mo yung onse mong kapatid. At bumalik ka na rin sa puke ng ama mo para makatikim ka ng Pigrolac. Tang ina ka!"

Amen, nanahimik ang lahat, nawala ang himala dahil sa gulat namin kay Roy na kilalang tahimik at well mannered dahil galing siya sa middle class na pamilya. At nagmumura rin pala ang mga born again na anak pa ng pastor. Araw-araw kaming nagdadasal lead by Roy pero ako ang pinagbigyan ng kung sino mang diyos na ma-turn off si Elvira sa kaniya. Nawalan ng saysay ang pagiging hearthrob niya na tall, dark reddish, and handsome na mixture ng isang mestiso na may pagka-Mangyan. Thank God, it's friday at salamat din na hindi na nakapagsalita at nakaiyak ang baboy. Nakita ko na lang sa mukha niya na gusto nitong sumabog at maglupasay. Parang baboy na naiinitan tapos kailangan mong buhusan ng tubig. Nag-foundation na lang siya at mangiyak-ngiyak na naunang kumembot sa bahay nila Naipol. Salamat, wala na siya at salamat, wala namang sinabi si Naipol na humuhuni at kumakanta naman, banggi ba yun? Naku, huwag naman sana. Humuhuni kasi si Naipol, kumakanta si Naipol? Kung isang awit na banggi nga ito, nawa'y tapusin na niya kaso aabutin siya nang magdamag. Kung hindi niya matatapos baka kami ang maunang matapos. Pero "Pusong

Bato" lang siguro yang kinakanta niyan. Paborito niya kaya yun at may tiwala ako kay Naipol.

"Naipol, pasensiya ka na ah. Sorry talaga."

"Aba'y ayos lang po yun, kuya."

"Ahm, Naipol, ano pala sa inyo ang baboy?"

"Buyok po, kuya."

"Bulok?"

"Buyok po, kuya."

"Ganun ba? Haha. Ano naman sa Mangyan yung maarte?"

"Martiwano po, kuya."

"Ah, parang walang tino lang, wala sa katinuan tulad ni Mojacko. Sorry, corny. Haha."

"Huwag po kayong mag-alala, kuya, magkaka-ayos rin po kayo. At martiwano po talaga yun."

Napatahimik ako bigla. Oo nga pala kahit mukhang maliit si Naipol malaki ang utak niyan kaya lahat masasagot niya. Kaya lang kapag nagmura kaya si Naipol may "po" pa rin ba, tipong: Kuya, tang ina niya po. Ganyan

kasi magsalita si Naipol (Po, Opo, Opo, Siya nga po. Opo siya nga po para sa kultura namin po), ganyan mag-isip at gumalang si Naipol (Kuya sayang yang mga pagkain po; Puwedeng gawing gamot po ang halaman na yan po at kung anu-ano pa na may po)

"Edward, tara let's!"

"Halika ka na Naipol," tumango na lang ako kay Roy

"Bebe Edward, plok, plok, wait lang," bulong sa akin ni Elvira na mukhang ilag kay Roy.

Hindi na namin kailangang isara ang pinto kahit nandun yung lahat ng gamit namin. At mabilis kaming dumiretso papunta sa bahay nila Naipol. Gusto ko pa sanang tagalan dahil ngayon ko lang nasolo si Elvira.

Pero umuulan kaya sa gilid na lang kami tuloy ng bahay nila Naipol dumaan. Lumusot sa nakakatetanong alambre na harang sa bakuran para makarating sa isang tipikal na bahay ng mga Alangan. Isang bahay kubo na gewang-gewang, simple at gawa sa kawayan tapos ang bubong ay gawa sa rattan. Lumulutang ang kubo, sa apat na haligi nitong nakasuporta, suportang lupa, ipot at mga tae na maantot na maantot at umaalingasaw. Sinalubong kami ng inang ni Naipol na may

kargang biik na ang pangalan daw ay Yahweh. Hindi nga mukhang Mangyan ang inang ni Naipol. Mestisang Tagalog na parang puting Nazareno. Payat din, parang mga tao rito, kung may mataba man dito, mga bata na usli ang tiyan tapos mala-jelly fish ang hitsura dahil sa manipis na laman parang si Naipol lang.

"Maalon Pagyabi po!"

"Maalon Pagyabi rin po!"

"Pasok po kayo."

Pinaupo nila kami sa upuan na monoblock at siyempre katabi ko si Naipol. Wala akong pakialam sa pagkanta ni Mojacko ng *Don't make me sad, don't make me cry…Cause you and I, we were born to die.* Mas cute kasi si Yahweh kaysa sa kaniya at mas agaw pansin din ang loob ng bahay, ito ay abstrak at mahirap ma-appreciate. Abstrak man tulad ng reaksyon at mukha ng mga Mangyan sa nagpapatiwakal na kanta ni Mojacko. Matatawag mo naman na tahanan ang bahay nilang mukhang eskinita. Kahit na ang bintana'y lababo rin (gamit ang planggana sa ibaba), kahit walang LPG (ang lutuan nila ay nasa loob, dun sila nagsisiga kahit umusok man ang buong bahay gamit ang sinibak na mga kahoy), at kahit maliit na nga, nilagyan pa ng harang para sa isang kuwarto. *(*Kuwarto ni Naipol kasama ang

kanyang Kakang o Ate). Kaso magugulat ka sa TV nilang Flatscreen (Samsung 40 inches) na may Magic Sing. “Iyan po’y bigay kay Papa ng amo niyang Tagalog na may among puti.” “Ah,” ito na naman si Naipol di mo man tanungin. Isasagot niya lahat sa iyo. “Bago po yang kinagigiliwan dito sa aming baryo. Pero dahil espesyal po kayong bisita, umalis muna po sila.”

Umalis o pinaalis, hindi na ako nagsalita, tumingin na lang ako sa diploma na nakasabit sa pader. “Si Papa po yan tapos po siya ng Civil Engineering”, pagmamalaki nito.

At yun si Naipol na naman ang sumagot ng tanong ko na kahit hindi ko na itanong alam ko na may isasagot siya. Hindi na rin naman na ako nagtataka sa kanilang diploma kasi halos lahat ng tao rito sa pamayanan nila ay tapos sa kursong Forestry, Agriculture, Education, Criminology tapos mga M.A. at Doctor Emiritus pa ang iba. Sabi nga ni Naipol, “Tinutulungan po kaming makapagtapos dito hanggang kolehiyo po lalo na po kung halalan. Lahat po iskolar, lahat po ay pinag-aaral. Pagpipicture-pictureran lang ang sukli kasama ang mga nagpaaral na politiko. Sila po’y magpapagawa ng tarpaulin at ito’y ipo-post sa bayan.”

Sabi pa ni Naipol ang amang niya ang nag-iisang engineer sa buong komunidad at ang

kanyang inang ay nag-iisang hindi Alangan kundi isang Tagalog sa buong komunidad. Ibig sabihin nag-iisa ang pamilya nila Naipol, sila ang pamilyang hindi puro. Kaya pinoproblema nila na hindi sila priority sa mga scholarship tulad ng Kakang niya. Anak na nga ng Mayor ang nasa upuan na nililinis ng kanyang Kakang pero hindi pa rin siya makapag-aral dahil walang kalaban si Mayor sa susunod na eleksiyon. Bawal namang mag-aral si Naipol sa Paaralan ng mga Alangan. Dun siya kasama ang mga Tagalog. Nag-iisa siyang bumababa ng bundok at humahangoy sa ilog para makapasok sa paaralan. Dahil hindi nga siya purong Mangyan.

Gusto kong itanong kung ano naman kung hindi siya purong Mangyan. Ayon sa buong barangay sila naman daw kasi ang pinakamayaman sa buong komunidad dahil nga raw sa mga gamit nila, huwag lang pagmasdan nang buo ang bahay nila. E kahit alam ko na lahat naman ng bahay dito iisa at ganun talaga ang hitsura. Sabi nga kasi ni Naipol, "Alam niyo po kuya, kapag naging bato po ang bahay ng isang Mangyan, utay-utay po silang nagiging masama."

Nagkuwento naman ang kanyang amang na hindi naman malaki ang kita nito bilang engineer sa hyrdo-electronic power plant. Wala siyang pagpipilian, hindi naman siya tinatanggap bilang engineer sa bayan.

Engineer ang tawag sa kanya pero hindi na siya nag-board exam. Natatakot daw siya na maging board topnotcher. Kinuwento nito na nagkaroon lang ng kuryente sa buong komunidad dahil sa planta. Ngunit ang planta ay hindi sa kanila, may pribadong kompanya ang nagmamay-ari nito. Gusto man nila itong kunin dahil ito'y para sa kanila at nararapat na magamit nila. Kailanman, hindi ito mapapasakanila dahil ito ay pagmamay-ari at napatituluhan ng isang Amerikano na kaibigan ng dating mga nag-misyon sa kanila. At ayaw na nilang problemahin ang pagkuha sa planta. Mas pinoproblema nila, nung itinayo ito, lagi na lang nagkaka-landslide sa kanilang lugar sa hindi maipaliwanag na dahilan. Nagkaroon nga ng liwanag ang pamayanan, sila'y nabahiran naman ng dilim ng kaputikan. Dagdag pa ang kanilang kakainin. Imbes na makipagdiyalogo o makipag-usap man lang sa pamunuan ng planta at humingi ng tulong sa pamahalaan, magtatanim na lang sila ng balinghoy na makakain pa nila para magkalaman man lang ang tiyan nila.

"Kuya, nagugunita niyo na po ba ang Maynila po?"

"Iwad (Hindi), natutuwa na kasi ako dito, 'kaw mandin kangay pamangkit palagi dito." Biglang sumingit ang inang ni Naipol. "Aba'y marunong ka na pa lang mag-Mangyan."

"Awun po, konti po, utay-utay."

"Mabuti't natutuwa ka na dito."

Kung ikukumpara sa pinanggalingan ko, natutuwa na ba talaga ako rito sa simpleng pamumuhay nila? Kahit unlimited ang load mo, hindi ka makakapag-call at text dahil walang signal. Natutuwa na ba ako na naririndi ako sa katahimikan dahil walang mga jeep at pamantasang may nagra-rally habang kami'y nagkakaklase? Wala ring internet connection kaya wala kang mailalagay sa "What's on your mind?" Pero, puwede na rin siguro dahil wala yung propesor namin na lagi ring wala sa klase. At kung nandun man, mabobore ka sa Magic Realism, Psychoanalysis, modernism, etcerang ism... Kaya lang, walang pugo, fishball, siomai, at ice cream. Tanging balinghoy, buko, rambutan, champoradong may luya, at nakakapurgang sardinas ang kakainin mo.

Ang komunidad ay paraiso, ito ay perpekto, perpekto kaya binaon na sa limot ng Pilipinas. Uhaw na uhaw pa rin ang Barangay Paitan sa karapatan at apaw na apaw pa rin sila sa kaapihan. Buti na lang at mapayapa pa rin ang kanilang kaisipan. Sa payapang paraan, iniisa-isa na nila ang kanilang karapatan. Halata naman na may daloy at pag-unlad ang komunidad pero mas nagpupukol sila para sa kanilang kultura.

Mapait ang naging kasaysayan ng mga taga-Paitan sa simula pa lang. Nang dumating ang mga Kastila ay inagaw sa kanila ang lugar nila na tinawag na mga pueblo. Niyaya man sila na doon na manirahan, hindi na sila pumayag at kusang umakyat dito sa kasalukuyang lugar na tinawag nilang Paitan. Pero nakikipag-ugnayan pa rin naman sila sa mga taga-baba. Kaso, hindi sila napupuntahan ng nakalipas na kasaysayan. Dahil kahit bulubundukin na itong Naujan, may bundok pa sa itaas nito na Bundok Halkon at napapaligiran sila ng Ilog Naujan. Kaya siguro hindi sila pinansin mula sa pagsugod ng mga Moro hanggang sa pagdating ng mga Hapon. Ngayon lang sila pinapansin dahil maraming nagkakainteres sa mga lupa nila. Buti na lang at sumusulong sila pakonti-konti dahil may nakapag-aral na, dahil tinutulungan nila ang kanilang kapwa Alangan, at hindi nila nakalilimutang ibigin ang kanilang mga ugat at pinagmulan. Hindi man perpekto ang sistema, hindi lang tuwid ang kanilang daan. Patuloy nilang inaayos ang kanilang daan at daluyan. Sa tanong na *natutuwa na ba ako rito*?

Sumisingaw na ang tubig sa takureng iniinit ni Inang. Kaya kailangan talaga ng bumbero sa loob ng bahay nila Naipol. Kakahol-kahol tuloy ang kumakantang si Ganda. Pero sa totoo lang, nasasabik ako kung may ihahain sa amin si inang. Sa palagay ko, meron yan,

siyempre bisita kami. Napangiti ako bigla habang tumutugtog ang *ibuhos na ang beer sa akin ay lumuha na.* Sa wakas matutulak na rin itong mahigit isangdaan na de latang aming inulam. Lumingon at napangiti si Naipol sa akin, bigla akong napayuko sa hiya. Kasi alam ko naman na patay gutom kami sa kanila. Kahit alam namin na hirap sila, nakahihiyang tanggihan ang grasya. Ganyan talaga ang pamumuhay, talagang makikipamuhay sa pamumuhay. Survival at kapal nga ng mukha ang kailangan. Hindi man ako sana'y sa buhay nila na payak at walang pagnanasa sa mga materyal na bagay, masaya ring masanay sa kanilang kultura, mas natutuwa pa nga ako dahil ang mga alangan ay hindi exhibitionist. Hindi sila papansin, hindi sila ang mga tao sa pamantasan na exhibisionist sa teorya, exhibitionist sa Fifty Shades of Grey o kaya'y sa Hunger Games, exhibitionist sa jowa o exhibitionist sa shades (kahit gabi na naka-shades pa rin) at bag na Jansport kahit peke lang naman. Dito, wala nun. Lahat yun, wala nang kahulugan dito. Wala lahat dito!

"Naipol, gusto mo bang sumama sa Maynila?"

"Aba'y ayaw ko po, ang dumi-dumi dun Kuya."

Tablado talaga ako sa mga sagot ni Naipol, may mga pinaghuhugutan talaga kung

magsalita. Habang pinag-aaralan namin ang kanilang pamumuhay, nagtuturo rin kami ng iba't ibang bagay sa kanila dahil ang pagtuturo ay ginawa naming community service. Pero mas marami pa nga kaming natututunan sa kanila. Mas magaling pa sila sa mga titser kahit hindi nga uso ang discussion group dito, laging usapan na alikabok lang sila sa buong bayan. Hindi nga sila napapansin (o pinapansin) ng pamahalaan (maliban na lang kung eleksyon, si Marcos nga lang daw ang huling pumunta sa kanilang presidente). Alam nila ang uri nila kahit hindi ituro ang tatsulok na itinuturo ng mga aktibista. Sistema nila na dapat na magtulungan, omnipresent ang bayanihan. Pagpapanatili sa purong kultura dahil mayaman ang kultura. Ito ang panglaban nila, sa kultura nila'y mahalaga ang kapayapaan. At ang kapayapaan ang tunay na instrumento kung may mga kilusan.

Kumakanta na naman si Mojacko. Masama na kung masama, pero ang sarap talagang ihampas sa kanya ang mga nakasabit na sido, luwag, lisong, at abalang. Nang lumundag si Yahweh sa kaniya, buwaywa at napigilan ko ang naiipong pagkayamot. Napigilan ko man ang sarili ko, hindi na nakapagpigil si Elvira. "Nagkita na ang magshupatid. Achieve!" Nanggatong pa si Amang, "Laknaw po buyok ang oink, oink niya ay parang pagkanta." Nayamot na siguro sa kinakanta ni Mojacko

na *I am beautiful no matter what they say*. Kahit hindi nila maintindihan ang kanta, marahil, naumay na sila. Napakasakit Kuya Eddie at Pusong Bato lang naman kasi yung mga hilig nila. Dito nga kasi, olats si Taylor Swift at One Direction. Tapos si Mojacko, kakanta ng mga beautiful, beautiful pa na may nalalaman. Nagtatawanan tuloy ang lahat, buti nga sa iyo Mojacko, tablado ka ngayon. Ito yata ang stream of consciousness naming magkakaklase. Wala siyang magagawa sadyang walang alinlangan makipagbiruan ang mga Alangan! Mahilig kasi silang makipagkulitan, makipagtawanan, makipagbiruan, at makipagkuwentuhan. Nililitson na baboy na buhay ang pagtili ni Mojacko dahil inamoy pa ng buyok ang puwet niya sa upuan. Lalong natawa ang lahat, "Laknaw sulit" ito ang sinabi ng Inang ni Naipol bago tumayo at pumunta sa kusina na nasa gilid lang namin. Gatong-gatong rin, sobrang sakit na ng tiyan ko. Nang dahil sa salitang sulit na nangangahulugang puwit. Isama pa ang laknaw na may kahulugan na malaki. At natatawa pa ko sa salitang sulit kung bakit ba kasi sulit? Iniisip ko kung kinakalkal ba ang sulit. Ikaw ba'y makasusulit?

Para makabawi naman si Mojacko, nag-monologue na lang ito ng "The Door." Ginagaya niya si Ate Gay kaya kahit papano siya'y nakapag-segway. At bumenta sa mga

Mangyan ang mga hirit at pinaggagawa niya. Tamang-tama, tumugtog ang pinili kong kanta ngunit ayaw ko nang kumanta. Nanlaki ang mata ni Naipol, luging-lugi ang mukha kaya wala na akong nagawa.

“Ang kantang ito ay inaalay po namin sa mga Mangyan Alangan na nakasama namin mahigit isang buwan. Ito po ay isang awit ng pasasalamat. Buwaywa po.”

*Parang kailan lang. Ang mga pangarap ko'y kay hirap abutin.* Walang umiimik sa bawat lyrics ng kanta, ramdam na ramdam ng lahat ang kanta. Umikot ang mikropono mula sa akin, kay Roy, Elvira, at Mojacko. Lahat ay kumanta, lahat ay pantay-pantay, nawala na ang galit sa isa't isa. Kahit hindi namin ito kinakanta, pamilyar ito sa amin. Basta ang alam ko, ito ay kinanta ni Nora Aunor na ni-revive rin ng Join the Club, na original daw ng Florante? E basta ang alam ko, wala talagang umiimik at nagsasalita. Tulala ang lahat sa pakikinig at pagkanta.

Kumulo ang tubig, tumayo si Inang, nag-flash sa screen ang iskor na 100. Nagulat na lang kami, sa wakas huling kanta at huling gabi na sa piling nila at kami'y nakaperfect score pa. “Palakpakan mga bobo,” Ito na naman si Mojacko. Pero masaya, masaya sa gabing ito. “Ayos lang yan kuya.” Kumikinang ang mga mata ni Naipol. Kitang-kita ko na

naman sa kanyang mga mata ang kultura. Matang payak at masigla, matang inosente pero marami nang karanasan.

Sawa na kaming kumanta kaya kami'y uuwi na. "Aba'y saglit lang, kumain at uminom muna kayo ng tinapay at kape." alok ni Amang at Inang. Kape't tinapay, saan kaya galing yan? Wala naman silang tindahan, walang refrigerator, ang layo pa ng bayan. Hindi naman sa pandadaot, ito ba'y pinaghandaan, kasi nakapagtataka lang naman?

Hala, sige na nga kami'y kakain na. Isa-isa kaming binigyan ng mainit na kape. Kahit hindi ako umiinom nito, iinumin ko pa rin, nakahihiya naman kasi. Puro at matapang ang kape pero mas masarap pa raw sa 3 in 2 sabi ni Ganda. Bonus pa ang tinapay na bilog na may kulay pink na kasintigas ng mukha ni Mojacko. Pero masarap pa rin, lahat naman kasi ng pagkain dito simple lang at hindi pasosyal. Masarap talaga, sariwang-sariwa ang lasa. Sa wakas kami'y nakakain nang hindi masikip.

Napansin namin na hindi kami nagyayaya. Kaya, sabi ko "kain po."

"Sige lang po," sabi nila.

Niyaya ko rin si Naipol. "Sige lang po Kuya," sabi niya. Saktong titignan ko ulit ang kultura

sa kanyang mga mata. Bigla itong lumingon, tumalikod, at umalis. Tinignan ko siyang maglakad, papunta siya sa kanilang kuwarto. Sabi naman ng Tatang, “Naliliyo siguro.” Gusto ko siyang sundan kaya binilisan kong simutin ang aking kape, sinawsaw ko rin ang tinapay para lumambot. Said, Edward, saidin mo ang bawat tulo at piraso ng kape’t tinapay. Pagkatapos ng pagmamadaling pagkakainan saktong nagyaya nang umuwi si Ganda, uwi na raw kaso gusto ko pang makita si Naipol lalo na ang kanyang mga mata. Baka ito na ang huling pagkakataon na makita ko siya dahil bukas ng umaga, kami’y uuwi na. Pero gayak na gayak na talaga ang lahat. Wala na, wala na talaga akong magagawa, kami’y uuwi at aalis na. “Tara na guys.” Isa-isa na silang tumayo. “Hoy, Edward tara ketch.” Napasunod ako sa baboy at ako’y napatayo.

“Buwaywa po!”

Ito ang sinabi namin sa kanila lubos na pasasalamat para sa lahat ng ginawa nila. Pasasalamat na walang kapantay at walang hanggan. Isang awit na tulad ng banggi na mahaba at bawal tulugan. Banggi na tila walang hanggan at katapusan. Nagpaalam na kami sa lahat maliban lang kay Naipol. “Aba’y ano na namang nangyari sa kapatid mo?” “Buso kwa kaho, kanina pa po nahihilo.” Sayang hindi ko na makikita si Naipol. Si Naipol na nagkuwento ng lahat. Si Naipol na lagi kong

kausap. Si Naipol na lagi kong tinatanungan. Si Naipol na lagi kong hinihingian. Si Naipol na aking Tagapagligtas! Hindi ko man talaga siya lubos na kilala. Lagi ko naman siyang kasama. Kahit pangalan lang talaga ang lubos kong kilala. Kilala ko naman ang kanyang puso at mga mata. Kailanman hindi ko siya malilimutan. Siya'y nasa sistema na ng aking puso't dugo.

Oro, Plata, Mata.

"Guys ang bagal niyo."

"Ito na nga, mga teh."

"Mag-diet ka naman kasi, teh."

"Ang bagal."

"Kita mo bakla kahit si Bebe Edward na hindi nagsasalita, umimik."

"Aba'y bilisan niyo na!"

"Saglit lang, mga teh. Sorry, sexy..."

Oro, Plato! slowmong tumalbog ang bakla. Bug! Natumba rin ako na kasunod niya. Buwaywa, ako'y ligtas na tumalbog sa lomo ni Mojacko. Nasira ang isang hagdan, limang hagdan na lang. Pagilid ang katawan nito pati mukha. Buti hindi gumulong nung madapa. Agad naman akong tumayo. Mabilis na pumunta si Ganda kay Mojacko. "Oink,

oink." Pumunta rin ang buyok na panay amoy sa sulit ni Mojacko.

"Mga Bebe, tulungan niyo naman akong magbuhat sa baklang bulagta."

Sumilip sa bintana ang pamilya ni Naipol. Kasama rin siyang lumabas. Lumingon ako sa bintana. At nandoon si Naipol nakatitig sa akin, mata sa mata. Ngumiti ako at ngumiti rin siya. Kami'y nagkakaintindihan, pero parehas ba kaming natatawa?

# Isa Pang Bersyon Ng Love Story

*Jhonley Cubacub*

**MAPALOOBAN O LABASAN, HINDI PUWEDENG** hindi kilala si Balong. Kilala rin s'ya sa tawag na Ahas. Ang kuwento, dahil daw 'yon sa mga peklat at tahi niya sa magkabilang braso't katawan. Para kasing may mga nakapilang alupihan (sa braso). 'Yong sa tahi kasi, ginagawa niya raw panalag ang kanyang mga braso. Sobrang kati rin daw kasi talaga ng mga kamay nito dati no'ng teenager s'ya. Kaya madalas siyang hagarin ng saksak ng may-ari o ng katiwala ng bahay na kanilang pagnanakawan (ang paborito niya'y sa may subdivision, sa ngayon s'ya agad ang napagbibintangan kapag may

nawawalang mga gamit dito sa amin). Gano'n din nang magkasulutan sila ng kasama n'ya. Nagka-onsehan. Nagkagulangan. Nagkasaksakan. Kaya sa sobrang phobia ng kasama niya, nagkusa na lang na umalis sa looban. Ni hindi ko pa nga ito nakitang nagsuot ng damit. Pinagmamalaki siguro 'yong burdadong nakuha sa kulungan dati – na isang ahas, na ang buntot ay nasa kanyang leeg, at nakapulupot sa kanyang katawan. Hanggang baywang lamang ito at kapag may suot na pang-ibaba'y hindi mo makikita ang ulo. Hindi rin masyadong halata, dahil sa mga alupihan. At 'saka malapit na rin kasing maging kakulay ng kanyang balat ang burdado.

**AT ITO NGA,** nagwawala na naman si Balong. Tulad ng dati, ginagawa n'ya pa rin ang kanyang ritwal. Lagi kasi nandon sa may bungad ng looban. At ang paborito n'yang oras ay 'yong mga bandang pa-ala-singko ng hapon. 'Yong pa-rush hour. 'Yon kasi talaga ang trip n'yang oras. Kaya kapag gano'n na, ang gagawin nito'y magsisisigaw lang, magwawala. Tapos haharang sa daan (minsan nakaupo minsan naman nakatayo pero mas madalas nakaupo). Ang kinakatakot kasi ng mga dumaraang hindi nakakakilala sa kanya'y kapag may hawak itong bote ng pulang kabayo. Baka raw kasi magbasag do'n tapos isaksak sa kanila. Kaya 'yong iba, sa

sobrang takot, naghihintay na lang ng taong malalakas ang loob na dumaan at doon sila sumasabay. Kaya kung bago lang talaga dito at hindi mo talaga siya kilala, malamang na kabahan at matakot kapag dadaan sa may bungad papasok dito sa looban (lalo na kapag pa-rush hour).

**SAGLIT S'YANG NAPATIGIL** sa pagwawala. Nakita niya ang kanyang anak na si Abubot, na Riza ang totoong pangalan, kanyang panganay na babae. Ang buhok niya'y mukhang isang linggong hindi sinusuklay, kaya mukha ng alambre sa tigas. Para ring nagsesebo ang balat na akala mo'y sponge na panghugas at hindi natutuyo/ nawawala ang bula. Nakaupo ito sa may tapat ng suking tambayan ng mga manginginom, nagdadamo, nagra-rugby, isama mo na 'yong mga nagtutulak at gumagamit ng bato. Nakapuwestong pang-five hundred. Matalim ang tingin tulad ng ahas na nag-aabang ng tamang pagkakataon para umatake. Tinitingnan pala si Nunoy na kanyang kuya sa ina. Na ewan kung saan din kumuha ng utak. Utal. Hindi marunong magbasa at magkuwenta. Malas na bata. Kung bakit naman sa dinami-raming puwedeng maging kamukha, sa ina pa nagmana. Iyon, kaya kahit bata pa'y mukha nang matanda.

Kalaro no'n ni Nunoy ng teks ang mga kaibigan niya at inoobserbahan lang

ni Abubot ang nangyayari, hanggang sa napansin niya na dinudugas ang kuya, siya na mismo ang nagkumpronta sa mga kalaro ng kuya.

"Madugas ka ha!"

"Epal, 'di ka naman kasali."

"Madugas ka, iniipit mo 'yong pato mo e."

Habang si Nunoy pangiti-ngiti lang talaga, walang imik.

"Anong inipit? 'Di ka kasali dito, d'un ka nga sa lungga mo, Snake." Tumutulis pa ang nguso ng bata.

"Ginugulangan mo 'yong kuya ko e," hindi na nakatiis at sinugod na ang kalaro ng kuya. Hanggang balikat lang kaya kitang-kita ang pagkabansot ng bata.

"Pakialam mo ba? D'un ka nga Snake." Lalo pang tumutulis ang nguso.

"Tangina mo ha!"

"Tangina mo rin!"

"Gagu ka ha!"

"Mas gagu ka, Snake!"

"Snake pala, ha!" Straight sana sa tiyan ang gagawin. Kaso yumuko. Sapol ang mukha,

parang barumbarong na nagiba. Ngudngod sa sementong mamasa-masa. Tulo ang dugo sa ilong, gasgas pa ang mukha. Nang maka-recover, isang matalim na tingin ang binigay kay Abubot. Sabay ngawa. Naglulupasay.

"Gagu ka! Tangina mong Snake ka!" Tulo ang sipon na may kasamang dugo.

"Susumbong kita sa mama ko, gagu kang Snake ka! Tangina mo!"

"Tangina mo ka rin! Iyakin ka naman e." Siya naman ngayon ang matulis ang nguso.

Karipas naman nang takbo ang kalaro ng kuya. Humahagulgol sa daan dala-dala ang mga text na anime. Habang nakangiti lang si Nunoy.

"'Di talaga marunong 'to e. Tanga mo kasi e." Lumapit si Abubot kay Nunoy.

"Bobo mo talaga, dinudugas ka na e."

Narinig ulit ni Abubot ang iyak ng batang kalaro ng kuya na nabigyan n'ya ng isang straight sa mukha. Palakas nang palakas habang papalapit. Napatingin s'ya kung saan ito nagmumula. Nang makita ni Abubot na paparating ang sinapak na bata habang humahagulgol at lalo pang inaartehan ang pag-iyak para mas kampihan ng Ina.

“Ma!” turo kay Abubot. “Yan ‘yong sinasabi ko sa’yo.” Pinapapangit pa lalo ang mukha para mas makumbinse ang Ina na siya’y inosente. Nanlaki ang mga mata ni Abubot, sabay takbong marathon papunta sa looban.

“Sa’n bahay n’yo?” Tanong ng babae kay Nunoy.

Ngumiti lang si Nunoy.

“Sa’n sabi bahay n’yo.” Nanlalaki ang mga mata.

Ngiti pa rin. Hanggang sa maasar na ang babae at pinagdiskitahan ang anak na nag-iinarte.

“Ikaw kasing bata ka!” Palo sa pwet ng pekeng manipis na tsinelas na Banana Peel.

“Putangina ka! Wag ka nang lalabas. Siraulo ka talaga. Pasok sa bahay. ‘Wag kang lalabas animal kang hayop ka.”

Lalong kinantsawan ng mga tambay ang bata. Lalo lang rin pinalo at pinagmumura ng Ina ang anak.  Na naging dahilan naman para matuwa ang nanunuod na tatay ni Abubot na si Ahas.

*Ahas talaga, manang-mana sa akin.* Naibulong niya sa sarili. Sabay ngisi.

**NAPANSIN N'YA RIN NA NANUNUOD** ng nagka-kara y krus sa isang umpukan ang isa pa niyang anak na sumunod kay Abubot, si Ricky. Na kilala naman sa tawag na Cobra, kasinggulang daw kasi ito ng kanilang ama na kabaliktaran ng kuyang si Nunoy. Sa kapayatan na akala mo'y isang tingting. Kabansutan na parang singtaas lang ng tatlong bote ng 1.5 na coke at kalakihan ng tiyan na mukhang butete. Kaya pagkakamalan mong pitong taong gulang pa lang kahit dose na. Kahit anong laro sa baraha ay alam, lalo na kapag may taya.

"Ricky!" Sigaw ni Snake sabay taas ng bote. Senyas ng kamay.

"Teta lan." Sabay kamot sa batok.

"Iuuntog ko 'yang ulo mo! Lumapit ka dito!" Pasigaw na tawag ng Ama.

Sa takot ng bata'y agad na tumakbo palapit sa Ama.

"Ano nun?" Pagdadabog ni Cobra.

"Tangina mo!" Sabay ni Snake kay Cobra. "Nasaan mga kapatid mo?"

"Na ka mama ehh."

"Nasaan ba 'yang nanay mo?"

"Ean ko, nasa baay 'ata"

"'Hanapin mo 'yong ate mo. Magpatapon na kayo ng basura." Isang ambang suntok ang ginawa ni Balong na siyang nakapagpakaripas ng takbo ni Cobra.

Kapag gabi'y oras na ng trabaho para kina Abubot at Cobra. Sila ang kumakatok sa mga bahay-bahay para magtanong kung sino ang magpapatapon ng basura. Patungo sa pinakadulo ng looban na mula sa yero at kahoy, hanggang sa maging karton ang itsura ng haligi, dingding at bubong. Salamat na lang rin sa mga pulitiko at malaki ang pakinabang ng mga tarpaulin na kanilang pinamigay noong nakaraang eleksiyon. 'Yong mga tao naman, sa sobrang awa, kahit wala talagang laman ang basura, ipapatapon para lang makatulong.

"Patapon?"

"Wala pa e."

"'Te, patapon po?" Minsan, 'yong mga nagpi-feeling mayaman sa amin, pinapabayaan lang silang kumatok at magtanong. Ang masama pa, hinahayaan nilang tahulan ng mga alagang aso ang mga bata.

"Mamaya na."

"Masyado pang maaga."

"Wala pang alas otso."

Kahit maaga pa, nagpapa-reserve na sila sa mga tao na sila ang magtatapon ng basura, para hindi maunahan ng ibang mga bata.

“Tapon?”

“’Te, patapon po?”

“’Te may basura kayo? Patapon?”

Pagsapit na ng mga bandang ala siete, nagtatrabaho na sila (ni Abubot at Rico). At eksaktong tapos na rin ang oras ng pagwawala ni Ahas, ang punta na niya ngayon, sa tambakan ng basura dala-dala ang pamitpit ng lata. Pagsasama-samahin naman ang mga nakuhang basura at isasakay na sa ginawa nilang maliit na kariton. Ito ang pinaka-oras ng kanilang trabaho. Naghahanap ng puwedeng pakinabangan. Hindi na nga nila alintana kung gaano kabaho ang mga basurang tinatambak ng mga tao na parang expired na durian. Basta sila, buong sigla nilang kinakapa ang mga ito upang makakita ng puwedeng gawing kalakal, gaya ng plastic, karton, lata, at mga sirang gamit na puwede pang remedyuhan. Inaabot sila doon ng hanggang alas dyes, kasi ‘yon ang oras na hahakutin na ng truck ang mga basura. At kapag tapos na, iipunin ang mga nakuhang kalakal, para maibenta kinabukasan. At ‘yon na ang panggastos nila sa maghapon.

**NAKAPAGTATAKA LANG** at hindi pa tumitigil sa pagwawala si Ahas. At hindi pa pumupunta sa may tambakan para simulan ang trabahong manguha ng makakalakal.

"Ano? 'Kala ko ba naawa kayo sa'kin," pause – mga 10 secs. "Ako? Ako ang siga dito." Pause ulit. "Kung talagang matapang kayo, lumapit kayo dito." Pause. "Dito sa harap ko, nang makita n'yong hinahanap n'yo." Garalgal na paos na parang galing sa lumang radyo, na may lumang baterya. Tuloy-tuloy lang siya sa pagwawala pero dinadaan-daanan lang naman siya ng mga nakakakilala.

Nagkataon naman na may bagong taga-looban at hindi kilala kung sino siya. Sa sobrang takot ay nagpatawag ng Tanod.

"Manong! 'Yan sinasabi ko sa iyo." Sabay turo ng dalaga kay Ahas.

Isang malaking "Ah" na kita ang ngalangala. "Wala yan, ganyan talaga 'yan."

"Anong ganyan talaga 'yan?" Lalong kinakabahan.

"'Wag kayong matakot d'yan." Iling. Sabay tawa ng tanod.

"Nakakasagabal manong!"

"Tsk," iling. "Sige, diretso lang kayo." Ngiti.

“Manong?” Gulat na gulat.

“Ate, magtiwala ka.” Taas ng dalawang kilay. “Kilala namin yan, ganyan talaga yan. ‘Di yan nananakit. Mabait ‘yan.”

**SALAMAT NA NGA LANG KAY** ate Felly Ngongo, mas kilala sa tawag na Ngongi. Si Ngongi na ang paboritong kulay ay ang dilaw at itim. Nangingitim ang kanyang balat lalo na sa gawing kilikili at singit-singit, pero naninilaw ang mata at ang ngipin. Na ang buhok niya ay kulay kalawang pero hindi naman tininahan. Ngongi ang tukso sa kanya, para raw kasing naputukan ng Five Star ‘yong labi, ang kaibahan lang, sa kanya, wala na raw dugo at sugat. Kaya kung magsalita, kailangan mo talagang ipaulit at ipadahan-dahan para maintindihan. Ito lang rin daw kasi ang nakapagpabago kay Ahas na dating magnanakaw at akyat-bahay. Sabi kasi ni Ngongi (dati), kung hindi raw siya magbabago sa ginagawa, hindi niya raw ito tatanggapin na asawa, kahit hindi naman talaga sila kasal at nag-aanuhan lang. Sa totoo lang, tutol ang mga magulang ni Ngongi sa kanilang dalawa. Maatim mo naman daw na may anak na kay kuya Amulong (si Nunoy nga ‘yon). Na isang lalaking maganda ang trabaho’t may posisyon sa munisipyo, na kahit lagas na ang buhok ay kita pa rin raw ang kakisigan at kagwapuhang (ayon sa mga magulang ni Ngongi) taglay nito. Isa pa, malaki raw ang

maitutulong nito sa pagpapaaral sa limang kapatid ni Ngongi (at siya ang masigasig na tagalako), lalo pa't hindi sumasapat ang kita sa pagtitinda ng meryendang banana que tuwing hapon. Tiyak rin daw na mababawasan ang limang page ng notebook na utang nila sa tindahan ni Aling Lily. Ang suking tindahan ng mga mangungutang sa looban. Na masaya na kapag hindi siya binayaran ay nakakadakdak nang one to sawa, na okey lang naman sa mga hindi makababayad ng utang. Kaso, hindi raw maintindihan ng kanyang mga magulang kung bakit nito pinagpalit sa isang magnanakaw na wala raw pangarap sa buhay. Sagot ni Ngongi, kapag sinusumbatan siya ng magulang, hindi raw niya ito type kahit pa nga may anak sila na si Nunoy. At saksakan daw ito ng pangit. No'ng dati, nagkaroon ng problema, kasi ipinagbawal na ang pagtatapon sa kalye (puwesto nina Ahas). Katwiran ng mga taga-barangay, doon na lang itapon sa kabilang hi-way, kasi raw parehas lang naman at nakakapagpasikip pa ng daloy ng trapiko. Dagdag pa'y isang tawid lang, andon na ang pangalawang tapunan ng basura. At para makasigurado, ang dating puwesto nina Ahas, lagi nang may nagbabantay na tanod para matiyak na walang magtatapon doon. Kaya nakipuwesto na lang sila sa ibang mga basurero sa kabilang hi-way. At dahil puwesto 'yon ng matandang basurerong kita ang loob ng bibig kapag

ngumingiti, nagkaroon ng konting alitan sa pagitan nina Ahas. Hindi rin naman nakatiis ang matanda dahil nauunawaan niyang may pamilya si Ahas, kaya't napagkasunduan nilang hatiin na lang ang puwesto. Sa kanan ang sa matanda at sa kaliwa nama'y kanila Ahas. Ang mga nakakikilala kay Ahas (sa kabilang hi-way, sa 'min) sa looban at labasan ang nagtatapon sa kanyang puwesto. At vice versa. Pinagpapatong-patong ni Ahas ang mga basurang nakalagay sa sako para makagawa ng square. At sa gitna, doon ihahagis/ilalagay/itatambak (o kaya iaabot sa kanya) ang mga basura ng mga taong nakakikilala sa kanya.

Minsan, dahil nga hindi sapat ang kita sa pagbabasura, dumidiskarte rin si Ngongi para magkaroon ng dagdag kita. Sa kanya kasi ipinaiikot at ipinalalako ang mga item na gustong ibenta ng mga tao. Kadalasan, ang mga suki niya ay mga tagalabasan at masigasig siyang nagbabahay-bahay sa looban para maglako. Nilalagyan niya ng tubo at 'yon na 'yong pinaka-commission niya r'un. Minsan walang bumibili. Minsan mayroon. Minsan rin binabarat pa siya. Kung kaya minsan talaga, para lang siyang tumulong sa nagpapabenta kahit walang kapalit. May mga mababait naman na binibigyan na lang sila ng ulam at soft drinks bilang tulong.

Si Felly na karga ang bunsong anak at kasunod na naglalakad ang ikatlo nilang anak, nakitang may tanod na sumisita sa asawa sa pagwawala. Pati na rin ang babaeng nagrereklamo at hindi malaman kung anong gagawin, nag-aalala na baka sa susunod na araw ay magwala ulit ang inireklamo. Napailing na lang ito at agad na naglakad upang puntahan at lapitan ang asawa na mukhang walang makapipigil kundi siya lamang.

"Umingil ka na nyan," sabay kindat sa asawang si Balong.

Nginisihan ni Ahas ang asawa. Sabay iling. Ilang segundo'y agad na binasag ang hawak na bote ng Red Horse. Pero wala pa rin s'yang nakuhang atensyon ninuman.

"Kapag nakita mo 'yong mga bata! Sabihin mo dumiretso sa tapunan ng basura. Sila ang mangalakal ngayon." Tumango lang si Ngongi, hindi na hinintay pa ang sunod na sasabihin ng asawa. Agad na bumalik ulit sa kanilang bahay na sinundan naman ng tingin ni Ahas habang nakangiti't kita ang naninilaw na ngipin.

Tyempo namang nakita niya ang dalawang anak na may mga dalang basura. Tinawag nito si Abubot at sinenyasan na lumapit na

parang barker na nagtatawag ng pasahero sa isang jeep.

“Pagtapos mo d’yan,” dinuduro ang ulo ng anak, “puntahan mo ‘yong mama mo sa bahay. Kunin mo ‘yong kapatid mo at bantayan mo.” Alisto naman ang bata at ang sagot ay “opo” na may kasamang maraming pagtango. “At Ikaw,” binaling naman ang tingin kay Ricky na nasa likod ng ate, “mangalakal ka muna pagkatapon niyo ng basura.” Habang tinatapik ang kanang balikat ng batang lalaki. Tumango lang si Cobra.  At sabay na tinungo ng magkapatid ang tambakan ng basura. Gabi na, kalma muna si Balong. Mamayang konti, mabubuhay si Ahas. Naghihintay na si Felly.

# Anting-Anting sa Sunog-Apog

*Renato C. Vibiesca*

"'San ka, Chito?"

"Yosi lang, 'Tang. Break muna."

"Bukas deliver nito…"

"Yakang-yaka 'yan, 'Tang."

Yosi muna para maisip ko kung ano'ng diskarte. Pa'no ko mayayari 'yang lintek na order? Ba't kasi hindi nagpakita ngayon si Mona?

"Dapat naghanap ka muna ng ibang mananahi, baka hindi na pumunta si Mona, tanghali na."

"Ako'ng bahala, 'Tang."

Lalamayin ko na lang mamaya. Text ko kaya si pareng Arnel para may ka*jamming* ako sa lamay. Tama! Isaw at long neck lang katapat nun.

"'P'reng Tochi! May papakita 'ko sa 'yo… kailangan lang kasi talaga ni bayaw ng datung."

"Alaws akong pera, pareng Aris."

"'To naman, 'di mo pa nga naaaybol, olats agad sa 'yo."

"Ayaw mo pang maniwala na 'ala pa nga 'kong pera?"

"'Wag kang ganyan… baka lalo kang mawalan ng datung. Steady ka lang d'yan, kukunin ko. Balikan kita, pre."

Nakabalik agad ang loko. Siguradong mapapayosi uli ako sa ibebenta nito.

"Kanino mo tinira 'yan?"

"Gago, 'di nenok 'to. Sa bayaw ko 'to, pinabebenta lang. Mahigpit pangangailangan, pre."

"Kumita na 'yan, pre. Pati bayaw ginaganon?"

"Tangna 'wag na nga! Tamang hinala ka. Ba't ko naman tataluhin si bayaw?"

"Ano'ng gagawin ko d'yan?"

"Gulong ng racer 'to, pre. Orig 'to!"

"'Orig? Ala naman ako'ng bisikleta, 'lam mong makinang panahi ang pinapadyak ko. Makakabit ko ba 'yan sa makina? Naghahabol pa naman ako ng delivery bukas."

N'ong isang Linggo, hawla ng ibon ang binenta sa 'kin ni mokong, kahit 'ala kaming ibon. Buti ginawang panghuli ng daga ni Tatang. Heto na naman…

"Magagamit mo rin 'to, saka mura lang 'to, p'reng Chito, 'sang libo lang."

"Ha?! Ulul! 'Ala 'kong ganun!"

"Magkano gusto mo? Tingnan mo muna kasi… hawakan mo, bago pa 'to."

"Hoy Aris! 'Wag mong b'wisitin negosyo namin, maraming tahiin 'yang si Chito!"

"Aalis na 'ko, Ninong! Ano, pre…?"

"Umalis ka na! 'Wag mo 'kong matawag-tawag na Ninong!"

"Ano pre? Pinagtatabuyan na 'ko ni Ninong."

“Bukas pa nga ‘ko magkakapera.”

“Kahit kalahati na lang, 500. Kunin mo na kesa sa iba ko pa ibenta.”

“Pagkadeliver ko bukas ng mga sumbrero, balik ka.”

“Sige, 300. Presyong kinakapatid na ‘yan, pre. Mabili mo lang. Kunin mo na, baka ‘di ko maabutan si bayaw.”

“Tukmol! Sabihin mo baka ‘di mo maabutan si Erning Sungay sa kanto ng Sunog-Apog! Mauubusan ka na kasi ng bato!”

“Gago, nagbago na ‘ko… good boy na ‘toits! ‘Di na ‘ko umiiskor. Droga? Dehins!”

Pailing-iling pa. Ako pa lolokohin ng mokong na ‘to. Dati, padamo-damo lang, ngayon laging bato ang hanap. ‘Kala mo may maayos na trabaho. Buti na lang masipag maghanapbuhay misis n’ya. Iniipit ko nga ‘tong kargada para may bala ako sa lamay, saka naman mangungulit.

“Kung gusto mo, ‘to 150, balikan mo bukas ang kalahati.”

“Teteng! Ginawa mo pa ‘kong bumbay, ba’t ‘di mo pa binuo?”

“Tangna! Pang Empi ko nga dapat mamayang gabi ‘to, e! Ayaw mo ba?”

"Akina! Pahits na lang ng yosi! Ayusin mo si Ninong… kumukulo na naman dugo sa 'kin. Bukas ha?"

Kapalmuks talaga 'tong kupal na 'to. Kung 'di ko naman pakisamahan baka lalong mapraning at pati kami'y mapagtripan.

"Aalis na 'ko, Ninong! Este… Tatang Nato!!"

"Damuhong 'yon, a! Lalayas na lang minura pa 'ko!"

"Hayaan n'yo na, 'Tang. Ganun lang talaga 'yon. Banat na tayo uli. Tabasin n'yo na lahat ng tela para mamayang gabi kumpleto na titirahin ko."

"Sabi mo, e. Siguraduhin mo lang na makadeliver bukas."

Siguradong jingle at yosi lang pahinga ko nito. Kung makaorder kasi wagas, 260 na ulo… kinabukasan agad deliver! Matapos ko kaya? Buti na lang nasa kundisyon ang mga alaga kong makina. 'Wag lang totopakin baka madiskaril ang diskarte sa pananahi.

"Kuya Chito, p'wedeng magpatabas?"

"Ang dami kong tahi ngayon, Lenlen."

"Paistorbo Kuya, please…kailangan ko 'to bukas, tabas lang naman sa laylayan."

“Markahan mo na. Iwan mo na lang.”

“Kuya, baka hindi mo tabasin ‘to, ‘ala ‘kong magagamit bukas.”

“Tabasin kita d’yan, e. Iwan mo na nga, pati bayad mo, sakwenta.”

“Bakit doble? Bente singko lang, di ba?”

“Pag rush, mahal talaga, binabayaran ‘yung pang iistorbo. O sige, ano’ng gusto mo sakwenta o sarap?”

“Gagu! Sumbong kita kay Ate Vina. Dagdagan ko na lang sampu, para 35.”

“Sige na, istorbo ka. Joke lang ‘yun, baka masabi mo kay Vina my lab.”

“Haha! Takusa ka rin pala! Bukas na lang bayad para sigurado.”

Tangna! Madilim na pala. ‘Di ko man lang namalayan ang oras. Ba’t kaya ‘di sumagot sa text si pareng Arnel?  Sira ‘ata ‘tong cell ko?

“Uy! Nagring! ‘Di pala sira… Paktay! Si Vina my lab! Ehemmm… A, hello…”

Namumuro na ‘ko kay my lab. Dapat pala dumaan muna ‘ko sa kanila kanina bago tumira ng trabaho. Tanga mo Chito!

"Kala mo naman napakalayo mo, sampung hakbang lang nandito ka na sa 'min, 'di ka man lang dumaan ngayon. Hmp!"

"Ang sama kasi ng pakiramdam ni Tatang ngayon, 'di ko maiwan… 'Lam mo naman si Tatang 'pag may sakit naglalambing. Saka may rush akong tahi."

"Chito, nakaluto na si Inang mo, maghapunan na tayo."

"Teka lang my lab… Mauna na kayo, 'Tang!"

"'Yun ang sabihin mo, madaming trabaho, pati si Tatang dinadamay mo. Ano bang Citizenship mo, Russian?"

"Ano'ng Russian?"

"Lagi mo kasing palusot rush yan, rush yan! Lahat ba ng tahi n'yo rush?"

"'Di ko agad na gets un, a? Joker ka rin pala?"

"Ano'ng joker? Hoy Joselito! 'Di kita tatawagan kung 'di ako seryoso."

Yari ako! Baka matantusan 'yung puro! Banat mo na 'yung pangkiliti mo, Chito!

"Nga pala, bukas pagkadeliver ko labas tayo… kasi may ibibigay ako sa 'yo. Sorpresa 'yun."

"Ano naman 'yun?"

"Sorpresa nga, e. Bukas na lang, my lab."

"My lab lab ka d'yan! Siguraduhin mo bukas, Joselito. Bibinggo ka na!"

"Oo nga, sure na 'yun."

"'Wag kang maglalasing. Daanan mo 'ko bukas. 'Ge na."

Kagat! Pogi mo talaga Chito! Teka? Ano nga ba ibibigay ko kay my lab? Bukas na nga lab life, libog muna sa trabaho ngayon. Makayosi nga. Tangnang Arnel 'yun a… iniisnab text ko.

Shet! Heto na naman si mokong Aris. Baka amats na 'to? P'wede kayang pagt'yagaang kajamming sa lamay 'to?

"'Preng Tochi! Dala ko na Empi mo. Saka 'to na 150 mo."

"Bakit?"

"Gagu nabenta ko ng 'sang libo 'yung gulong, kaya balik ko na pera mo kasama pa tubo, long neck Empi."

"Langya ka, Aris, 'di ko napansin na dinala mo rin pala 'yung gulong na binenta mo sa 'kin, kala ko iniwan mo dito kanina."

“Kita mo naman, nakadenggoy ako ng buyer. Iba talaga ang bangis ni Aris! Gising pa ba si Tatang?”

“Pagkatapos maghapunan, aakyat na ‘yun.”

“’Pag akyat, tagay na natin ‘to, pre.”

“Tado ka, baka umiskor ka na? ‘Di ‘ko pede ngayon, lamay ‘ko sa trabaho.”

“Shot shot ka lang.”

“Puntahan mo kaya si pareng Arnel.”

“’Yun lang, nautusan pa ‘ko... ’Ge, orbits lang ako, ‘tas daanan ko si pareng Arnel mo. Patulugin mo na si Nongni, pre.”

Sana lang nasa haybol niya si pareng Arnel. Para naman may matino akong ka-jamming habang rumaratsada. Kung ‘di lang talaga kaliwaan bayad ng order na ‘to, ‘di ko pipilipitin itlog ko sa pananahi. Pagka-deliver sa Binondo… Tama! Dadaan ako sa Soler, sa 168 na ‘ko maghahanap ng pang-sorpresa.

“Uy! Pareng Arnel! Dinaanan ka ni Aris?”

“Oo, ‘di ‘ko nakareply sa text mo kanina, ‘ala ‘kong load. Dami mo yatang order, paldo ka n’yan bukas.”

“’Yun e kung matapos ko. Tangna bahala na! Pitpitan ng betlog sa makina ‘to. Pagkakain natin tagay mo na ‘tong Empi, pre.”

“Nakatsibog na ‘ko. Boyscout a… laging handa ang long neck!”

“Si Aris sponsor n’yan. Shot lang ako pre, pampainit sa trabaho, ‘lam mo namang para ‘kong diesel na sasakyan.”

“Ano’ng tanpuluts natin, pre?”

“’Diskarte ka, ‘yung peborit mong isaw saka crispy chicken neck, dun kay Aling Cookie, ‘tong 50.”

“Shoot!”

Pitumputpitong ulo na. Demet! ‘Ala pa ‘ko sa kalahati. ‘Di bale mahaba pa ang gabi. Idlip muna kaya ‘ko? Pero tomjones na mga alaga ko sa t’yan. Makabogtsi na nga.

“Chito, akyat na kami, ‘kaw na bahala d’yan. Makadeliver ka ba bukas?”

“Matulog na kayo, ‘Tang. Panis sa ‘kin ‘yan. Bukas may pera ka na.”

“Dumaan ka ng ‘Soria, sa Juan Luna, bili ka ng pang-opisyal, ‘yung dating tela pang-overseas cap. Walong yarda lang.”

"Yes, sir!"

Walang panama mga sundalo sa 'kin nito, 24 oras nakasalang sa giyera. Ang lalaking walang kapaguran. 'Wag lang mauubusan ng yosi.

"O, 'san kayo nagkita?"

"Nabunggo ko 'tong pogi mong kumpare kina Aling Cookie. 'Pre, bumili pa 'ko ng isa, baka mabitin tayo."

"May bala ka pa, ha? Kayo lang ni pareng Arnel magtatagayan. Sana pala Empi light na lang dinagdag mo."

"Gising pa ba si Ninong? Kukuha ako ng plato lalagyan ng pulutan."

"Diretso ka na sa kusina, 'wag ka lang kakalansing, tulog na 'yun."

"P'reng Chito, meron ka pa ba d'yan? Bili lang ako ng chaser natin, ice tea."

"Ito, dagdag ka yosi, puti sa 'kin, bili ka na ring pula sa 'yo, pre."

Buti na lang mahaba ang gabi sa Tundo. Pamorningan ang laban. Ang daldal pa ni Aris. Daming kuwento. Iba talaga nagshashabu. Hyper. Ayos 'to para 'di agad tamaan si pareng Arnel.

"Sa 'yo nang tagay."

"Unggoy! Katatapos ko lang!"

"Tangna n'yo, dadalawa kayo d'yan… nagdadayaan pa kayo sa tagay."

"Tangna ka d'yan, tagayan kita, e… pirmis ka lang sa makina mo."

"O, Aris, sa 'kin 'tong tagay na 'to, ha? Maliwanag 'yan."

"'Yan! Pakita mo."

Ilan na ba 'to? Teka… 1, 2, 3, 4, 5…

"Bilang ka nang bilang, pre. Padyak mo lang ang makina. Matatapos din 'yan, 'wag mo munang bilangin, natatae 'ko sa ginagawa mo."

"Gago, tinatantiya ko lang, baka abutan ako ng liwanag, matutunaw ako 'pag 'di natapos 'to. 'San na ba'ng…? Kinatok mo 'ata lighter ko, pasindi nga."

"Hayan o, ba't ko kakatukin 'yan? 'Di naman ako kapanalig ni Erning Sungay."

Lintek! Nasa 125 na ulo pa lang… Resbak ako after 5 minutes.

"Lagi mong kaaybol 'yun sa kanto ng Sunog-apog. Magkamukha na kayo, Aris."

"Erning Sungay? Big time naman kung tumalo 'yun, pre. Kaya laging may epektus na bato."

"Gago kakabato mo, 'di mo na 'lam mga pinaggagawa mo."

"Alin? Makapagsalita ka naman, Chikito… wagas!"

"Ulul! Misis mo nagkuwento, di ba pareng Arnel?"

"Oo, tawa nga 'ko nang tawa kasi nung isang linggo daw, madaling-araw nang bumili ka ng 'sang sakong kamote sa Divisoria, 'tas binuhat mo lang, naglakad ka mula 'Soria hanggang makarating dito sa Gagalangin."

"A, 'yun? Tangna! 'Sang linggong sumakit katawan ko 'nun. Ang masama pa nun… galit na galit si Edna dahil 'sang linggo rin kaming nagtinda ng kamote sa tapat ng bahay namin."

"Ulol ka kasi, e. Ano ba'ng sumapi sa 'yo? Ba't mo ginawa 'yun?"

"'Wag na, 'di naman kayo maniniwala. O, pareng Arnel, tagay."

"Sa 'kin na naman?"

"Hindi. Pinapakita ko lang 'tong baso, sa 'kin toits. Para maliwanag sa malinaw."

"K'wento mo na, ano'ng sumapi sa 'yo non, siguradong benta 'yan."

Sabayan ko k'wento mo ng ratsada ng makina. Anumang kaululan 'yan, 'di papatalo tirada ng alaga ko. Kalahati pa tatahiin kooo!!!

"'Wag kayong tatawa sa kwento ko, papatulan ko kayo!"

"'To naman, daming pasakalye… kwento mo na, iiskor uli ako ng isaw pagkatapos mo bumangka."

"'Pre, kunyari lang sumakit wankata ko, ang totoo n'yan lumalakas talaga 'ko dahil dito sa kwintas na 'to."

"Ano 'yan? Patingin?"

"Matahin mo lang, 'wag mong hawakan, baka mahigop mo ang bisa."

"Ano ba 'yan? Anting-anting?"

"Oo, preng Tochi. Galing pa 'to sa Lolo ko sa talampakan."

"Ha haaay! 'Ala 'yan sa Lolo ko… galing sa Quiapo anting-anting n'ya!"

"Gagu totoo 'to, 'Nel. Tingnan mo 'tong nakasulat, 'di ko nga mabasa, e. Latin daw yata 'yan."

“Hindi, parang sinauna ‘yung letra. Alibaba!”

“Tungak! Alibata! ‘Di naman daw totoo ‘yun. Baybay yatang tawag dun.”

“Sabi ko na, ‘di kayo maniniwala. Pero talagang nagpapalakas sa ‘kin ‘to, pre.”

“Sira! Dahil sa bato ‘yun, kaya feeling mo si Samson ka.”

“Dinadaan mo ko sa k’wento, tagay mo, ‘Nel.”

“Ang bilis mo naman kasi tumungga, amats agad ako n’yan.”

“’San ba raw nakuha ng Lolo mo sa alak-alakan ‘yang… anting-anting mo?

“Gagu Lolo sa talampakan lang, sumobra ka naman.”

Sige kwento ka pa. Natotorete makina ko sa anting-anting mo kaya lalong ginaganahang tumakbo. Pero mas OK pa yatang magsound trip na lang, a? Pagkatapos ng kwentong ‘alang kwenta nito papatugtog ako ng mp3.

“Pagmasdan n’yo kasing mabuti, ‘di n’yo ba napansin? Parang pingas na palayok ‘tong anting-anting? Ang sinaunang may-ari nito’y magiting na mandirigma raw mula sa tribu ng ninuno ko.”

"Naks! Parang panday ang dating! Tagay pa!"

"Pareng Arnel, pa-shot ngang isa. Nababaog ako sa kwentuhan n'yo. Mga banat nitong si Aris, nakakainis!"

"Tuging! Totoo 'yun! Ang pangalan daw ng warrior ay Lupasabe. Tanungin n'yo kung bakit ganun ang pangalan?"

"Lupasabe? Bakit?"

"Ewan ko."

"Tangnamo! Pasindi nga!"

"'Di naman kasi sinabi ng Lolo ko kung bakit ganun pangalan nun. Basta Lupasabe. Itago na lang natin siya sa palayaw na LP… para malapit sa Empi."

"Anyare kay LP? Patulan ba!"

"Eto na nga… Kinuha raw kasi ng mga higante ang lahat ng kababaihan sa kanilang bayan."

"Huwaaat? Parang alam ko na 'yan… mauuwi sha kalibugan 'yan, pustahan tayo."

"'Di pareng Arnel. Kasama kasi 'yung s'yota ni Lupasabe sa mga dinukot."

"O, shabi ko na e…"

"Teka muna! Epal ka, e… Saka sa 'yo na 'tong tagay."

"Tagal mong magkwento. 'Ala na'ng pulutan? Pareng Chito, may trenta ka pa? Pang ishaw. Si pareng Aris 'di namumulutan, panay laklak pero 'alang amats, malamang naka-hits na 'tong bato."

"Kaya mo pa? Saka yosi, baka 'di makasabay sa takbo ng makina 'tong natitira."

"Galit na galit si LP, pre! Tangna! Pati syota ko dinamay n'yo! Sabi niya."

Galing a… Parang si Binoy ang nagsasalita. K'wento ka lang, matatapos din 'tong ulo-ulo ko. Tapos ng order na 'to, nganga na naman kami. Tatang kasi…laging sombrero ng opisyal gustong tirahin, talo naman sa puhunan, ang gugulang kasi ng mga ahente sa Crame.

"Nagpraktis si LP, karate, judo, taekwando, arnis, fujitsu! Kung anu-ano, pre, ililigtas n'ya raw s'yota n'ya mula sa mga higante. Nakikinig ka ba, Tochi?"

"Oo, gagu. Ganda nga e. Mix marshall hours tawag sa ginawa niya."

"'Yun, kaya lang 'ala siyang panama dun sa mga higante. Tikas ng mga higante, pre! Andre d giant ang peg!"

"Hanep! May papeg-peg ka pa! 'Alang k'wenta pala superhero mo!"

"'Di pa tapos k'wento, nagmamadali ka e, may lakad ka ba?"

"'Ala. 'Di nga 'ko makaalis sa makina. Tuloy mo. Pati tagay tuloy mo na rin."

"'Yun na nga…'sang araw bigla na lang nasorpresa sila kay LP."

Ano nga pa lang sorpresa ko? Bag na lang kaya sorpresa ko kay my lab. Panay parinig kasi na sira na hand bag n'ya. Bilhan ko na rin si Inang, baka magselos. Tagal naman ni pareng Arnel. Batong-bato na 'ko sa kumag na 'to.

"Pagsamasamahin mo pa pre sina Man of Steel, Ironman, Spiderman, Batman, Kundiman… 'Alang ibubuga kay LP! Panis!"

"'Di nga? Bakit? Suot n'ya kasi 'yang anting-anting?"

"Hindi. May nagbigay kasi sa kanya ng palayok. Napogian yata sa kanya. May nakasulat sa palayok pero dehins n'ya maintindihan 'yung nakasulat. Magpakulo raw ng tubig sa palayok tapos magsasayaw sa usok 'yung mga letra. Kung ano'ng mabasa n'ya sa ere, 'yun ang magpapalakas sa kanya."

Complicated ang status ng gagong ‘to. Malamang nakashabu nga ‘to. Parang hindi nalalasing, hyper sa kakak’wento. Pero in Fairview… may sense, parang alamat ng amats.

“‘Pre, tigil mo muna ‘yang makina mo, susunod climax na ‘toits.”

“Gagu tuloy lang kwento, climax na rin ‘to, lalabasan na ‘ko sa kakapadyak.”

Alas dos medya na. Dos bente… kwarentang ulo pa. Larga Chitong pogii! Buti na lang sabog si Lola Bashang. Gumaganda istorya.

“’Pre, alam mo ba kung ano unang nagpalakas sa kanya?”

“Red horse?”

“Sosyal! Empi lang! Teka? Hinde!!”

Langya, manhid na kamay ko. ‘Wag lang pupulikatin paa ko, matatapos ko ‘tong natitirang ulo. Patira ko kaya kay pareng arnel ‘yung tabas laylayan ni Lenlen? Pampulutan din ‘yun. Kaya lang amats na yata, ‘di na bumalik.

“Ayon sa kahilingan n’ya, nakahukay sa lupa si LP ng espada, parang kris katana ang dating.”

"'Yung kahilingan ni LP, sa ilalim ng lupa pinadaan? 'Tas nakahukay siya ng espada? Tama ba?"

"Tama!"

"Tama nga si pareng Arnel, anak ng putang panday 'yan!"

"Mali! Labo mo, Chikito! Basta kahit ano'ng hilingin n'ya sa palayok, natutupad. Kaya lang may disgrasya, pre."

"O, ba't tagal mo, 'Nel?"

"Anyare? Si Aling Cookie kasi nagpapakyut pa sha 'kin, natagalan tuloy maluto 'yung crispy neknek, 'ala ng isaw kase."

"Pareng Aris, replay mo. Lakas tama ng kwento, pakinggan mo, 'Nel. Ang pamagat n'yan Ang Putang Inang Panday!"

"Sabi ko na, kay Pandoy 'yang anting-anting mo!"

"Gago may bayad na 'pag inulit ko. Tagay na, milya na partida ko sa 'yo, ubos na nga 'to, buksan mo na…'sa pang long neck."

Ilang ulo na lang… kaya ko na 'to. Pahinga muna kaya. Laylay na itlog ko sa yugyog ng makina.

"Shot nga uli ako, preng Arnel."

"Kumpleto na ba sombrero mo?"

"Konti na lang. Nagrereklamo na makina ko, break time daw muna."

"'Ala si Mona? Sana pala kanina pa 'ko tumambay dito para may ashistant ka."

"Nadisgrasya pre 'yung palayok ni LP! Lulusob na sana siya sa mga higante kaya lang palpak."

"O, buhay ka pa pala?"

"Gagu, si Lupasabe buhay pa. Disgrasya nga lang. 'Di n'ya naligtas mga kababaihan ng bayan nila. Ayaw n'yo na ba'ng makinig?"

"Tangna, baka tinira na ng mga higante, pati s'yota ni LP?"

"Kakasya ba 'yun? Malaki pa sa kabayo siguro tarugo nun. Pero 'ala sa kwento 'yun pre. Ang tanga kasi, nadisgrasya 'yung magic palayok, napasobra nang unday ng espada, tinamaan n'ya 'yung palayok, ayun napingas."

"Ayaw na gumana ng palayok? Pwede pa 'yun, kukulo pa rin naman tubig dun kahit pingas na."

"Ayaw na nga'ng magsayaw ng mga letra sa usok ng pinagkuluan, kaya 'ala nang lakas si LP."

"'Di n'ya nailigtas, so 'ala ng chikas dun. E, di dumami bading sa bayan nila?"

"'Ala nang mahukay sa lupa?"

"Alaws. Negatib."

"'Di tagay na lang tayo, 'alang kwenta pala 'yang kwento mo!"

"Sana pala bumili siya ng Mighty Bond, dikit 'yun."

"Tangnamo naman, 'di pa uso mighty bond n'on. Saka tumalsik nga 'yung kapirasong napingas, 'di na n'ya mahanap."

"'Wag mong sabihing 'yang anting-anting mo ay 'yung napingas?"

"Buwakanang inamo Chito, ang talino mo! Naisip mo 'yon? Pakiss nga henyo!"

"Patingin? Parang pingas na palayok nga a… may Chinese character pa."

Kaya pala sobrang lakas nitong payatot na si Aris. Sobrang lakas, bumubuhat ng isang sakong kamote: tsek! Sobrang bilis, lakad lang mula Divisoria hanggang Gagalangin: tsek! Sobrang talino: tsek?

"Pede ba'ng mahiram 'yan para matapos ko na 'tong tatahiin ko?"

"'Di pede, pre. 'Alang bisa sa 'yo 'to. Dapat kadugo, salinglahi bilin ng Lolo ko."

"Bilhin ko ng 'sang libo?"

"Gawin mo pang sampung libo, negatib."

"Isang kilong shabu?"

"Hmmm… depende."

"Ulul! Bato lang talaga katapat mo! Ha ha!"

"Yosi lang ako sa labas, pre. Pahangin muna. 'Yoko na magkwento."

"'Kaw preng Arnel? OK ka lang? Malamok dito. Alang tokis. Amats na…"

Alas kwatro medya. Limang ulo pa. Gewang na 'ata tahi ko. Yosi nga muna. Matutuwa si Tatang nito. P'wede na sana 'kong sumabay sa tagay para antukin. Nawala si Aris. Sunog-apog yata ang pinaka-safe na kalsada 'pag madaling araw. Dami pang naglalakad. Puro may anting-anting.

Nagsasayaw na letra sa usok… ng yosi? P'wede!

# Hasler

*Jomar Gonzales Adaya*

Mataas ang talsik. Naghiwa-hiwalay sa ere ang mga teks. Umiikot paitaas ang bawat isa. Sumunod ang mga matang nakaabang. Nakabungisngis si Ebet. Kunot-noo si Neneng. Nakanganga si Inan. Magkakasunod ang paglapag sa kalye ng Kalinisan. Nakamata ang magkakalaro sa mga teks. Nakataob ang dalawang pamato samantalang si Superman ang tanging nakitang karakter.

Parang kabisado na ni Ebet ang mararamdaman, "Hahahaha! Sabi ko sen'yo eh, ako ang kakamig ng taya n'yo! Kelangan pa bang imemorays 'yan?"

Kinuha niya ang tig-isang dangkal ng teks ng dalawang kalaro na nakalapag sa kalye.

"'Yoko na. Ubos na teks ko. Tsaka ang hasler mo, eh," sabi ni Inan.

"Wala! Ang duga mo naman. May daya pamato mo kaya laging tsumatsaya. Nakita ko nga, eh. Tsaka ang epal-epal mong kalaro. 'Pag kami titira ginugulo mo kami. Ta's 'pag ikaw naman titira, pinapalitan mo pamato mo. Ang epal mo talaga!" Reklamo ni Neneng na lalong nagpahaba sa nguso nito.

"Nakita mo? Nakita mo? Sa'n banda? May ebidensya ka ba?" bulyaw ni Ebet habang nilalakihan ng mata ang kalaro.

"Walang daya yun ah! Patas ako lumaban. Tsaka pinagbigyan ko nga lang kayo, eh dapat kanina pa kayo said. Diskarte lang 'yan sa pagpitik ng daliri! Palibhasa mga shushunga-shungang bata kayo eh!" Pangungutya niya habang hawak ang mga teks na nakadikit na sa dibdib dahil sa dami. Dangkal-dangkal niya ang mga iyon.

"'Sensya na. Olats kayo. Hehe! Sarap magbilang. I…sa, da…la…wa, tat…lo, a…pat, li…ma, a…nim, pi…to, wa…lo, si…yam, sam…"

Naudlot ang pagbibilang. May parang bumalya sa kanya. Sumambulat ang dangkal-dangkal na teks. Parang umulan ng confetti. Kumalat sa kalye. Pasunggab na pumulot ang dalawang kalaro. Nagtakbuhan din papalapit ang iba pang mga bata sa paligid. Hindi magkaintindihan sa pagpulot.

Tiningnan niya ang bumangga sa kanya. Nakasuot ng pulang chaleko na may mukha ni Mayor. Parang pamilyar sa kanya. Bago tuluyang makalayo nilingon pa siya nito. Nagtaka siya. Bakit tumatakbo palayo ang tatay niya? Karaniwang ang tatay niya ang nanghahabol ng mga kriminal sa kalye ng Kalinisan.

Isang kilalang boses ang sunod na narinig niya. Humahangos habang nagmumura.

"'Tang ina ka, Edilberto! Hayup ka! Hindi ka pa rin nagbabago! Tatanggalan kita ng batuta, gago ka!" Nanggagalaiting sigaw ng kanyang inang lakad-takbo.

Hindi niya alam ang mararamdaman. Hahabulin ba ang ama? O pipigilan ang ina? Eh, p'ano na ang mga teks niya? Biglang natuldukan ang pagbubunyi.

Binasag ni Neneng ang kanyang pagkalito. Kinuha ang kamay niya. Nakangising may inilapag sa palad.

“Oh ‘yan!  Kawawa ka naman, eh sayo na ‘tong pamato mo.  Hasler!”

Nabuking ang sikreto niya.  Larawan ni Superman.  Kabilaan. Walang likod ang pamato.

# Huling Pakisabi

**(Alay sa sampung manggagawang nasawi sa Eton Tower, Makati)**

*Alvin Mancilla*

*(Note: Inspired by 11 workers who fell on Eton Towers in Makati, January 27, 2011. Ten workers died on this tragedy.)*

Onse kami.

Lampas alas onse na rin, mag-a-alas dose na nga. Breaktime na. Nagkukumahog ang mga kumag, isa ako sa mga 'yon. Gutom na gutom ang mga loko, pero panay pa rin ang kantiyawan, biruan, alaskahan. Ni hindi mo

makitang namomroblema. Na sa makalawa, sahod, dadaan lang sa kamay naming mga mokong ang sahod. Malaking bulto noon ay pambayad-utang lang. Idagdag pa na kahit paano e alam naming inoonse kami.

Oo, ino-onse kami.

Sapul yata nung magkatrabaho kami, lagi kaming nao-onse. Marami pa kami, pero kami lang ang laging natataong magkakasama. Magkakaibang lugar pero para kaming isang hugos kung tawagin ni Poreman. Package kumbaga. Laging konstraksyon. Kundi mansyon, sabdibisyon; kundi bilding, kondominyum. Panay tirahan ng kundi man mayayaman e mga nakakaangat sa buhay. Kami ang gumagawa ng mga bahay at gusali, pero wala ni isang espasyong nakalaan para sa ‘min. Gumagawa kami ng bahay, pero ang bahay namin, di namin sarili. Pati lupa, hindi amin. Iskwater.

Isang beses nga, nabalitaan ko, nakakuha ng yunit si Marian Rivera dun sa ginawa naming kondominyum. Sayang, idol ko ‘yun e. Seksi kasi, maganda pa. Di nya alam yung tinatapakan nyang sahig, kami nagbuhos nun. Yung sinasandalan nyang pader, kami nagtayo nun. Pati yung inuupuan nyang inidoro, kami ang nag-upo nun.

Sa kalkula ko, nakahihigit walong sabdibisyon na ang nagawa namin, kinseng bahay na malalaki, at labindalawa ang bilding. Kahit saan, nadedestino ka. Hakot ng semento, buhat ng haloblaks, putol ng haloblaks, buhat ng bakal, putol ng bakal, hakot ng graba, halo ng graba, hakot ng buhangin, halo ng buhangin. Kahit anong iutos game ka dapat. Lalo pag nag-uumpisa ka pa lang. Kundi, malamang matulog ka sa pansitan. Tiyak, kinabukasan, wala ka ng trabaho.

Nung una, labor lang ako. Hakot dito, buhat doon. Utos dito, utos doon. Piyon. Nung tumagal, natuto rin ako ng tamang timpla ng pinaghalong tubig, semento, buhangin at graba. Pati pagsasalansan ng hollow blocks at kung saan isasalaksak ang mga bakal. Mason. Ganun din ang magpukol-pukol ng semento. Mag-asintada. Magpalitada. Kantero na.

Marangal daw ang trabaho namin. Sabi din nung anawnser sa radyo, “Hindi construction boy lang, dapat construction boy!” Tama nga naman. Di naman kami nagnanakaw. Pawis at hirap ang puhunan namin, kapalit ng sabaduhang sahod na pagpipiliting pagkasyahin ni misis. Mabuti’t isa pa lang ang anak namin. Hindi nga sumasala sa pagkain, kuntodo tipid naman

talaga. Kundi tuyo, sardinas. Kundi sardinas, nudels. Kundi nudels, tig-bebenteng isda sa palengke. May manok din minsan. Jackpot na kapag nakadalawang beses ang baboy sa isang linggo. Gulay? Minsan lang, mahal e.

OK na rin kahit paano ang sahod, pero, ‘yun nga lang, alam kong nagugulangan kami. Mantakin mong wala pa kami sa minimum. Nasa 250 lang ang sahod, mahigit apat na raan na ‘ata ang minimum. Halos kalahati. Pero payag na rin kami. Di dahil gusto namin. Di mo rin naman masabing napipilitan lang. Ewan ko rin. Parang ganun yata talaga. Sabi nga ng matatanda, ang taong nagigipit, sa patalim kumakapit. Yun ngang tambay pwede e, ‘yun pang may sahod na.

Bukod sa sahod, wala na rin kaming ibang benepisyo. Alam ko, wala rin kaming es-es. Pero pwede raw kami na lang maghulog nun. Para raw magka-pension kami pagtanda namin. O kaya may makuha kami sakaling magkasakit o may mangyari sa ‘min. Ang hirap lang, alangan namang unahin ko pa yung paghuhulog, e pang-araw-araw nga namin kapos na kapos pa.

Saka yung pag-ibig daw, wala rin kami nun, e. Wala ring bonus-bonus. Ganun yata talaga kalakaran nila, kontrata lang

kasi trabaho namin. Kontrata pero minsan dalawang taon ang trabaho. Depende sa gagawin. Di ko alam kung nasa batas ba 'yun. Malay ko ba, di nga 'ko nakatapos ng hayskul, e. Ang alam ko lang, magtrabaho nang magtrabaho. Kumayod nang kumayod. Pag di kasi pumasok sa trabaho, walang sahod. Kaya kahit masama pakiramdam, pinipilit pa rin. Sayang ang isang araw na sahod.

Pero kahit di ako tapos ng hayskul, iharap mo sa 'kin 'yung indyinir namin. Kontes kami sa papuliduhan ng pagsesemento, tingnan ko kung di siya kumain ng alikabok. Oo, di nga, walang biro, di naman sa pagmamayabang. Pero, 'yun ang totoo. Puro papel lang kasi hawak nun, di nga 'ata marunong humawak ng kutsara't pala yun, e.

Kaya rin ako nagsisipag, ayokong magaya sa 'kin anak ko. Igagapang ko talaga 'yun. Gusto ko nga sana sa lasal magtapos yun, e. Hahaha! Tindi ng pangarap ko, ano? Malay mo lang naman di ba? Di natin masasabi ang panahon. Malay mo, tumama 'ko sa loto. Una kong gagawin dun, bibili ako ng bahay. Kahit di malaki, kahit yung simple lang. Basta lang meron kami. Tapos magtatayo ako ng maliit na negosyo, kahit tindahan lang, o kaya junk shop. Tapos yung iba ibabangko ko, para sa pag-aaral ng anak ko. O, di ba?

Saka pala bibili ko siya ng mga laruan, ‘yung magaganda. Yung mga lilibuhin ba. Di ‘yung tigsa-sampu sa bangketa lang. Wala kasi akong ganun nung bata ako. Gusto kong ipatikim sa kanya lahat ng di ko naranasan nun, para di naman siya magmukhang kawawa. Kani-kanina nga tinext ko pa si misis, wag na kako ‘kong intayin at mag-o-obertaym ako. Pandagdag kita ba. May nakita kasi akong kotse-kotsehan nung isang araw, syento-singkwenta isa. Maganda. Di-baterya. Sigurado magugustuhan ng anak ko.

At alam mo ba, wag ka maingay, ha. Dyahe, e. Kasi naman, parang di na kami gaanong naglalambingan ni misis. Di gaya nung magsyota pa lang kami. Swit kami nun. Pero simula nung magsama at magka-anak kami, parang naging seryoso na kami sa buhay. Pa’no naman, aalis ako, tulog pa sila. Layo ng byahe e, dalawang oras. Tapos pag-uwi ko tulog na rin sila. Di ko na nga ginigising, kasi ayaw ko maistorbo pahinga nila ng anak ko. Kaya ‘ayun. Kahit ako, para na ring robot. Gigising sa umaga, magkakape, maliligo. Aalis, byahe. Tapos maghapong trabaho. Tapos, uuwi na. Pagkauwi, kain lang nang konti, pahinga at tulog na. Kinabukasan, ganun uli. Linggo lang pahinga.

Kaya nga gusto ko rin makapunta kami ng pamilya ko sa magagandang lugar. Para ba makapag-bonding kami. Saka kasi ‘yung mga kaibigan ko nung elementary laging ganun ang usapan pag nagkikita kami. Boracay, Bohol, Palawan, Singgapor, Haway, Japan, at kung saan-saan pa. Kesyo nakarating na sila doon, kesyo nakaligo sa dagat sa ganitong lugar. Sabi ko, kako, makakarating din kami dyan. Pana-panahon lang yan.

Pero ganun yata talaga. Hindi mo nga masasabi ang panahon. Gaya ngayon. Lampas alas-onse na rin, mag-aalas dose na nga. Breaktime na. Mga kumag kaming gutom na gutom na hindi na nakuhang dumaan sa hagdan. Mas mabilis itong gondola. Sandali lang nasa baba na kami. Pinuno namin. Onse kami. Wala naman saynbord kung ilan ang limit, e.

Kahit ayoko, no choice ako, e. Gustuhin ko mang lumutang o lumipad, sa pelikula lang pwede ‘yon. Bakit kaya ganito, ano? Di naman ako naging masamang tao. Simple lang naman mga pangarap ko, bakit ganito kasaklap ang kalalabasan? Alam ko, walang mapapala sa kumpanya namin. Pero sana, may magising sa mangyayaring ‘to. Sana may tumulong. Sana may managot. At sana, di

na maulit ang mga pang-o-onseng gaya ng ginagawa sa amin.

Sana, makaraos pa rin ang pamilya ko kahit wala na ako. Pakisabi pala sa kanila, MAHAL NA MAHAL KO SILA.

# NON FICTION

# Two Years and Counting

*Eman Nolasco*

December 5, 2013

4:32 AM

Pagkagising, bigla kong naisip na halungkatin ang mga gamit sa cabinet para hanapin ang transcript of records (TOR) ko sa PUP, kailangan ko para sa application sa comprehensive exam ng graduate school. Magulo at inalikabok ang cabinet, halo-halo ang mga test papers, readings, certificates at ilang mga importanteng dokumento. Sa isang long brown envelope ko nakita ang hinahanap ko. Malas lang, nawawala ang ikatlong page. Hindi

ko na rin naman maalala kung sa'ng folder o envelope ko nailagay o naiipit. Sinubukan kong isa-isahin ang mga papel sa folder, hindi ko nakita ang ikatlong page ng TOR. Oo, 3 pages ang TOR ko na dapat ay dalawa lang. Matapos ang isa't kalahating oras na paghahanap, sumuko na 'ko at nagdesisyon na kumuha na lang ng second copy nito sa PUP. Malapit na ang comprehensive exam kaya't mas madali ang pagkuha ng second copy ng TOR kesa piliting hanapin ang nawawala. May kakaibang pakiramdam pala ang pagkakalkal ng mga certificates mula sa mga seminars/ trainings, registration certificate, classcards, diploma at TOR kapag naka-graduate na, tila pinag-uugnay ng ngayon ang nakaraan, tila binibigyan ng halaga ng nakaraan ang mga pagsusumikap/katamaran ko noong nasa kolehiyo pa ako't ginagapang ang sarili para magkaroon ng degree.

Sa likod ng isip ko'y nagpa-*flashback* ang ilang mahahalagang oras/araw/pagkakataon bago ko nakuha ang TOR na iyon. Anim na taon. Anim na taong pakikipagbuno sa sarili, sa akademya at sa piniling paninindigan.

Isa-isa kong binabalik ang mga papeles sa folder, NSO birth certificate, diploma, baptismal record, NBI clearance, ITR, mga certificate sa mga seminars at iba pa. Isang papel ang kumuha ng atensyon ko, ang CERTIFICATION OF EMPLOYMENT ko

mula sa Adamson University. Binasa ko ang certification, December 5, 2011 pala ako nagsimulang magturo sa AdU, at iyon din ang una kong trabaho pagkatapos ng anim na taon sa PUP bilang estudyante. Una pagkatapos ang ilang buwang paghahanap ng trabaho.

Flashback ulit ng maraming pangyayari mula sa unang araw hanggang sa huling araw ko bilang instructor sa eskwelahang iyon. Bigla kong naisip: December 5 pala ngayon, ibig sabihin dalawang taon na rin pala akong nasa teaching profession. Dalawang taon.

Ang totoo hindi ko ine-expect na magiging teacher ako, OO at nagpapasa ako ng mga application letter at resume sa iba't-ibang eskwelahan pero matter of chance 'yun. Baka sakaling lumusot. Kasabay din nu'n ang pagpapasa ng resume sa mga call center company na hindi ako nakapasa, sa mga government agency na ang rigid ng selection process at sa mga NGO na hirap makapasok kapag walang working experience. Idagdag pa ang pagtatangka kong pumasok sa mga fast food, convenience store at book store. At kahit sa EPZA dito sa Cavite. Lahat yan sinubukan ko, kailangan e, may pressure mula sa sarili at sa mga tao sa paligid ko na maghanap ng ikabubuhay para sa pamilyang sinisimulan ko. Mabigat sa loob ang rejection, lalo't alam mo sa sarili mo

na may qualification ka naman talaga, kaso sa paghahanap ng trabaho, kailangan mong ibenta ang sarili mo at makipaglokohan para matanggap, bagay na noo'y hindi ko pa kayang gawin. Hang-ups sa mga pananaw noon na napatunayan kong kailangan munang isantabi para sa kapakanan ng pamilya ko. Totoong hindi makakain ang prinsipyo, hindi 'yun tutunawin ng tiyan. Pero tingin ko'y mahirap ding mabuhay nang wala nito. Sa sitwasyong 'yun, caught in the middle ako.

Hanggang isang araw, habang nag-eexam ako sa PMS o Presidential Management Staff, tinawagan ako ng isang tropa na nagtuturo sa AdU, sa Social Sciences Department, kung gusto ko raw pumalit sa kanya. Paalis daw siya dahil sa kailangan nyang tapusin ang thesis sa graduate school. So, pumayag naman ako, idaan ko raw sa kanya ASAP ang application at resume ko. May pag-asang sumisilip, bulong ko sa sarili. Ang totoo'y halos dumugo ang ulo ko sa exam ng PMS, idagdag pang ako lang ata ang hindi galing sa mga eskwelahang may monopolyo raw ng tamang kaisipan sa Pilipinas, at higit pa, ako lang 'ata ang naka-T-shirt at maong na pumunta sa opisina nila. Sa likod ng T-shirt ko, ang malaking print ng Pylon ng PUP at sa harap "DUGONG PUPIAN".

Pagkatapos ng tawag sa akin, hindi ko na sineryoso ang exam, nawalan ako ng

gana, nagdalawang isip ako at nakaramdam ng matinding insecurity. Problema ko 'yun, bitbit ko sa sarili ko ang takot na i-question ako dahil sa hindi pag-graduate on time, sa mga nakalinyang W at D sa TOR ko, sa maagang pagkakaroon ng anak at asawa, at higit, may malaking tanong din ako sa sarili ko kung kakayanin ko ba ang trabaho.

Pero ang totoo, ALAM kong hindi ako papasa sa mahirap na exam nila. First wave pa lang 'yun, e ano pa ang second wave? Baka mabaliw na lang ako.

Paglabas ko sa PMS, diretso agad ako sa sakayan ng bus papuntang AdU, G-Liner na may libreng ipis at dugyot na upuan ang nasakyan ko. Hindi ko alam kung saan eksakto ang pupuntahan ko, kaya't naghanap pa ako, after ng ilang minutong katangahan, nagkita kami't naipasa ko ang resume at application. Nasilip ko rin nang bahagya ang Vincentian University at nakaramdam ako ng mukhang narito na ang katuparan ng pangarap ko noon  na maging teacher.

***May the odds be in my favor. Please lang.***

Hintay raw ako ng text kung kailan ang exam at demo teaching, kasabay na rin ang interview with the department head. Pag-asa. Pangamba. Excitement. Halo-halong pakiramdam. Pagkatapos naming magkita,

bumalik ako sa PMS, at sila na rin ang nagsabi na hindi ako nakapasa for the next level of examination. Inaasahan ko naman na 'yun kaya't bumalik na lang ako sa PUP, sa aming tambayan.

Sakay ako ng dyip ng byaheng PUNTA. Ang dami kong iniisip, ang random din ng mga nararamdaman ko. Pinapalaki ko ang kumpiyansa ko sa sarili, kailangan ko 'yun.

Sa mga panahong iginagapang ko ang sarili para makatapos sa undergrad ko, malaki ang naging papel ng mga tropa para kahit paano'y hindi ako tuluyang dapuan ng depression at pagkabaliw. Naging lunan ang mga panahong iyon para makapagsulat, magbasa at makipag-inuman at makipag-usap tungkol sa mga bagay-bagay sa loob at labas ng lipunan. Naniniwala akong mahalaga ang bawat patlang sa buhay para mabuo ang sarili. At kahit sa paghahanap ng trabaho at pagkakaroon nito, palagi'y bumabalik pa rin ako sa PUP, sa aming tambayan, sa aking ikalawang tahanan.

Ilang araw din ang lumipas bago ang examination, interview at demo teaching. Ilang araw pa ulit, binigyan na 'ko ng teaching load at class record kasabay ng pag-aayos para sa mga requirements sa Human Resource and Development Office, at ayun, December 5, 2011, nagsimula ang buhay ko bilang guro.

Sa loob ng halos dalawang taon, hinarap ko at pinanindigan ang pinili kong propesyon, kaakibat ng maraming pagdududa sa kakayahan ko. Siguro'y bahagi 'yun ng pagkatuto, ang pagduda. Hindi naman kasi simpleng pagpapasa lang ng kaalaman ang pagtuturo, may isip ang bawat estudyante na magpoproseso ng mga kaalamang tinuturo ko, at sa pagpoproseso nila nagaganap ang pagkatuto. Gusto kong magbahagi ng kaalaman, gusto kong matuto ang mga estudyante ko, ayokong ulitin ang ilang hindi magagandang alaala ng buhay ko sa kolehiyo. Pero kaakibat nu'n ang maraming pagbabago sa sarili at sa routine ko sa araw-araw. Malilimitahan ang oras sa pagbabasa at pagsusulat at ipopokus sa pagtuturo. Pati ang dating pormahang maong-t-shirt-rubber-shoes ay dapat gawing business attire. Long sleeves, slacks at leather shoes na ang bagong uso sa akin. Fulfilling na stressing dahil sa araw-araw, nakaharap ako sa iba't-ibang uri ng estudyante na may iba't-ibang dahilan kung bakit nag-aaral, ibang usapin pa 'yung mga gustong matuto at gusto lang pumasa. Pero isa ang napatunayan ko, sa pagtuturo, kailangan mo ng sariling boses, kailangan ng creativity, kailangan ng unlimited na pasensya at pag-unawa at higit kailangan mo ng puso, hindi lang ng utak. Iba ang pakiramdam kapag nakikita ko na may natutunan sila mula sa mga naibahagi kong kaalaman at lalong

nakakataba ng puso kapag nagtatanong at nag-iisip sila labas sa kung ano ang laman ng libro at mga class discussion. Mabilis lang na lumilipas ang bawat araw, nasanay na ko sa trapik sa Baclaran at Taft, sa puyat at pagod dahil sa hectic na schedule, sa pag-akyat-baba sa FRC, CS at SV buiding ng Adamson, sa araw-araw na pakikipagkulitan sa mga co-faculty members ko na tulad ko'y nagsisimula rin sa teaching career, at higit nasanay na akong tawaging "Sir" ng mga estudyante ko. Isama na rin ang paggawa ng mga examinations, pagtse-check at pagre-record.

Matapos ang tatlong semester sa AdU, babalik naman ako sa aking sinisintang pamantasan.

***From Adamson to PUP-Maragondon Branch***

Summer ng AY 2011-2012, sumama ako sa Community Organizing course ng mga Sociology students ng PUP-Sta. Mesa sa Maragondon. Nilibot namin ang ilang malapit na barangay sa Maragondon campus para maghanap ng community na pwedeng gawing subject for study. Pinagsanjan 'yung isa sa napili nila. Unang araw na nakita ko ang PUP Maragondon campus, may kapareho ng architectural design, akala ko nasa College of Human Kinetics Building ako ng PUP Main. Ang pinagkaiba lang, mas tahimik sa campus na ito, ramdam 'yung ambiance ng

probinsya. Isang buwan yung program na community organizing ng mga Sociology students, may nakausap na kaming bahay na pwedeng matirhan for a month, kaso hindi rin ako nakasama dahil magbabakasyon kami sa Bulacan. Sa mga panahon na 'yun nasa process yung application ko as part time faculty sa PUP-Sta. Mesa, babalik ulit ako sa PUP, hindi bilang estudyante kundi isang guro. Kaso mukhang pre-destined na mapunta ako sa PUPMB, hindi ako nabigyan ng slot sa college na dapat pagtuturuan ko, marami raw kasing applicant at kaunti ang teaching load. So, kailangan magbago ng plano kaya may isang tropa ang nagmungkahi na sa PUP Maragondon ako magturo, since malapit lang naman ito sa Naic kung saan kami nakatira, pinadala 'yung application papers ko sa Maragondon. So, after ng ilang araw, na-schedule ang interview ko at demo teaching, todo porma naman ako, todo handa ng lecture at ng sarili. Kailangan magpa-impress. Pumunta ako sa opisina ng academic head, hinintay pa 'yung mga mag-e-evaluate sa demo teaching ko. Dumating ang mga faculty na mag-e-evaluate sa akin. Diretso kami sa room 202A for demo teaching, todo effort naman ako, discuss ng concept ng politics at political science. As expected, kinakabahan ako pero nairaos ko ang 20 minutes at mukhang nakapasa naman ako sa standards nila. After ng demo teaching,

kaunting interview at kwentuhan tapos next step na, pagpapasa ng mga requirements. Ilang araw pa, ibinigay na ‘yung teaching load ko. From Adamson to PUP-Maragondon. Bagong routine. Bagong karanasan at mga bagong mukha, bagong kwento.

Monday to Friday sa AdU, Saturday class naman sa PUP - Maragondon. Kailangang kayanin. Nag-start na ang klase sa AdU, same old routine. Gising nang maaga. Byahe. Turo. Kape. Uwi. Paminsan-minsa’y sumasagi sa isip ko kung paano ko pagkakasyahin ang oras ko sa buong linggo, ngayong meron na akong Saturday class. 5 days sa Manila, isang araw sa Maragondon. Sabaw. Parang suicide na slow motion.

***Unang Araw***

Dumating ang Friday, gabi na rin ako nakauwi. So, puyat akong papasok sa PUPMB, 7:30 ang unang klase. Kinabukasan, alas sais, gising na ako. Nagtatalo ang isip ko kung papasok na ba ako o matutulog. Tinatamad akong gumalaw. So, ang pampagising ko, KAPE. Sige na, may utang rin ako sa PUP, panahon na para magbayad. Nagbasa ako ng kaunti tungkol sa political science, nag-notes para sa mga classroom rules, requirements at grading system. Mental note: Huwag kabahan, unang araw pa lang. Marami akong naiisip na

pwedeng mangyari pero mas excited ako ma-meet ang mga Iskolar ng Bayan sa Cavite.

So, unang section BSBA 3A, pasok ako sa room. Tulad ng mga naunang karanasan ko sa AdU, ayaw nilang maniwala na teacher ako. Bad trip. Dumiretso ako sa teacher's table para maisip nila na ako ang magtuturo sa kanila, ayaw man nila o hindi. At tulad ng inaasahan ko, karamihan sa kanila'y nabigla nang magpakilala ako, kita ko sa mga mukha nila 'yung pagtataka at pagtatanong. Nagsimula ako sa pamamagitan ng kaunting pagpapakilala sa sarili at unti-unti'y tila naniwala na sila na ako ang magtuturo sa kanila ng Politics and Governance with PC. Nakuha ko naman ang atensyon nila at du'n na magsisimula ang bagong yugto ng buhay ko bilang college instructor, ang pagiging bahagi ng faculty ng PUP-Maragondon Branch. Iba ang ambiance ng campus sa akin, tahimik at simple ang takbo ng buhay, walang malapit na mall o ano mang pasyalan na kagaya sa Manila, 7-Eleven na ang pinakamodernong tindahan ang makikita sa labas ng campus. Iba't - ibang klase rin ang mga estudyante pero mas ramdam ko sila, mas nakikita ko ang sarili ko sa kanila dahil tulad ko'y nagmula rin ako sa uri nila. Naghahangad ng edukasyon para sa mga pangarap, nagsusumikap para sa pamilya at higit may sensibilidad na tila nawawala

na sa mga mag-aaral na nasa kalunsuran. Bagama't kapos man sa mga magagandang pasilidad ang pamantasang ito, sapat naman ang puhunang pangarap, pagsusumikap at pagmamahal ang mga estudyante ko.

Pagkatapos ko sa BSBA 3A, ibang section naman, BSBA 3B, sa room 205A, walang pinagkaiba ang naging reaksyon nila sa naunang section. Nagpapakilala ako at tila naniwala na rin sila na ako ang guro. At tulad ng unang ritwal sa mga first meeting, introduce yourself muna, habang nakikinig ako sa kanila na nagbabahagi ng ilang mahahalagang bagay sa kanilang mga sarili, tila bumabalik rin sa akin ang mga alaala ng unang araw ko sa PUP bilang mag-aaral at kung paano ako hinubog ng pamantasang ito bilang tao. Mapapangiti na lang ako't masasabi sa sarili*: Oo nga, teacher na talaga ako.*

O, dalawang taon na akong teacher. Ilang taon pa kaya?

*Pahabol: Hindi ako naging teacher dahil sa mga paboritong teacher ko nu'ng elementary, high school at college, masyado silang dakila para gayahin ko. Ang mas naging dahilan ko para maging guro ay dahil sa mga gurong hindi naman talaga dapat nagtuturo.*

# Isang Gabing Naging *Tayo*

*R-Jay Ambo*

*Kailan ba ako magiging tao? Sa pagpapaubaya ba o sa pagpipigil? O baka guniguni ko lang ang lahat?*

Kaya bahala na si Lourdes. Tuloy ako sa misyon kong pumunta sa Nirvana. Doon, muli kong magigisnan ang banal na butas! Ang butas kung saan tayo nagmula. Ang tunay na dahilan kung bakit meron tayong bayag. Tinutulak ng butas na ito ang sinumang lalaki patungo sa

makabuluhang pakikipagsapalaran sa buhay. Ang butas na ginagawa tayong panginoon at alipin nang sabay.

Dumilat ako. Narinig ko ang maangas na motor na naka-open muffler na nagbalik sa ’kin sa reyalidad. Naalala ko ang aking mga kamao. Binuka ko ito at pinagyakap. Tumingin ako kay Jef na inalis naman kaagad ang tingin sa akin. Dumukot siya sa bulsa ng short niya. Kinuha ang beinte at mga tig-lilimang piso. Nag-isip kung magkano ang iaabot sakin. Mag-uumpisa na ang kanta ni Delyo sa Jeep na sinasakyan namin.

“Ano tuloy pa ba tayo?” Sabay akbay.

“Oo naman insan, s’yempre!”

“Baka nagdadalawang isip ka na?”

“Hindi, tuloy tayo! Medyo tinamaan lang. Mawawala rin ‘to.”

“Ok ka na, ha? Basta sabihin mo lang ‘pag gusto mo nang bumak-out.”

“Ngayon pa? Tuloy na natin Insan. May halong beer na ang libog ko. Wala nang ibang pupuntahan ‘to!”

Tumawa si Jef. Inabot na niya sa’kin ang beinte at limang piso. Inabot ko naman ‘to kay lola, siya kasi ang pinakamalapit kay manong drayber.

“Pakiabot po,” sabi ko pa, kaso hindi kumikibo si Lola. Napatingin ako sa mukha niya. Nanlalaki ang mata ni Lola sa ’kin. Tinitigan niya ako mula ulo hanggang paa. Nakita niya ang tsinelas at short na hiniram ko lang kay Jef, ang puti kong T-shirt na may nakasulat na *‘I used to be indecisive but now I’m not so sure…’* At ang itim kong cap na wari niya, lahat ng kadiliman ng mundo ay bumabalot dito. Kanina pa ‘ata siya nakikinig sa usapan naming magpinsan. Ilang saglit pang pagmumuni-muni sa gawain ng mga pasahero sa Pilipinas, ang pag-abot ng bayad, iniabot na ng matanda ang bayad namin sa drayber.

Pagkatapos, pinunas niya ang kamay niya sa kanyang puting palda at nag-antanda.

Siguro narinig din ni Lola ‘yong kwento ko kay Jef tungkol d’on sa huli kong inuman. Sa inuman ng mga tropa ko sa Antipolo last week, kabilang kasi ako n’on sa dalawang taong walang kasamang asawa/gelpren. Pag-ikot ng tagay, binanatan ako ni Arnie ng pang-aasar.

“Ano na pre, wala ka pa ring chix? Ano na kayang itsura ng tamod mo? Kumbaga ba sa buko eh, mala-uhog na ba ‘yan?”

Babanat pa si Jayson ng, “ Kumbaga pre sa palamig, masago-sago na yan!”

Syempre tawanan ang lahat, mas malakas pa nga ang tawa ng gelpren nila. Buwiset! Sagot ko naman lagi ay,

"Hindi sa ganun, pre! Disiplina ko yan! I chose to be alone! At saka magastos mag-gelpren. OK na ko sa mga IGN sa mga parties."

"Anong IGN 'yan?" Tanong ni Basilio.

"Isang gabing naka-*tayo*!"

Umentra si Francis. "Para ba 'yang isang gabing nilabasan?"

Hinawi siya ni Arnie. "Hindi, mas maganda 'yung isang gabing nalibugan lang."

"Eto mga tol ang masaklap isang gabing nangarap lang!" Banat pa ni Jayson.

Tawanan. Nakitawa na lang ako pero sa loob-loob ko, minumura ko na sila. Mga tunay ko silang kaibigan. Tangina.

Mabalik tayo kay Lola. Naawa ako bigla, kagagaling lang niya siguro sa simbahan dahil sa suot niyang panyo sa ulo. Tahimik na sana niyang pinagninilayan ang kanyang mga pagdarasal at pangungumpisal na naglinis sa puti niyang kaluluwa. Tapos, heto ako't dumaan nang walang sabi-sabi at nagtalsik ng putik ng kabastusan.

Hindi lang basta putik, may kasama pang tae. Nakwento ko rin kasi kay Jef (na narinig din ni Lola) na hinahalintulad ko ang pagkakaroon ng gelpren bilang mga prepaid products. 'Yung tipong bayad muna bago aliw. Parang load sa cellphone o satellite cable na bago magamit ang serbisyo, babayaran muna. Kakain kayo sa labas, dadalhin mo sa amusement park, bibilhan ng stuff toy at kwintas pagkatapos, banat! Syempre, hindi ko makukwento 'yun kaharap ang mga kanya-kanyang gelpren/asawa ng tropa! Baka nagsi-alisan ang mga 'yun at mag-iwan pa ng batok at mura. Kaya natapos ang inuman namin noon sa pagpapalawig lang ng mga letrang IGN. Isang gabing natanga; Isang gabing nagjakol; Isang gabing nangamote at marami pang mga gabing kumatay sa'kin. Its payback time! Return of the repressed!

Tahimik na si Doraemon. Matagal nang di ko nahahablot sa bulsa ko ang aking Mokia 32 A.D. Bahala na si Lourdes sa shit niya. Nababadtrip ako sa kanya. Dalawang linggo naming pinag-usapan sa text ang pagpunta ko sa kanila. Planado na lahat! Yung mga request kong pagkain, hanggang sa kung anong susuotin ko. Biglang cancel! 'Di niya raw alam kung bakit 'di pa umaalis ang parents niya at kung may balak pa ang mga itong magbakasyon. Ang labo niya kausap! Kahit nag-umpisa sa dating site ang relasyon

namin, sana naman, binigyan niya man lang ako ng alternatibo at respeto, 'yung tipong sa motel na lang kami magkikita. Bahala na siya. Tiniis ko ang pagbabawas sa paninigarilyo para makaipon ng pamasahe papunta rito, tapos ganun lang? Buti na lang at may kamag-anak ako sa lugar na 'to ng Maynila't nasalba ang aking pagtitiis.

Tinuro ni Jef ang beerhouse. Sumilip ako sa mababang bintana ng Jeep at natanaw ka'gad ang kumikinang na pangalan nito: Everlasting. Pumara kami. Bumaba. Pinagmasdan ko muli ang mga kumikislap na ilaw ng beerhouse na nag-uunahan paikot na may kulay pula, puti, dilaw at berde. Pangalan pa lang, ligaya na ang ipinapangako. Everlasting. Katumbas n'on 'yung tipong nakahiga ka na sa kama at nakahubad habang inuunan ng chix ang braso mo at katatapos n'yo lang mag-sex. Hahalikan mo siya sa noo pagkatapos hihithit ka ng sigarilyo. Everlasting.

Na-refresh ang katawan ko. Nawala ang hilo na galing sa isang case na beer at napalitan ng pananabik. Kung may hihigit pa sa adrenaline rush, 'yun na marahil ang naramdaman ko. Nagwawala na ang kabayong sinasakyan ko. Napapatayo, sumisipa, 'di mapakali.

"'Insan, handa ka na ba?"

"Game! Lets do this!"

Kumusta, kumusta, kumusta. Bati ng hita ng mga dancer pagpasok namin sa beerhouse. Sipa sa ere! Suot ang tinapyas na amerikana na ginawang two piece, iisa lang ang step na ginagawa ng mga babae sa stage. Wala nang kung ano-anong saliwang kilos ng mga kamay, ulo at katawan. Basta umaangat ang mga paa at nangangamusta ang kanilang holy hole, solb na ang mata ng mga manunuod na 'di magmaliw ang palakpakan. Kung may aabante man sa kanila, isa lang ang gagawin nito. Isang makalabog na split. Boog!

Sa bawat angat ng paa at split, siya namang abante ng bewang ko. Binatukan na 'ko ni Jef sa kabalastugan ko at hinatak sa tinurong mesa ni Waiter. Order ka'gad ng isang bucket. Napasipol ako sa mala-broadway production na palabas, sa saliw ng musikang jazz. Buka. Sipa. Kembot. Kindat. Split. Boog!

Pagkatapos ng huling buga ng trumpet, natapos din ang mga babaeng tinapyasan ng amerikana. Lumamlam ngayon ang liwanag sa loob ng beerhouse at pinatugtog ang solo saxophone version ng Careless Whisper. Lumabas sa mabulaklaking pintuan ng stage ang diwata ng Everlasting. Suot ang pakpak ng anghel, puting mabalahibong tali na nakapalibot at tanging tumatakip sa katawan niya (kung hindi mo papansinin ang pagligo

niya ng glitters), sinalubong siya ng mga naggigitgitang mga sipol. D'un sa puting tali ako nakatutok kasi 'yun 'yung costume na isang galaw mo lang eh wardrobe malfunction na! Maingat siyang naglakad papunta sa gitna ng stage para di ka'gad mag-climax ang mga tao.

Sa 'di inaasahang pagkakataon, sa dinami-dami ng Customer ng Everlasting, ewan ko ba kung bakit nakatitig sa'kin ang bida ng gabi. Alam mo yun? 'Yung kayong dalawa lang ang naroon? Sa gilid nga ng mata ko, isa-isa nang pumapaling ang mga ulo sa paligid dahil siguro sa pagtataka.

Bago pa maging kontrobersyal ang lahat, nag-umpisa na ang Diyosa sa banal niyang gawain sa pamamagitan ng pagpikit ng mata. Kagat-labi niyang hinanap ang tyempo ng umaawit na saxophone. Dahan-dahang nilagay ang bigat sa kanan, sa kaliwa. Gumagalaw na ang taling nakapalibot sa kanya. Umakyat ang mahinahong alon sa balikat niya na nagpasiso sa mga ito.

Dinilaan ng usok ang kanyang mga paa. Usok na nanggaling sa smoke machine na sa aking pagtingin ay mula sa hamog ng Eden. Ang spotlight naman ay tila nagmula sa langit. Tila sinisilip siya ng umiilaw na mata ng diyos gamit ang gintong teleskopyo. Sa mga simple at pigil niyang kilos, di ko inakalang

'yun na pala ang pinakamagandang sayaw na napagmasdan ko. Nabuhay ako para makita ang sayaw na iyon. Umuusli pa man din sa puting taling mabalahibo ang palakaibigan niyang mga utong.

**NGUNIT, SUBALIT PUTANG INA**. Sa pagsukob ng kadalisayan at kabanalan sa mundo, may isang demonyong sisira ng lahat. Hinarangan ng putang inang baklang naka-turtle neck ang pinapanuod ko! Lucifer daw ang pangalan niya kung di ako nagkakamali, nu'ng walang hiya siyang nagpapakilala.

Pero nu'ng inalok niya kami ng babae ay nakapagpigil akong batukan at itsahin siya. Hinatak siya ng aking pinsan at binulungan. Ako nama'y nagbalik sa pagtanaw sa mayuming kalikasan.

Tumatagal ang baso sa bibig ko. Kakaunti na nga ang naiinom kong beer. Marahil ay pilit kong tinutukoy kung ano ang alkohol, ang tubig at ang isa pang tubig na nagmula sa yelo nang hindi ko namamalayan. Ninanamnam ng dila ko ang beer at ang mata ko sa kanya.

Kasulukuyan siyang nakahiga sa stage nang nakatagilid at sinusuportahan ng kaliwang kamay ang ulo. Ginagaya ng kanyang katawan ang mga alon sa dagat na humahalik sa dalampasigan. Tuloy ang

pag-awit ng saxophone. At ako, tulad ng isang wild life photographer, matiyaga kong hinuhuli sa pagtingin ang paglitaw at pagtago ng palakaibigan niyang mga utong.

"Pinsan, kumusta? Ayos ba rito?"

Hindi ko maproseso ang isasagot ko. Naghahanap ako ng mga salita pero nag-aalinlangan kung matutumbasan ba n'un ang gusto kong sabihin. Ngumiti na lang ako at tumango na parang sabog na pari.

"Mas matutuwa ka sa sasabihin ko." Lagok siya ng beer.

"Ano yun?"

"Di ba nga kanina lumapit sa 'tin si bakla?"

"Oh, si Lucifer.."

"Lucy lang grabe ka naman 'insan."

"Ah, Lucy. Oh, handa na raw ba chix natin?"

"Oo, insan, kaso mejo matatagalan nang konti. 'Yung ka-table mo kasi busy pa."

"Busy saan?"

"Sa pagsayaw ngayon!"

"Yun?" Nginuso ko ang dyosa sa Eden.

Tumango ang aking insan at ngumiti na parang paring sabog.

"Di nga?"

"Wala kang bilib!"

Napatayo ako at umapir sa aking pinsan kaysa nga naman kagatin ko ang katawan ng aking hintuturo. Tumayo ang aking pinsan bitbit ang baso at nilapit sa'kin.

"Para sa isang gabing NAKARAOS ang aking pinsan!" Kinuha ko rin ang aking baso at nag-KAMPAY kami nang buong sigla.

***

"Hi!"

"Haaayyy… Hi!"

Kamayan.

"Tiffany po…"

"Allan…"

"Hi, Allan, kamusta ka?"

"Ok lang… Ikaw?

"I'm good.. Napanood mo ba ako kanina?"

"Ooh, Oo... ang galing mo..." Hindi ko na alam ang susunod kong sasabihin.

"Salamat…"

"Uy Insan pakilala mo naman ako…"

"Si Jef, pinsan ko…"

"Hi Jef!" Kamayan.

"Hindi ka nag-table?"

"Ah OK lang ako... Basta intindihin mo lang ang pinsan ko, masaya na ko."

"OK... Eh, Allan, ano pa lang trabaho mo?"

"Uhmm, sa ngayon wala eh… Pero dati callcenter agent ako…"

"Wow, e di magaling ka pala mag-English? Sample naman dyan!"

"Uhmm thank you for calling DTNT technical support my name is Allan... ganun"

"Wow, ang ganda naman ng accent mo namamasa na tuloy ang um um ko dahil sa'yo…"

Kumindat sa'kin ang aking pinsan. Ako nama'y nasa state of calamity and calmness na 'di ko mawari. Napagaan ni Tiffany ang aking puso at napabigat ang aking kalamnan. Samu't saring masasayang alaala ang nag-stampede sa utak ko. Pakiramdam ko, naroon

ako sa pintuan ng langit na unti-unting nagbubukas.

Ngunit tulad sa perpektong demokrasya at kapayapaan, muli't muli ang walang kapagurang demonyo ay darating nang walang pasabi.  Si Tae Kwong tulad ng napapanood nating Koreanobela ay sumulpot sa Everlasting.  Siya 'yung tayo-tayo ang buhok na kinulayan, naka-itim na jacket, may sinasagot pang tawag sa kanyang iPhone. Hinapyawan siya ng tingin ni Tiffany pero muling bumalik sa'kin para magkaideya siya kung sino pa ako.

"Ilang taon ka na?"

"25…"

"OK... So tambay ka lang talaga? Ganun lang wala kang ibang pinagkakaabalahan?"

"Hindi naman, tumutulong-tulong ako sa business ng parents ko…"

"Wow anong business ng parents mo?"

"Meron kaming Electronics shop sa Antipolo… Nag aayos lang ako nang konti, mga Electric fan, radyo, ganun… Medyo marunong ako mag-ayos…"

"Nice... parang may gusto akong ipaayos sayo, ah…"

"Ano 'yun?"

"Nag-aayos ka rin ba ng puso?" Tumawa siya na parang Geisha.

"Ang mahiwagang Mensahe!" Sabi ni Doraemon sa kawalan. Hinablot ko ang aking cellphone. May text ako galing kay Lourdes tinatanong kung nasaan na ako at kung galit pa ba ako. Iniisip ko kung magre-reply ba ako o hindi, mas maganda kasi na walang reply para mas maramdaman niya ang emptiness shit na gusto kong iparamdam sa kanya, pero gusto ko ring sabihin sa kanya na hindi ko na siya kailangan dahil meron na akong ka-table sa beerhouse.

"Allan…"

"Yes?"

"Sorry…"

"Bakit?"

"Dumating na kasi 'yung boypren ko 'yun, oh." Tinuro si Tae Kwong. "Te-table ako sa kanya…Baka kasi mag-amok na naman siya, eh. Para wala nang gulo, puntahan ko na, para di ka na madamay."

Naholdap ako sa Jeep. Gulat at blanko ang isip. Nakita ng holpdaper 'yung cellphone kong Mokia 32.A.D. Binatukan ako at binalik

sa akin ang aking cellphone at umiling-iling. Katulad niya si Tiffany. PUTANGINA cellcist. Makita lang na kasingluma ng Fort Santiago ay ignore. Wala kang karapatan na makisalamuha sa lipunan. Caste system kung sa Bumbay na salita.

Bumalik si Lucifer. Todo paliwanag, todo pasensya. Gusto nang umalis ng pinsan ko. Ako nama'y nag-iisip kung ano ang ire-reply kay Tiffany. Mabaling man lang ang nagbabadyang kamalasan na sunod-sunod kung dumating.

***

Pinilit kong kumalma. Kaya pinagala ko muna ang aking mata. Nakakahilo ang mga umiikot na laser lights. Makapal na rin ang usok ng sigarilyo sa kisame. 'Yung katabi naming table ay mga construction worker. Hula ko lang naman, malay ko ba kung presidente sila ng malaking kompanya! Basta namumuti ang pantalon nila dahil siguro sa semento. Nakasumbrero sila, 'yung may himulmol sa dulo, kulang lang talaga 'yung lapis sa tenga. Masaya silang nakaakbay sa kanya-kanyang ka-table. Si Tiffany naman ay halos maging sawa sa pagkakalingkis kay Tae Kwong.

Pagbalik ng bakla, kasama na niya ang dalawang bebot. Take two ang eksena namin.

Umupo sila, sa ngayon meron nang ka-table ang pinsan ko na libre na lang daw. Tumabi sa'kin si Angel, pakilala niya. Kahawig pa man din niya si Angel Locsin na nakipag-break kay Piolo at nakalimutang mag-diet ng isang buwan. Abot ng kamay. Nag-hello rin sa'kin ang pabango niya, nakakaubos 'ata siya ng isang bote ng pabango sa isang gamitan lang. Ganun nga siguro, kung maganda ka tulad ni Tiffany 'di ka na masyadong maglalagay ng pabango o magbabawas ng tela. Medyo wala na 'ko sa wisyo pero muli niyang sinabuyan ng gas ang pamatay na sanang apoy sa aking kalamnan.

Tinanong niya ako kung anong pangalan ko. Sagot ko, Jef. Pinakilala ko rin ang aking insan, sabi ko, siya si Allan. Nagkamay sila ni Angel. Kinamayan ko rin ang ka-table ni Insan na kamukha rin naman ni Angel Locsin. Pagkatapos ay bumaling ako kay Angel. Tinitigan ko siya, pakiramdam ko sa mga oras na 'yun, ako si Phil Younghusband. Syempre ang mga soccer player, gusto lagi ang maka-goal! Lalo na nung sinimulan ni Angel na padampi-dampiin ang kanyang paa sa binti ko. Heto na naman ang kuryente. Para siyang nagpapa-start ng sasakyan sa pagtaas-baba ng paa niya. Nag-init ka'gad ang makina ko! Ang galing niya magpakilala.

Hindi ako makagpasalita. Ninanamnam ko ang nangyayaring kamunduhan sa

aking binti. Patuloy ang pagkiskis ni Angel ng kanyang paa. Napapalunok ako nang walang beer sa lalamunan. Mas lumakas ang paghithit ko sa yosi. Tinignan ko ang aking pinsan, hindi rin sila nagkikibuan ng ka-table niya. Kiniskis din kaya si Insan ng ka-table niya? Gusto kong sumilip sa ilalim ng mesa, hindi ko lang maituloy. Mas nangingibabaw ang kagustuhan kong ibaling ang lahat ng aking atensyon sa nangyayari sa ilalim.

"Anyare?" Bigla kong natanong sa kawalan.

"Ha?" Tanong niya na parang inosenteng batang bibili sa tindahan ni Aling Baby. Naglabas pa ng dimples ang ngiti niya.

Ako naman 'tong nanlaki ang butas ng ilong sa pagpapatuloy ng kanyang masahe. Ayaw ko na siyang tanungin, kahit kausapin ba, baka tumigil siya.

"Ilang taon ka na?" 25 sagot ko. Tumango-tango siya. Patuloy sa pagkiskis.

"Anong trabaho mo?"

"Manager ako sa isang factory sa Antipolo."

"Aba, ang layo mo naman para mag beerhouse!" Napatigil ang kanyang paa.

"Sinamahan ko kasi 'yung nanay ko,

pumunta siya sa lamay ng isa naming kamag-anak."

"Oh, may patay ka pala bakit nag-iinom ka pa?"

"Ang lungkot kaya dun! Puro abogado ang nag-iinuman! Ayoko naman makinig sa mga kwento nila, payabangan lang, may butas daw ang batas dito, doon, ewan."

"Aba, e di mayaman ka pala! Mga tiyuhin mo abogado!"

"Malayo silang kamag-anak, ngayon ko nga lang sila nakita eh, parang second second cousin! Sinamahan ko lang talaga si Ermats, bahala na siya dun, ako naman ang bahala sa'yo dito"

"Weh? Di nga?" Tumawa kami.

Nagpatuloy pa ang pag-uusap namin ni Angel. Sa mga sandaling napapatigil kami, tsinitsek ko ang aking pinsan. Ang napansin ko, pareho silang tahimik ng ka-table niya. Mukhang malungkot si Jef, ewan ko ba sa kanya, kamukha naman ni Angel Locsin ang ka-table niya. Kaso siya yung Angel Locsin na nalugi sa pagtitinda ng matangbaka sa palengke. Tumayo ang aking insan at nagpaalam na magsi- CR. Sumunod ako.

Sa C.R habang umiihi.

"Anong nangyari sa'yo 'insan, bakit ang lungkot mo?"

"Ano ka ba 'insan, wag mo na akong intindihin, 'to naman oh"

"Di ba nga, ang sabi ni Lucifer, pwede naman magpalit kung hindi natin nagustuhan ang mga bago niyang pinapakilala?"

"Hindi, wala yun, basta ang mahalaga sa'kin sumaya ka ngayong gabi, papasok kita sa extension!"

"Ha? Ano yun?"

"Sa extension 'insan, kahit anong gusto mong gawin sa babae pwede, basta pag nandun na tayo, ikaw na bahala dumiskarte sa chix mo!" Naputol ang pag-ihi ko.

"Talaga? Ayos yan!! Kaso insa… Ikaw na bahala ah?!" Hanggang isang kaha lang ng sigarilyo ang maiaambag ko.

"Akong bahala sa'yo insan! Ang misyon mo ngayong gabi ay lumigaya!"

"Naku, 'insan, salamat!"

Bumalik kami sa table. Matapos mabalitaan ni Angel na papasok kami sa extension, di na siya mapakali. Tara na sabi niya, pero hindi ako makalarga dahil hinihintay ko ang Go signal ni 'insan. Mukhang nagdadalawang

isip pa si Jef kung sasama sila ng ka-table niya sa extension. Pamaktol na nga si Angel. Wala pa rin kasi ang ladies drink niya, doon pa niya 'yun maiinom sa extension. Kinakausap na ni Jef ang bakla. Nakikiramdam ako, mukhang hindi pa rin siya makapagdesisyon. Himas nang himas si Angel sa binti ko, gusto na raw niya uminom at ng konting privacy. Hindi ako makaporma, hindi ako makatayo. Hindi ako ang treasurer! Nilibang-libang ko muna si Angel habang naghihintay sa pinsan kong hindi nagmamadali.

"Ano bang itsura ng extension? Maganda ba dun?" Tanong ko. Tumingin siya paibaba at pinindot ang kanyang sintido.

"Oo mala-paraiso..." Pagkasabi'y nilapit ang mukha sa'kin. Kinagat ang labi at kumindat.

Lahat ng enerhiya sa kalawakan ay bumalot sa'kin.

"Tara 'insan!" Tumayo ako mula sa kawalan. Wala nang nagawa si 'insan. Tumayo kaming lahat. Nagtungo sa likod ng stage. Pumasok sa kwartong walang pintuan.

Sa loob ng extension, agad mong mapapansin ang nakapalibot na salamin kaya pwede mong makita ang nangyayari sa paligid. Naiilawan ito ng pula. Pakiramdam

ko nga e magdedebelop ako ng picture! Maliit lang ang extension, limang mesa lang ang kasya dito. May tao na rin sa loob, tatlong pares, kanya-kanyang hawak sa bote, leeg, legs. Meron ding literal na under the table.

Umupo kami ni Angel matapos iset-up ng waiter ang table namin. Nasa likod lang ang mesa ng pinsan ko. Dahil nga nakapalibot ang salamin, 'di ko na kailangan lumingon para makita si 'insan.

Binalik ko ang aking atensyon kay Angel. Pareho kaming tahimik. Hindi alam kung paano mag-uumpisa. Ano bang sasabihin ko? Sa lahat ba naman ng pagkakataon ngayon pa ako natotorpe. Pero dapat sulitin ang bayad sa extension. Walang sabi-sabi inakbayan ko si Angel. Patuloy lang ako sa pagtagay at pag hithit gamit ang kaliwa kong kamay, habang pasalat-salat naman ang kanan ko sa balikat niya na parang nagmamajong. Panalo! Limang beses sa isang araw 'ata mag-lotion itong si Angel. Kutis anghel talaga! Wala siyang reaksyon. Tinanong na lang niya kung may asawa ba ako, sabi ko wala. Lumapit nang bahagya sa'kin si Angel, napainom ako ng beer.

"Ano ba mga hobbies mo?" Gumana bigla ang bibig ko.

"Uhmm, mahilig akong magbasa..." Sagot niya nang buong pananabik.

"What a coincidence! Alam mo ba? Gusto ko maging writer?"

"Wow, e di matalino ka pala?"

"Hindi naman! Wala lang, natutuwa lang ako magsulat. Kaya nga isang malaking oportunidad para sa'kin ang pumunta sa mga lugar na tulad nito. Ok lang ba kung magtatanong ako tungkol sa trabaho mo?"

Napaatras si Angel at napainom ng ladies drink.

"Bago pa lang ako dito, mukha na ba akong madyura sayo?" Tumawa kami pareho, pilit. Napakambyo ako sa tinatakbo ng usapan.

"Hindi yun! Hindi mo ko ma-gets. Anyway, ano pala ang binabasa mo? 'Di ba mahilig kang magbasa?"

"Lahat ng libro ni Bibang, nabasa ko na. Tuwang-tuwa talaga ako 'pag binabasa ko ang mga libro niya. Gusto ko nga siyang makita! Siguro nakita mo na si Bibang... 'Di ba writer ka?"

At dito na nga nag-umpisa ang mahabang

kwento ko tungkol kay Bibang. Napapalitan lang ang pagkainip ko sa pinag-uusapan namin sa tuwing napapahawak siya sa hita ko. Nasabi ko sa kanya na sa una lang ako bumilib kay Bibang.

Natameme si Angel nang sinabi kong grupo si Bibang at hindi iisang tao lang. Nadismaya siya. Nasira ko 'ata ang pangarap niyang mapapirma ang mga binili niyang libro ni Bibang. Hindi ko naman sinasadya. Bilang pambawi napunta na kami sa ibang paksa tulad ng mga bago kong binabasa at usaping panlipunan.

Nasabi ko pa na nagkakataon pang nakikipagsabayan na ang ating mga kababaihan sa liberal na mundo. Mga taong-simbahan at mangilan-ngilang taong luma na lang ang naninindigan na ang tanging katanggap-tanggap na foreplay ay pagpapakasal.

Masasabi kong nagmukha akong matalino, rito ko naramdaman na nag-umpisang magbago si Angel. Mula sa kaswal na usapin, nag-open na siya ng mas personal. Sinimulan niya 'yun sa kasaysayan kung paano siya naging GRO. Nakipag-live in daw siya nang maaga. Ang akala niyang tunay na pag-ibig ay napunta sa masalimuot na pagtataksil. Napilitan daw siyang magtrabaho sa beerhouse para buhayin ang kanyang

anak. Marami siyang tanong kung tama ba ang mga naging desisyon niya sa buhay. Tumango-tango lang ako at nagpapayo ng kung ano-anong lohika na napupulot ko sa beer. Paniwalang-paniwala siya.

Nakuha ko ang kanyang respeto, sa palagay ko. Ang problema, nasobrahan yata. Parang nag-iba na ang pagtingin niya sa'kin. Naging mala-intelektwal ako sa kanya kahit di ko sinasadya. Hindi naman talaga ako intelektwal, simpleng bastos lang ako.

Naubos na nga ni Angel ang ladies drink sa kwentuhan namin. Dun 'ata ako nagkamali. Dapat pala nagpaka-low-profile lang ako. 'Yun tipong sinabi ko lang na isa akong normal na empleyado na may normal na buhay. Na tulad ng ibang normal na lalaki ay hindi mapirmi sa iisang butas. Isang normal na parokyano ng beerhouse. Na ang tanging gusto lang ay masira ang pagkakasunod-sunod ng malalamig na gabi. Pero huli na. Nadala ako ng masamang agos. O baka 'yun din ang gusto ni Angel? Para kahit papaano ay di ako makadagdag sa di makitang kalyo ng labi o balikat niya? Hindi ako sigurado. Ang sigurado ko lang ay ubos na ang ladies drink niya at aalis siya kung hindi ako oorder ng bago.

Nakalimutan ko na tuloy ang aking pinsan! Nung bumaling ako sa kanya. Tang

ina! Siya pala ang hindi nag-aaksaya ng pera! Lumalaban siya ng lovapalooza! Hindi na ata sila humihinga sa walang puknat na halikan. At kung saan-saan na ata nakaabot ang mga daliri nila sa isat - isa. Mula siguro sa tore ni Babel hanggang sa Great Divide malamang naabot nila! Hindi ko tuloy masabi na gusto pang umorder ni Angel ng isa pang round. Hindi ako makakuha ng tyempo. Naikompara ko na lang ang mga mesa namin habang minamasdan ko si Insan. Kung ang mesa ng pinsan ko ay parang mesa ng pimpong, umaatikabo, nagpapalitan ng gilas, maaksyon! Ang mesa namin ni Angel ay parang mesa sa government office, puro to-follow. Nakaka-depress. Kung anong taas ng pananabik ko kanina ay siya namang bagsak ng moral ko ngayon. Galit pa rin naman si Totoy bato. Hindi ko lang alam kung kanino siya galit.

Tumayo ako nang makitang naalala ng pinsan kong huminga. Lumapit ako at walang hiyang binanggit na mag-iisang round pa ng ladies drink si Angel. OK lang daw. Umorder lang daw ako. Nung tinignan ko ang bote ng beer ng ka-table niya, halos hindi pa ito nangangalahati. Nag- C.R. na lang ako kaysa manlumo. Kahit pala nalugi ang katable ni insan sa pagtitinda ng matambaka sa palengke mahusay pala siyang humawak ng isda. Ako pa ang may ganang magsabi na magpalit si insan kanina. Bwiset!

Pagbalik ko sa table namin ni Angel hindi na talaga ako nagsalita. Hindi na 'to katorpehan. Natauhan na ako sa pagiging lasing sa laman. Nagpanggap akong mag-isang umiinom. Napansin niya 'to syempre at nagtanong kung may problema daw ba ako. Sabi ko, naiinggit ako sa aking pinsan. Sabi ko pahalik nga. Hinawakan ko ang ulo niya at nilapit sa'kin. Lakasan na ng loob. Nilalabanan niya ang kamay ko. Agad akong kumawala. Sablay na naman! Huminga ako nang malalim. Pinilit wag umiling. Sa dami ng lugar, doon ko pa nalaman ang pakiramdam kung paano bagsakan ng langit at lupa. Para akong janitor na katatapos lang maglinis ng biglang may isang batang nagmintis sa pag-shoot ng basura sa basurahan. Para akong isang rapper na hindi natantya ang pagtakbo sa stage. Lumampas siya, sumabit ang paa sa kordon, bumagsak una ulo at nag-boo ang audience. Hindi ko na napigilang mag-monologue ang aking utak.

Tangina! Ano bang ginagawa ko? G.R.O na nga hindi pa ako makahalik? Gusto ko nang maniwala na isinumpa ako ng ex ko na hindi na muling makaka-score. OK lang ako. Babae lang 'yan. 'Pag nawala na ang init wala na rin akong pakialam sa kanila. Pero ano ba talaga ang problema? Hindi 'ata ako biniyayaan sa larangan ng pambobola. Minamalas? Sa lahat naman ng kamalasan

bakit sa babae pa? Puwede naman sa sugal. Mas katanggap-tanggap. Ano ba ang mali sa'kin? Hindi ako gwapo, hindi rin pangit. Siguro 'yun nga ang problema. Masyado akong indecisive. 'Yun nga ata. Tangina. Lasing na 'ko. Wala na akong pakialam sa'yo kahit kamukha mo pa si Angel Locsin!

Para akong bagong tule na sumasakit ang titi pagkagising dahil sa katigasan, na ang tanging solusyon ay malamig na kutsara. Lumambot na nun si Totoy bato. Nalapatan na ng kutsara.

Isang oras na ang lumipas sa pagbilang ko ng mga minuto. Kahit paunti-unti na ang pag-inom ni Angel sa ladies drink niya, hindi ko pa rin siya pinapansin. Nagpaalam siyang aalis at pagbalik niya meron daw siyang regalo para sa'kin. Sagot ko lang, OK.

Nakaubos uli ako ng dalawang yosi bago nakabalik si Angel. Ipapakita na raw niya ang regalo niya. Sabi ko, OK. Kinuha niya ang kamay ko at nilagay sa kanyang dibdib. Sinimulan ang pag-alon ng kanyang balikat. Binaba niya ang aking kamay papunta sa kanyang bewang. Gumigiling siya sa gilid ko. Umupo siya sa hita ko at ipinahid ang kanyang dibdib sa aking mukha. Umaalon ang kanyang katawan kasabay ng paghukay ng pwet niya sa gitna ng aking hita. Hinalikan

niya ‘ko nang walang sabi-sabi. Hindi gumalaw ang labi ko. Iniiwas ko ang aking ulo.

“Anong problema mo?” Tanong niya sa’kin. Hindi ako kumikibo.

“Di ba ito ang gusto mo?”

Kinuha ko ang kamay niya. Inalalayan ko siyang umupo sa tamang upuan.

“Hindi ko na alam kung ano ang gusto ko, eh.”

“Wag mo nga akong tinatarantado. Bakla ka ba?” Pinilit niyang maging mahinahon.

“Wala ‘to. Marami lang gumugulo sa isip ko.” Muling lumakas ang pagkanta ng lasing sa labas. Hanggang matapos ang kanta hindi kami nagsalita. Maya-maya pa. “Kahit di mo sinasabi. Alam kong matagal ka nang hindi nakakakantot.” Nagulat ako sa sinabi niya.

“Hindi, ah.”

“Alam ko talaga. Basta.” Di ba dinaig pa niya ang psychologist? Sana may isang subject ang psychologist na magiging GRO sila para humusay talaga sila.

“Bakit naaawa ka ba sa’kin?” Tanong ko.

"Hindi 'yun. Basta. Gusto kitang tulungan."

"Hay buhay, naaawa ang GRO sa'kin."

"Wag ka namang ganyan! Akin na number mo. Itetext kita mamaya pag-out ko. Bahala ka na kung saan at anong gagawin mo sa'kin. Ariin mo ang katawan ko. Walang bayad."

Hindi ko alam ang isasagot ko. Palay na ang lumapit sa manok, tutukain na lang. Hindi ako desidido. Baka pagod na 'kong mabigo, di kaya?

"Wag na lang." Pati ako nagulat sa sinabi ko. "Hangga't kaya ko pang magsarili, sa tingin ko, makakayan ko na 'to. Maniniwala na lang ako sa sinasabi nilang maghintay at siya'y darating. Kung mainip man ako, tsaka mo na ako alukin."

Hindi ka'gad sumagot si Angel. Napahiya 'ata sa pagtanggi ko.

"Hindi mo na ko makikita nun. Sa pagpasok ko sa trabahong ito gabi-gabi, nagkakaroon ako ng pagkakataong makita na ang pinapangarap kong Prince Charming. Matagal ko na siyang hinihintay. Siya 'yung tatanggap sa trabaho ko. Sa buong ako. Kung kaya niya akong tanggapin pati ang anak ko, ano pa bang hindi ko kayang ibigay?"

Para niya akong sinampal. Mas matindi pa ang pangangailangan niya kesa sa pangangailangan ko. Nablangko na ang utak ko. Hinanap ng kamay ko ang kamay niya. Pinisil ko ito. Maya-maya pa'y nagtagpo ang aming mga labi. Mula sa mabagal na pagbaybay hanggang sa halos magkagatan kami. Sumailalim sa'min ang basbas ng lugar. Dalawang malulungkot na kaluluwa sa loob ng Everlasting.

Binigyan ko siya ng number na nakuha ko kung saan. Humalik siya sa pisngi ko.

"Ititext kita." Sabay alis.

Alas singko na pala, napuno na ng upos at filter ang ash tray sa harap ko. Wala nang laman ang mga bote ng beer. Nagpasalamat ako sa alak at sa yosi, kasama ko sila sa oras ng kabiguan at tagumpay. Hindi nila 'ko kailanman iniwan. Sana hindi kayo magbago. Mga tunay kong kaibigan. Kasama sa ligaya at kalungkutan.

Inaya ko na ang pinsan kong umalis, baka namamaga na ang labi niya. Mahirap na. Lumabas kami ng extension. Natutulog na ang ilang customer, naglilinis na ang mga waiter. Mas maraming tela na rin ang bihis ng mga babae. Hinanap ko si Angel. Hindi ko siya nakita. Nakita ko lang si Tiffany. Lumabas kami ng pinto.

Habang naglalakad pauwi, tinanong ako ng pinsan ko kung OK ba ako? Kung mission accomplished. Malamang hindi niya nakita ang nangyari sa'kin dahil abala siya. Sinagot ko siya "Oo insan! Ulitin natin 'to!"

Inakbayan ako ni pinsan at nag-ayang kumain muna ng lugaw bago umuwi.

"Ang mahiwagang mensahe!"

Kinuha ko ang aking cellphone. Tinitigan ko ito ng ilang sandali at saka pinatay..

# TULA

# PARA SA ISANG BATANG MARTIR

*(Alay kay Mariannet Amper)*

*Prestoline Sistoza Suyat*

Nagimbal kami sa balitang
tinapos mo ang iyong murang buhay
sa pagbibigti dahil sa kahirapan.

Sabi mo, di mo na mabilang ang araw na lumiban sa klase
wala kayong makain
nanghihingi ng kaning-lamig sa kapitbahay
walang trabaho si Tatay
napipilitang maglabada si Nanay
tipikal na kwento ng pamilyang mahirap
kwentong ilang beses nang narinig
kwentong naisulat sa mga iskrip ng pelikula
pero hindi ng pagpapakamatay mo
na malinaw na dulot ng depresyon
ng hindi makayanan na pag-iisip
ng bata mong utak
ng pusong sugatan.

Gusto mo ng bisikleta
isang karaniwang hiling
ng tulad mong musmos
na may 12 tag-araw lamang na nagdaan.
Hindi na masisilayan ang ngiti mo kapag ito'y dumating
sa malamang na donasyon ng mga pilantropo
o gobyernong sasakay sa iyong kawawang kwento.

Tiyak na may darating na kinatawan
na mula sa mga ahensiya ng pamahalaan
upang makiramay, mangako ng tulong
mamigay ng konting pera bilang abuloy.
Ngunit huli na
upang sana'y makapagpatuloy ka, Mariannet, na maging biba
sa klase
makapaglaro sa halip na maglabada kasama ng iyong ina
mangarap nang mangarap habang lumalaban nang humihinga.

Malapit na ang Pasko, turan mo
isang masakit na okasyong parating sa isang dukhang tulad mo
na walang makain
walang bagong damit,
walang bisikleta
walang makukulay na parol at mga ilaw na kumukutitap
sa buhay ninyong kaysaklap.

Mariannet,
isa kang martir
pangonsensiya sa gobyernong korap

panggising sa mga tulog
isang malakas na hataw sa mga nagtutulug-tulugan.
Ngunit kailangan mo nga bang magsakripisyo ng buhay
sa altar ng kapabayaan at walang pakiramdam?
Kailangan nga bang ikaw pa ang maghatid ng mensahe
ng masakit na katotohanang
ayaw tanggapin ng gobyerno
ang napakaraming gutom at lubos na nangangailangan?

Isang kabalintunaan!
Isang kabaliwan!
Namatay ka sa panahong
hindi magkandatuto
ang mga kawatan
sa pag-aming sila ang namigay sa mga kapwa kawatan
ng milyon-milyong pera doon sa Malakanyang.

Napakawalanghiya nila!
Nakapanggigigil ng laman!

Bakit ikaw Mariannet pa ang namatay?
Bakit hindi sila?

O, Mariannet
O, Mariannet

Pag-uusapan ang iyong kwento
ang iyong buhay
ang iyong kamatayan.

Ngunit mas malamang mauulit
mauulit ang trahedya
’pagkat nandiyan pa ang mga magnanakaw
nanlilimahid sa luho’t katakawan
tumutulo ang mga laway sa muling paninibasib
nagpapatalas ng mga kuko upang muling mandukwang.

Mariannet, manahimik ka na sana
habang kami’y hindi makakapagpahinga
upang bigyan ka ng hustisya.

# Sa sandaling iniisip mo ako...

*Prestoline Sistoza Suyat*

Sa sandaling iniisip mo ako

ay pumapailanlang, pumapaimbulog ako

sa paghahanap ng mga sagot sa maraming katanungan

naglalayag ako sa maraming lugar

kung saan sila rin ay nagtatanong

ngunit sa maraming pagkakataon

kapit-bisig kaming gumagawa ng mga pagpapasya

kung bakit dahil dito'y maraming natutuliro

tulad nila'y trumpong umiikot sa aming mga kamay

marahil nga'y nagsimula na ngang mabuksan,

mabulabog ang mga bahay-pukyutan

ngunit tayo'y nagsisimula pa lamang

nag-iipon, nagpupundar

sa pagpapahulagpos ng marami pang pagpapasya

natatanaw na ang isang makapangyarihang daluyong

kung bakit tayong kanyang magulang

ay kanya ring magiging mga anak

ay panahon na lamang ang magluluwal.

Ngunit ano't anuman

sa sandaling iniisip mo ako

marahil

malamang

madalas

iniisip din kita.

# Batid ng Masa ang Kanyang Sining

*Prestoline Sistoza Suyat*

Batid ng masa
kung ano ang kanyang sining
at ang sining ay kanya.

Hamak mang ituring ang mga maralita
hindi nakapag-aral, pag-aari ay wala
sa sining at kultura ay hindi ito dukha
kahit kaluluwa itong kulong na nais na lumaya.

Ang sining ng masang anakpawis ay mapagpalaya:
salamin ng mithi ng bayang lagutin ang tanikala

matapat at nagtuturo sa kapwa niya dalita;
matapang at nanunumbat naman sa mga nakaririwasa.

Ang mapagpalayang sining ay lapat sa lupa
nakaugnay sa mahapding sikmura ng mga timawa.
Kasaysayan din itong naglimbag at nagtala
salamin ng ilang daang taong pagkapariwara.

Ang mapagpalayang sining ay gamot sa nakalilimot
panlanggas sa mga sugat ng hinampo at pagkapagod;
makapangyarihang sangkap nito'y katotohanang handog
pampagising sa inaagiw na utak ng ayaw nang makihamok.

'Pagkat ang maralitang binusog ang mata
sa obrang pinagkakapuri man ng akademya
nguni't hindi naggugol kahit mumunting puna
madaling malilimot, di kikintal sa gunita.

Hindi ba't dito rin nagpugay at kinilala ng masa,
mga tula ni Bonifacio, mga obra ni Juan Luna?
Hindi ba't nasapol nila ang hiwaga ng Florante't Laura
patagong birada ni Balagtas sa maling palakad ng Espanya?

Hindi ba't mga nobela ni Rizal ay hindi rin nagmintis,
'pagkat alam ng mga Juan kung sino si Kabesang Tales?
Ang mga Basilio, Crispin, Elias, Juli at Sisa
hindi ba't tulad ng masang inapi't inaba?

Ganito rin naman ang kanilang naging pagyakap
sa mga alagad ng sining na nagpunyagi't nagsikap
tumungo sa kanayunan, nakipamuhay sa kapwa hamak
bitbit ay hindi lamang pluma, kundi M-16 at bakpak.

Kinilala ang mga Emman Lacaba, Ruth Firmeza, Jason Montana
gayundin sina Kris Montañez, Jaime Kasanag at Wilfredo Gacosta;
silang hinasa sa karanasa't pakikibaka ng masa
pinagpunyagian ng bayan bilang mga makatang mandirigma.

Hindi rin naman malilimot ng milyong mga dukha
ang aliw at pagkamulat sa mga  maypusong pelikula;
metikolosong handog ito nila Bernal at Brocka
mabisang kritisismo sa pait ng inhustisya.

Ang kapangyarihan nito'y atin ding namalas
sa Pangulong sa baya'y nandambong at nagwaldas
sa sining na itinanghal sa entablado't lansangan,
nagbaba ng telon sa Maton sa Malakanyang.

Ganito't ganito rin ang laging ipinamumukha
ng galit na masang laging kinakawawa;
kanta, chanting, effigies ay mga sandata
pangkalampag sa mga ganid at iba pang sugapa.
Kaya't anupang dapat na asahan
ng lipunang lukob sa hirap at kasawian
kundi ang anakpawis na kumikilos, lumalaban
sining niyang angkin, gagamitin para sa kalayaan!

# Langit ang Rehas sa Amin

*Jomar Gonzales Adaya*

Doon
sa mga rehas na iyon,
kami'y naglalaro.
Langit iyon
sa lupa naming pangako.
Nakatindig ang rehas
sa solidong bato,
ngunit hindi kami bilanggo.
Malaya kaming nakapaglalaro
ng langit-lupa
at mataya-taya.
Ang kalawang ng rehas
ay hindi nagmamantsa,
sa mga damit naming ikinula.
Sampayan din iyon
ng mga pangarap namin,

noong panahong
naglalabada pa si ina.
Ang taas niyo'y pader ng gobyerno.
Ang haba niyo'y bakod ng kanilang espasyo.
Espasyo ng batas at katwiran,
nilang sandigan ng bayan.
Espasyo ng laro at sampayan,
naming itinuring
na iskuwater sa likuran.
Langit iyon sa lupa,
sa larong kami'y saling pusa.
Lupa iyon ng langit,
sa mundo namin sila'y manhid.

Doon,
ulap nami'y mga talahib,
bago pang mga gusali'y tumindig.
Mga tutubi kami
na malayang naghahabulan,
bago sinementuhan
ang talahiban.
Doon
sa mga rehas na iyon,
kami'y naglalaro.
Langit iyon
sa lupa naming pangako.

Noon iyon.

Wala na ang rehas,
pinalitan ng pader na sementado't
pagkataas-taas.
Hindi na ako naglalaro
ng langit lupa
at mataya-taya.
Hindi na rin nakapaglalabada
ang kaluluwa ni ina.
Hindi ko na masilayan ang langit doon.
Gunita na lamang
na sumisingit ang lahat ng noon.
Naglaho na ang sampayang pangarap,
ng mga tutubing
pinalitadahan ang pakpak.
Nilambungan na
ng dambuhalang pader,
ang langit naming iskuwater.

# Sinementong Tahanan

*Jomar Gonzales Adaya*

umatake ang mga makina
doon sa dagat
ng mga kalawanging yerong
silungan ng mga panis na pangarap:

walang palag ang sahig
sa pagkayod ng kamay ng backhoe:
may hinuhukay

walang imik ang pader
sa pagngasab ng pangil ng buldoser:
may ginigiba

walang reklamo ang lupa
sa paggulong ng solidong pison:
may pinapatag

at wala ngang nagawa:
ang hinukay, ang pinatag, ang giniba

hindi nagtagal
unti-unting sinakop
ng semento't graba
ang kanilang mga kaluluwa
walang sinanto ang gumigiling na makinang
pururot na tae'ng isinusuka
na ang pagtigas ay basehan ng pag-unlad

pinalapad nang pinalapad ang daan
ito kasi ang kahulugan ng kaunlaran

samantala:

nagbabadya ang salita
nilang minanhid ang katawan
upang maagawan ng puwang
sa lupang walang laya
masisimot ng salimuot
mga ngitngit at poot
ang gasolina ng mga makina
hanggang kalsada'y lumambot,
magusot, gigibain ang paglimot

pagkat doon
sa pusod ng mga binakurang espasyo
sa gitna ng lansangang kinongkreto
nakabaon ang ugat
ng kanilang pagkatao

ang pananahimik nila'y
pag-iingay ng dibdib
para sa mas malakas
na pagkalampag sa isip

at doon
sa sinementong tahanan
naghahanda ang pagtatayo
ng haliging pinalitadahan
ng mga daing
para sa kalayaan

# Kasalang Bayan

*MJ Rafal*

**Bride:** Ako, si Athena Curacha Pinagpala
na nguso'y parang sumabog na tiyan ng tilapia.
Ilong na tila napitpit ng galit na martilyo,
noong pwedeng lapagan ng sampung eroplano.
Mata ko'y walang ipinag-iba sa butiki,
kutis ko'y maihahambing sa balat ng paniki.
Mala-buhok-ng-mais nagsisitubo sa aking anit,
pisnging maumbok nga'y tighiyawat nagsisisingit.
Balakang ko'y singkitid ng madulas naming eskinita,
hitang singpayat ng nabulok na sanga ng papaya.
Tuhod na isinumpa sa libu-libong sensilyo.
Sakong ko'y nagbakbak sa alipunga at kalyo.

**Groom:** Ako naman, si Elvis Dimaano Dela Cruz,
paang mukha nang luya'y suki pa ng paltos.
Binti ko'y tinadtad ng buni, pigsa at galis,
hitang pinanay ng sugat, an-an at gurlis.
Walang pandesal itong tiyan kong nag-impis
na ayaw ko ma'y madalas lamanan ng panis.

Dibdib ko'y isang kanbas na pinagpraktisang tatuan
ng mga kaibigang namberwan sa sugalan at lasingan.
Mga kamay ko'y maiiksi nakomang pa ang kaliwa,
balat na singkulay ng manibalang na chesa.
Labi ko'y mala-rosas malas lamang ay makapal,
matang malalaki kilay ay masusukal.
Patusok, mga tainga ko't ilong tulad sa duwende.
Buhok ko'y pinagtripan ng barberong gamit ay lagari.

**Bride at Groom:** Kami, sa tapat ni Mayor Madlangnakaw,
pinagtitibay, pag-iisang dibdib naming nag-uumapaw;
sa atas ng aming damdaming ginulpi ng tukso
at kapalarang tampulan ng nagmamagandang mundo.
Kapos man sa kraytiryang tanggap ng lipunan,
marangal naming ibinabayubay, simple naming katauhan.
Na kahit ipinaglihi yata sa tiyanak at maligno
o sa kung anumang halimaw na likha ng kung sino
ay matapat kaming humihinga, walang layaw at bisyo,
walang konsiyensiyang binabangungot, nagdedeliryo,
kundi umibig lamang nang tapat at sinsero.
Kami, dalawa'ng itsura'y kinulang man sa rikit at luho
ay marunong namang kilalanin, tibok ng aming mga puso.

# Kasi Nga'y Kaparis Ng Apoy Ang Paniniwala Kong Matutupok Ang Lahat Nang Di Inaasahan

*MJ Rafal*

Ang tansong monumento ni Bonifacio sa bungad

ng Tutuban Center                              Mall

ay ang tiyak ding lugar

            kung saan dating nakatirik

ang kanilang bahay

bago ito                    sakupin ng Ferrocaril

at lapatan ng sala-salabat

na riles na bumutas

                      sa mga lansangan ng Maynila

at kalakhan ng          Luzon.

1891 nang pasimulan ang biyaheng Manila-Dagupan,

na lalong nagpasibong sa                    kasaysayan

ng Divisoria,

ng            Binondo,

ng                        Tondo.

…

Mahaba ang kasaysayang sinasakop ng lugar na ito,

ang Tu          tuba                    n,

na hinango              sa salitang

                  Tuba.

Mga ilang metro              matutunton

ang          tiyak ding lunan

      kung saan itinatag    ang Kataas-taasang

                                  Kagalang-galangang

                                              Katipunan

                              ng mga      Anak ng Bayan—

ang bahay sa 72 Calle Azcarraga.

…

Kasalukuyang nagbubunyi ang apoy sa gusaling Cluster,

at ako, bilang saksi lamang sa pagkakatupok ng bubong

at pangingitim                                        ng pinturadong

mga pader at haligi,

                    ay saksi at saksi lamang.

Higit isang araw ng pagbubunyi,

                                        saan nga ba nagsimula

ang titis? Sino

                    at paano?

…

May mga sabi-sabing sinadya ito.

…

Kumpetensiya ng nagyayabangang mga gusali

                  ng kalakal

na nagsulputan sa tadyang ng          Divisoria,

                                   ng          Binondo:

168

at 999,

Meisic Mall

at Lucky Chinatown,

mga higanteng kapital na kumitil

sa hininga

ng maliliit na puhunan ng maliliit

na paninda ng maliliit na tao

sa mga bangketa ng Recto at Ilaya,

ng Padre Rada

at San Nicolas.

Taktikang kapital na ipinakilala

ng SM

at Robinson,

at Trinoma,

at Gateway,

na taktikang kapital na ipinakilala

nilang salaula sa dignidad ng tao

at kasaysayan.

Mga higanteng kumpanyang
pumatay
sa Abenida Rizal
at Escolta,

sa Dewey Boulevard
at Luneta.

…

Bumaha ang mga miron,
nagsiritan ang mga tubig.
Umalagwa sa himapapwid ang sirena
ng nagmamadaling firetruck,
sumayaw ang apoy sa bawat palapag.
Nagsulputan ang mga alipato sa tuktok
ng naghihingalong bubong.
Sing-itim ng burak
ang nag-uling na kisame.
Nakababahala ang pagkabasag
ng mga jalousie na animo'y pagguhit ng kulog
sa langit na nabaog sa ulan.

Impyerno

sa aking mga mata

ang pagdila ng apoy

sa lahat-lahat nitong maabot.

…

Naikuwento ni Nanay,

dati na rin kaming nasunugan.

Sa Parola compound

sila noon naninirahan ni Tatay:

bagong mag-asawa

na agad dinahas ng bangis

ng mapanlansi, higanteng apoy

na tumupok sa mga pangarap at pag-asa.

Nasa sinapupunan kita

nang mangyari 'yon, 'ika ni Nanay.

Naalaala niyang hawak niya

ang bilugang tiyan, kumakaripas
bitbit ang lakas at panalangin
samantalang sumusukal sa langit
ang itim na itim na usok ng pagkatupok
ng lugar na iyong nagsala-salabat ang poot
at danas, lunan ng mga kabilang
sa laylayan ng lungsod.

Naiwan niya ang kaniyang sinelas
sa pagmamadaling iligtas
ang sarili.

Isang nakatatakot na karanasan
sa isang nagsisimulang pamilyang
sumusubok sumandig
sa pangako ng lungsod.

…

Sa apoy sumibol
ang utak ng tao.

…

Kung may kaluluwa lamang

ang apoy,

marinig niya                                        nawa

ang lungkot     sa aking dibdib—

ang naglalahong kasaysayang

                                                lumulukot

sa aking pananalig,

sa aking kabataan,

sa paligid ng Tutuban.

# Hey Jude! At Ang Pamamaalam Sa Kalye Camba O Hello, Pag-iisa!

*MJ Rafal*

May mga pangarap na dapat hanapin sa kabila;
hindi dito, hindi saanman dito. Namamaalam
tayo sa pinakamatingkad na karanasan.

Kung lilimiin, ang araw-araw ay nakaraan:
hindi na ito ang tula ko kanina lamang
habang nalulusaw ang segundo ng gabi.

Kung makikita mo ang sarili sa repleksyon ng ulap,
maalaala mo kaya ang laksang mga dahilan kung bakit
nagiging magaan ang ating mga madaling-araw?

Sa liblib na bituka ng kinalakhang lunan,
nakilala natin ang mga sarili. Pinapatay natin
ang mga multo ng pagod at hirap o maging ang lungkot

na sinasahugan natin ng pinakamabisang pambura:
halakhak, ngiti, tuwa.

Iyan na marahil ang hiling na dapat matupad.

Iyan ba ang pangako ng pagtakas dito sa salimuot
ng mundo nating walang bakas ng pag-unlad
maliban sa paglayo?

Makupad nga ba ang lahat sa mga katulad natin?

Ngunit bakit kailangang magmadali? Pagbabakasakali?
Nasaan, kung gayon, ang sariling ikinipit sa galak? Bahala na?

Hindi natin marahil masasagot.

Ikaw at ikaw lamang ang may tangan
ng di ko marahil mauunawa. Baunin mo
ang pinakamatingkad na alaala—

walang sinasanto ang pag-iisa.

*kay Judoy*

# TUNGKOL SA MGA MANUNULAT

Si **Jesus Emmanuel Villafuerte** ay staff sa Center for Creative Writing ng PUP. Siya ay dalawampu't dalawang taong gulang.

Si **Eman Nolasco** ay part time college instructor, social science subject ang tinuturo niya sa PUP Maragondon at PUP Sta. Mesa.

Si **Alvin Mancilla** ay naging Editor in Chief ng The Catalyst sa PUP taong 2003. Nagtatrabaho ngayon sa Philippine Daily Inquirer pero hindi bilang writer.

Si **MJ Rafal** ay nagtapos sa PUP Sta. Mesa. Kasapi ng KM64 Poetry Collective. Tumutula-tula.

Si **Jomar Adaya** ay nagkaisip sa looban na nasa likod ng mga bakod ng Sandiganbayan sa Brgy. Batasan Hills. Nagtapos ng AB Filipinology at MA in Filipino sa PUP. Nagtuturo ng wika at panitikan sa nabanggit na pamantasan.

Si **Prestoline Sistoza Suyat** ay Graduate ng AB Political Science sa UE, tinatapos naman niya ang kanyang Master in Communication sa PUP. Kasalukuyan siyang nagtuturo sa mga nagsisikap at masisipag na estudyante ng PUP-Open University.

Si **Renato C. Vibiesca** ay lumaki sa Tundo na walang pangarap na maging manunulat o maging guro. Nakalimutan na kung ilang kwento ang nakatha at ilang aklat pambata ang nailathala na nagkamit ng mga parangal sa Palanca at CMMA. Kasalukuyang guro sa PUP. Dalawang dekada niyang binuno ang pagtatapos ng kurso sa kolehiyo; isa na siyang Duktor ngayon.

Si **Jayson Fajardo** ay miyembro ng Pinoy Reads Pinoy Books (PRPB). Kasalukuyang Editorial Assistant sa Abiva Publishing House, Inc. Nagtapos ng AB Filipinolohiya sa PUP Sta. Mesa.

Si **Angelo Ternate** ay graduate ng clinical psychology sa PUP. Kasalukuyang Freelance Behavioral Therapist.

Si **Jhonley Cubacub** ay nagtapos ng (ABF) Bachelor of Arts in Filipinology sa PUP noong 2012. Kasalukuyang tinatapos ang kanyang (MAF) Master of Arts in Filipino sa nasabing pamantasan. Part-time Filipino Instructor sa EARIST, Manila.

Si **R-Jay Ambo** ay nagtapos ng Entrepreneurial Management sa PUP. Kasalukuyang kumukuha ng MA FIL: Malikhaing Pagsulat sa University of the Philippines - Diliman.

# TUNGKOL SA EDITOR

Si **Merdeka C. Morales** ay nagtapos ng BS Sociology at MA Filipino sa PUP kung saan siya ngayon nagtuturo ng Sociology, Filipino at Panitikan. Siya rin ang kasalukuyang Chief ng Center for Creative Writing sa nasabing pamantasan.